2

# BASA PILIPINAS GABAY SA PAGTUTURO NG FILIPINO

## IKALAWANG BAITANG

## YUNIT 4

**DISYEMBRE 2014**

Ang materyal sa pagtuturo na ito ay nabuo sa tulong ng Mamamayang Amerikano sa pamamagitan ng United States Agency for International Development (USAID). Ang mga nilalaman ng materyal na ito ay nasa sariling pananagutan ng may-akda nito at hindi sumasalamin sa mga pananaw ng USAID o ng Pamahalaan ng Estados Unidos.

**Ikalawang Baitang – Yunit 4**

**Gabay sa Pagtuturo ng Filipino**

**Unang Edisyon, 2014**

Inilathala ng U.S. Agency for International Development (USAID)

Binuo ng USAID/Basa Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon

**Technical Director:** **Dr. Nancy Clark-Chiarelli**

**Manunulat:** **Dr. Felicitas Pado**

**Mga Tagasuri:** **Angelika Jabines, Education Program Specialist**
**DepEd – Bureau of Elementary Education**

**Dr. Corazon Santos (nilalaman)**

**Genaro Gojo Cruz (wika)**

**Mga nag-layout:** **Paulo Padre at Harry James Creo**

**Tagaguhit:** **Paulo Padre**

Ang karapatang-sipi ng mga akda o materyales gaya ng kuwento, awit, tula, mga larawan, tatak, trademark, at iba pa, na ginamit sa materyal na ito ay taglay ng kani-kanilang mga may-ari. Upang magamit ang mga akdang ito, pinagsikapang mahanap at humingi ng pahintulot mula sa mga may karapatang-ari. Hindi inaangkin ng tagapaglathala at may-akda ang karapatang-ari ng anuman sa mga akdang ito.

Ang mga piling kuwento mula sa Adarna House, Anvil Publishing, at Lampara Publishing ay ginamit nang may pahintulot sa mga tagapaglathala nito.

Walang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ipadala sa anumang paraan, electronic o mekanikal, kabilang ang photocopy, o anumang sistema ng impormasyon nang walang pahintulot sa tagapaglathala.

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

**LIBRENG KOPYA. HINDI IPINAGBIBILI.**

**Inilimbag sa Pilipinas**

**Basa Pilipinas Program**
Office Address: 3/F L. Orosa Building, 1010 Meralco Avenue, Pasig City
Telephone: +63 (02) 631-1970; 631-1871
E-mail Address: basatgteam@gmail.com

# TALAAN NG NILALAMAN

**ARALIN 31** . . . . . 1
Lingguhang Gabay . . . . . 2
Mga Aralin . . . . . 6
**ARALIN 32** . . . . . 17
Lingguhang Gabay . . . . . 18
Mga Aralin . . . . . 22
**ARALIN 33** . . . . . 37
Lingguhang Gabay . . . . . 38
Mga Aralin . . . . . 42
**ARALIN 34** . . . . . 53
Lingguhang Gabay . . . . . 54
Mga Aralin . . . . . 58
**ARALIN 35** . . . . . 71
Lingguhang Gabay . . . . . 72
Mga Aralin . . . . . 76
**ARALIN 36** . . . . . 89
Lingguhang Gabay . . . . . 90
Mga Aralin . . . . . 94
**ARALIN 37** . . . . . 105
Lingguhang Gabay . . . . . 106
Mga Aralin . . . . . 110
**ARALIN 38** . . . . . 121
Lingguhang Gabay . . . . . 122
Mga Aralin . . . . . 126
**ARALIN 39** . . . . . 141
Lingguhang Gabay . . . . . 142
Mga Aralin . . . . . 146

ARALIN

# 31

## GABAY SA PAGTUTURO


# IKALAWANG BAITANG FILIPINO


**TEMA: PAGGALANG AT PAGIGING MABAIT SA KAPUWA**

**KUWENTO: *BRU-HA-HA-HA-HA-HA BRU-HI-HI-HI-HI***

**LEVELED READER: "ANG PAGONG AT ANG KUNEHO"**



## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG FILIPINO YUNIT 4, ARALIN 31

**Tema: Paggalang at Pagiging Mabait sa Kapuwa**
**Kuwento:** ***Bru-ha-ha-ha-ha-ha Bru-hi-hi-hi-hi-hi***
*(Kuwento ni Ma. Corazon Remigio at Guhit ni Roland Mechael Ilagan)*
**Leveled Reader: "Ang Pagong at ang Kuneho"**
*(Kuwento ng Education Development Center (EDC) at Guhit ni Rea Diwata Mendoza)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | **PS** | Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na:<br>• Nakasasali sa isang usapan tungkol sa paggalang at pagiging mabait sa kapuwa | • Pagbibigay-ulat tungkol sa ginawang kabutihan sa kapatid, kaklase o kalaro |
| | **PS; KP** | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa pagtulong sa kapatid, kaklase, at sa matatanda<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa paggalang sa kapuwa |
| 1 | **PT** | • **F2PT-IIa-j-1.6**<br>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita | • Kuwento: *Bru-ha-ha-ha-ha-ha Bru-hi-hi-hi-hi-hi*<br>• Paghawan ng balakid<br>• Pagganyak at pangganyak na tanong |
| | **PN** | • **F2PN-IIb-2**<br>Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto | • Pagtalakay ng kuwento |

**DOMAINS: PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita at paghihikayat sa mga mag-aaral na pag-usapan ang ginawang kabutihan sa kapatid, kaklase o kalaro | • Pag-uusap tungkol sa ginawang kabutihan sa kapatid, kaklase o kalaro |
| • Paghihikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghahawan ng balakid: komedyante, bungisngis, humahagalpak ng tawa, postiso<br>• Pagbibigay ng pagganyak at pangganyak na tanong | • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita<br>• Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong |
| • Pagbabasa ng kuwento at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito | • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | PN | • **F2PN-IIa-I.3**<br>Nakasasali sa pangkatang gawain at nakasusunod sa napakinggang panuto upang maisagawa ang hinihinging gawain | • Pangkatang gawain<br>(Kapag multigrade ang tinuturuan, maaaring hatiin ang pangkatang gawain sa Baitang 1 at 2) |
| | TA | • **F2TA-Oa-j-I**<br>Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento | • Pagtalakay sa kuwento |
| | PN | • **F2PN-IVa-7**<br>Naibibigay ang paksa o kaisipan ng napakinggang kuwento tungkol sa isang tunay na pangyayari | • Pagbigay ng paksa o kaisipan ng kuwento |
| 3 | KM | • **F2KM-IVa**<br>Naibibigay ang iba't ibang bahagi ng liham na humihingi ng paumanhin | • Mga Bahagi ng Liham |
| | | • **F2KM-IVa-2.4**<br>Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ng liham na ididikta ng guro | • Maayos na pagsulat ng liham - paggamit ng wastong baybay at bantas sa isang liham |
| 4 | WG | • **F2WG-IVa-c.1**<br>Nagagamit ang magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon gaya ng pagtatanong ng lokasyon ng lugar | • Paggamit ng magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar |
| | PS | • **F2PS-IVa-8.5**<br>Nakapagbibigay ng maikling panuto ng may 2-3 hakbang gamit ang pangunahing direksiyon | • Pagbibigay ng maikling panuto na may 2-3 hakbang gamit ang pangunahing direksiyon |
| 5 | WG | • Nakagagamit ng tamang antas ng pang-uri (paggamit ng *mas*) sa mga pangungusap ng paghahambing | • Paggamit ng *mas* para sa antas ng pang-uri na paghahambing |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagbibigay ng mga gawain sa bawat pangkat at paggabay sa paggawa ng mga ito | • Pagsali sa pangkatang gawain |
| • Pagtalakay sa kuwento at paghikayat sa mga mag-aaral na ipakita ang ginawa ng kanilang pangkat | • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at pagpakita ng ginawa ng pangkat |
| • Pagtalakay sa paksa o kaisipan ng kuwento | • Pagbigay ng paksa o kaisipan ng kuwento |
| • Pagtalakay ng iba't ibang bahagi ng liham, wastong baybay ng mga salita at paggamit ng wastong bantas | • Pagbigay ng iba't ibang bahagi ng liham, pagbaybay nang wasto ng mga salita at paggamit ng wastong bantas |
| • Pagpapakopya ng liham paumanhin | • Pagkopya ng liham na may wastong baybay at gamit ng bantas |
| • Ipababasa ang dula-dulaan tungkol sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar | • Pagsali sa dula-dulaan tungkol sa pagtatanong ng direksiyon |
| • Pagbibigay ng panuto sa pagbibigay ng direksiyon | • Pagbibigay ng maikling panuto sa pagbibigay ng direksiyon |
| • Ipaliliwanag ang wastong gamit ng *mas* sa mga pangungusap ng paghahambing. Magbibigay ng mga halimbawa<br>• Magbibigay ng mga pagsasanay para magamit ng mga mag-aaral ang *mas* sa mga pangungusap ng paghahambing | • Pagbigay ng wastong gamit ng *mas* sa mga pangungusap ng paghahambing<br>• Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa wastong gamit ng *mas* |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;<br>**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

ARAW

ARAW-ARAW

1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA NAPAG-ARALANG TULA

2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

3 PAGBIGAY-ULAT: PAGIGING MABAIT SA KAPATID/KAKLASE/KALARO

ARAW

1

LAYUNIN

(1) **F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita

(2) **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto

1 PAGHAWAN NG BALAKID

*komedyante, napabungisngis, humahagalpak ng tawa*

*Dinala ako ni Tiyo Manuel sa plasa para manood ng palatuntunan. Napanood ko ang isang 'komedyante' na ang galing magpatawa. Nakasuot siya ng makulay na pantalon na mahaba ang isang bahagi at maiksi ang kabila. 'Napabungisngis' ako ng tawa nang makita ko ang nakatatawa niyang mukha. Nang sumayaw siya, 'humagalpak ng tawa' ang lahat ng nanonood. Ang lakas ng tawa ng lahat.*

a. Ang *komedyante* ay taong __________.

(1) palaging seryoso
(2) magaling magpatawa
(3) napakahusay magkuwento

b. Kapag *napabungingis* ang isang tao, siya ay __________.

(1) natawa
(2) naiyak
(3) nagalit

c. Kapag ang isang tao ay *humahagalpak* ng tawa,
siya ay __________.

(1) napapangiti
(2) tahimik na tumatawa
(3) tumatawa nang malakas

*Sabay-sabay nga tayong humagalpak ng tawa.*

d. d. *postiso* (magpakita ng larawan o guhit ng postiso)
Tingnan ang larawan ng *postiso*. Kailan gumagamit ng postiso ang isang tao?

e. e. *bruha*
Tingnan ang larawang ito. Pansinin ang kaniyang mukha. Pansinin ang mga kuko sa kaniyang mga daliri. Ang tawag sa kanya ng ibang tao ay bruha. Bakit kaya siya tinatawag na bruha?

*Basahin natin ang mga natutuhang bagong salita.*
*Pumili ng isang salita at gamitin ito sa pangungusap.*

## 2 PAGGANYAK

*Paano mo ilalarawan ang isang bruha?*

## 3 PANGGANYAK NA TANONG

*Sa babasahin kong kuwento, paano inilarawan ng bata ang isang bruha?*

## 4 PAGBASA NG GURO NG KUWENTO

*Tingnan ang pabalat ng babasahin kong kuwento.*

*Sino ang makababasa ng pamagat?*

*Basahin ang pangalan ng may-akda ng kuwento.*

*Basahin din ang pangalan ng tagaguhit ng mga larawan sa kuwento.*

*Ano ang nakikita ninyo sa larawan? Bakit kaya ganiyan ang mukha ng bata?*

**Mga Tanong Habang Binabasa ang Kuwento**
**(Hihinto bago buksan sa susunod na pahina at itanong ang sumusunod na mga tanong.)**

a. Sino ang tinatawag ng bata na bruha?

b. Bakit tinatawag ng bata na bruha si Mrs. Magalit?

c. Gayahin nga ninyo ang tawa ni Mrs. Magalit.

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

Maaaring alam na alam na ng mga mag-aaral ang kasanayang ito tungkol sa book and print knowledge. Bahagi na ng kanilang talasalitaan ang mga salitang pabalat, pamagat, may-akda at tagaguhit.

**TALAAN**

d. Ano ang nangyari nang nadapa si Mrs. Magalit?

e. Anong ginawa ng mga salbahe nang nadapa si Mrs. Magalit?

f. Ano ang naramdaman ng bata nang pagtawanan si Mrs. Magalit?

g. Bakit ayaw ni Mrs. Magalit na pumasok sa bahay?

h. Bakit kaliwa ang ginamit niya sa pagkain?

i. Bakit kaya hindi na bruha ang tawag ng bata kay Mrs. Magalit sa katapusan ng kuwento?

## ARAW 2

### LAYUNIN

(1) **F2PN-IIa-I.3** Nakasasali sa pangkatang gawain at nakasusunod sa napakinggang panuto upang maisagawa ang hinihinging gawain
(2) **F2TA-Oa-j-1** Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
(3) **F2PN-IVa-7** Naibibigay ang paksa o kaisipan ng napakinggang kuwento tungkol sa isang tunay na pangyayari

## I PANGKATANG GAWAIN

**PAALALA SA GURO**

Maaaring ipaliwanag muna sa buong klase ang lahat na pangkatang gawain bago sabihin kung aling pangkat ang gagawa ng bawat pangkatang gawain.

Hahatiin ko kayo sa limang pangkat. May ibibigay akong gawain sa bawat pangkat:

**a. Unang Pangkatang Gawain: Si Mrs. Magalit**
*Ilarawan si Mrs. Magalit. Punan ang mga patlang sa pangungusap:*

**Si Mrs. Magalit**
Ang buhok niya ay __________.
Ang ilong niya ay ___________.
Ang ngipin niya ay __________.
Ang tawa niya ay ___________.

**b. Pangalawang Pangkatang Gawain: Bakit Bruha si Mrs. Magalit?**
*Bakit bruha ang tawag ng bata kay Mrs. Magalit? Punan ang mga patlang.*

Bruha ang tawag ko kay Mrs Magalit dahil takot siya sa __________ at ang gamit niyang pansubo ng pagkain ay ___________.

**c. Pangatlong Pangkatang Gawain: Igalang ang Matatanda**
**Isadula:** *Kunwari nakita ninyo si Mrs. Magalit na nadapa. Pinagtatawanan siya ng mga salbaheng bata. Ano ang sasabihin mo sa mga salbaheng bata?*

**d. Pang-apat na Pangkatang Gawain: Mali Ako**
*May mga maling akala ang bata tungkol kay Mrs. Magalit. Pag-usapan ang mga ito ng inyong pangkat. Punan ang patlang ng mga sagot ninyo.*

| |
|---|
| Hindi pala siya pumapasok sa malinis na bahay dahil __________.<br>Kaliwa pala ang gamit niya sa pagkain dahil ___________. |

**e. Panlimang Pangkatang Gawain: Gusto Kong Ipaabot sa Inyo Na . . .**
*Ano kaya ang kaisipan na nais ipaabot sa atin ng may-akda ng kuwento? Maaaring punan ang mga patlang:* Gustong ipaabot ng may-akda na
(1) ____________________.
(2) ____________________.
(3) ____________________.

**Ang unang pangkatang gawain ay gagawin ng pangkat __________.**
**Ang pangalawang pangkatang gawain ay gagawin ng pangkat __________.**

## 2 PAGTALAKAY SA KUWENTO

a. Paano inilarawan ng bata si Mrs. Magalit sa umpisa ng kuwento? **Pangkat 1**, basahin ang inyong ginawa.

b. Gayahin nga ninyo ang humahagalpak niyang tawa. Gayahin din ang bungisngis niyang tawa.

c. Kapag nakita ninyo siya, ano ang mararamdaman ninyo?

d. Bakit bruha ang tawag niya kay Mrs. Magalit? **Pangkat 2**, basahin ang inyong ginawa.

e. Anong nangyari kay Mrs. Magalit isang araw?

f. Anong nangyari nang nadapa siya?

g. Anong ginawa ng mga salbahe nang nadapa si Mrs. Magalit?

h. Tama ba ang ginawa ng mga salbahe?

i. Anong sinabi ng bata sa mga salbahe? **Pangkat 3**, isadula ang sinabi ng bata at ang sagot ng mga salbahe.

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

Ibigay ang pangkatang gawain na sa palagay ng guro ay angkop sa kakayahan ng mga miyembro ng pangkat.

TALAAN

j. Kung kayo ang bata sa kuwento, ano ang sasabihin ninyo sa mga salbahe?

k. Bakit ayaw pumasok ni Mrs. Magalit sa bahay ng bata?

l. Bakit kaliwa ang ginamit niya sa pagkain?

m. Tama ba ang hinala ng bata na bruha si Mrs. Magalit? **Pangkat 4**, basahin ang inyong ginawa.

n. Takot pa ba ang bata kay Mrs. Magalit sa katapusan ng kuwento?

o. Bruha pa ba ang tawag niya kay Mrs. Magalit?

p. Kung kayo ang bata sa kuwento, matatakot ba kayo kay Mrs. Magalit? Bruha ba ang itatawag ninyo sa kanya?

q. Ano kaya ang gustong ipaabot sa atin ng may-akda sa pamamagitan ng kuwentong ito? **Pangkat 5**, basahin ang inyong nagawa.

ARAW **3**

**LAYUNIN**

**(1) F2KM-IVa** Naibibigay ang iba't ibang bahagi ng liham na humihingi ng paumanhin
**(2) F2KM-IVa-2.4** Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ng liham na ididikta ng guro

*Kunwari Lorina ang pangalan ng bata sa kuwento. Gusto niyang sulatan si Mrs. Magalit para humingi ng paumanhin. Pakinggan ninyo habang binabasa ko ang ang ginawa niyang sulat:*

326 Maginhawa St.
Balamban, Cebu
Ika-26 ng Setyembre, 2014

Mahal Kong Lola Magalit,

Humihingi po ako ng paumanhin dahil tinawag ko kayong bruha.

Akala ko po kasi hindi kayo pumapasok sa bahay namin dahil takot kayo sa malinis na bahay. Akala ko rin po bruha kayo dahil kaliwang kamay ang ginagamit ninyong pansubo kapag kumakain.

Sana po patawarin ninyo ako. At sana po ay payagan ninyo akong tawagin kayong lola.

Lubos na gumagalang,
Lorina

# I PAGTALAKAY

*Pansinin natin ang nilalaman ng liham.*
a. Ano ang sinasabi ni Lorina sa kaniyang liham?
b. Bakit siya humihingi ng paumanhin?
c. Ano kaya ang mararamdaman ni Mrs. Magalit kapag nabasa niya ang liham?

*Pansinin naman natin ang pagkasulat ng liham.*

*Ano ang tawag sa* 326 Maginhawa St. Balamban, Cebu*?*
*Tama! Nagsasaad ito ng aking tirahan.*

*Ano naman ang tawag sa* Ika-26 ng Setyembre, 2014*?*
*Tama, ito ang* ***petsa*** *nang gawin ko ang liham. Ang tawag sa bahaging ito ng liham na nagsasaad ng tirahan ng sumulat at petsa ay* pamuhatan.

*Paano ang pagkasulat ng pangalan ng tirahan at petsa?*
*Tama, ang mga ito ay nag-uumpisa sa malaking letra.*

*Basahin ang sumunod na mga bahagi ng liham.*
*Ang* Mahal Kong Mrs. Magalit *ay nagsasabi ng pangalan ng sinulatan. Ang tawag dito ay* bating panimula. *Paano isinulat ang* bating panimula*?*
*Tama, nag-uumpisa ang bawat salita sa malaking titik at may kuwit sa katapusan.*

*Basahin ang nilalaman ng liham.*
*Ang tawag dito ay* katawan ng liham. *Dito nakasulat ang mensahe na nais iparating ng sumulat.*

*Paano isinulat ang unang pangungusap sa katawan ng liham?*
*Tama! Nakapasok o naka-indent ito.*

*Paano isinulat ang katawan ng liham?*
*Tama! May margin sa kaliwa at sa kanan.*

*Basahin ang sumunod na nakasulat. Ang* Lubos na gumagalang ay bating pangwakas. *Paano isinulat ang* Lubos na gumagalang*?*
*Tama! Nakapasok ito at kalinya ng pagsulat ng pangalan ng tirahan at petsa.*

*Nag-uumpisa ba sa malaking titik ang lahat ng salita sa Lubos na gumagalang?*

*Ano ang huling isinulat sa liham?*
*Tama! Isinulat ang pangalang Lorina. Ang tawag dito ay* lagda.

**TALAAN**

TALAAN

## 2 GINABAYANG PAGSASANAY

*Buksan ang inyong Kagamitan ng Mag-aaral, p. 402. Basahin ang buong liham. Ngayon naman, basahin ang:*

- pamuhatan
- bating panimula
- katawan ng liham
- bating pangwakas
- lagda

*Sagutin ang mga tanong sa Sagutin Natin, p. 403.*

## 3 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Kopyahin ang liham ni Lorina kay Mrs. Magalit sa inyong kuwaderno. Pagkatapos kopyahin, tanungin ang sarili ng sumusunod:*

a. Wasto ba ang baybay ko ng mga salita?
b. Wasto ba ang mga ginamit kong mga bantas?
c. May margin ba sa kaliwa at kanang bahagi ng katawan ng liham?
d. Naka-*indent* ba ang unang pangungusap ng katawan ng liham?

ARAW 4

LAYUNIN

(1) **F2WG-IVa-c.1** Nagagamit ang magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon gaya ng pagtatanong ng lokasyon ng lugar
(2) **F2PS-IVa-8.5** Nakapagbibigay ng maikling panuto ng may 2-3 hakbang gamit ang pangunahing direksiyon

## 1 PAGLALAHAD

*Ihahatid ng bata si Mrs. Magalit sa bahay nito. Hindi alam ng bata ang direksiyon. Pakinggan ang ginawa niyang pagtatanong. Pakinggan din ang pagbigay ng mama ng direksiyon.*

**Bata:** "Magandang umaga po. Puwede po bang magtanong?"

**Mama:** "Oo naman. Ano ba ang gusto mong malaman?"

**Bata:** "Saan po ba ang bilang 16 Matalino St. Barangay Laging Handa?"

**Mama:** "Bakit? Ano ba ang sadya mo sa Matalino St.?"

**Bata:** "Doon po kasi nakatira si Mrs. Magalit. Nalilito po siya kung saan dadaan pabalik sa bahay niya."

**Mama:** "Naku, napakabait mo. Madali lang puntahan ang Matalino St. Diretsuhin mo itong Maningning St. Pagdating mo sa unang kanto, kumaliwa ka. Malakas St. na iyon. Pagdating mo sa pangalawang kanto, kumanan ka, Matalino St. na iyon."

**Bata:** "Madali lang po pala. Maraming salamat po."

**Mama:** "Walang anuman. Pagpalain ka nawa ng Diyos, mabait na bata."

TALAAN

## 2 PAGTALAKAY

*Ano ang nais malaman ng bata?*
*Bakit hinahanap niya ang Bilang 16, Matalino St.?*
*Sino ang napagtanungan ng bata?*
*Paano nagbigay ng direksiyon ang mama?*

Basahin ang magagalang na pananalita na ginamit ng bata sa pagtatanong:
*"Magandang umaga po. Puwede po bang magtanong?"*
*"Saan po ba ang bilang 16 Matalino St. Barangay Laging Handa?"*
*"Maraming salamat po."*

Basahin ang mga ginamit ng mamang ekspresyon sa pagbibigay ng direksiyon:
*"Diretsuhin ang Maningning St."*
*"Kumaliwa sa unang kanto."*
*"Kumanan sa pangalawang kanto."*

## 3 GINABAYANG PAGSASANAY

*Humarap sa inyong katabi. Kunwari ang isa sa inyo ay naghahanap ng direksiyon. Ang katabi ninyo ang nasalubong na ale o mama. Magtatanong kayo sa ale o mama. Ibibigay niya ang tamang direksiyon.*

TALAAN

*Bibigyan ko kayo ng limang minuto para maghanda ng inyong dula-dulaan. Tatawag ako ng ilang pares para isadula ang pagtanong at pagsagot ng tamang direksiyon.*

**Takdang-Aralin:** *Bawat pares ng bata ay magpapakita ng dula-dulaan tungkol sa paghahanap at pagbibigay ng direksiyon. Ang isang bata ang magtatanong at ang partner niya ang magbibigay ng direksiyon. Alalahanin ang mga gagamiting magagalang na pananalita at mga angkop na ekspresyon.*

ARAW 5

LAYUNIN

Nakagagamit ng tamang antas ng pang-uri (paggamit ng *mas*) sa mga pangungusap ng paghahambing

## 1 PAGLALAHAD

*Nagkuwento ang bata sa kaniyang kaklase tungkol kay Mrs. Magalit. Pakinggan ang kuwento niya:*

a. Matanda na si Mrs. Magalit. Mas matanda siya kaysa Lola ko.

b. Mahaba ang buhok niya. Mas mahaba ang buhok niya kaysa buhok ng Nanay ko.

c. Malakas tumawa si Mrs. Magalit. Pero mas malakas tumawa ang kapatid kong si Nonoy.

d. Maputi ang ngipin ko. Pero mas maputi ang mga ngipin sa postiso ni Mrs. Magalit.

e. Mahinang lumakad si Mrs. Magalit. Pero mas mahinang lumakad si Lolo Andoy.

## 2 PAGTALAKAY

a. Sa unang pangungusap, anong salita ang naglalarawan kay Mrs. Magalit? Anong salita ang naglalarawan kay Lola?

b. Sa pangalawang pangungusap, anong salita ang naglalarawan sa buhok ni Mrs. Magalit? Anong salita ang naglalarawan sa buhok ni Nanay?

c. Sa pangatlong pangungusap, anong salita ang naglalarawan sa tawa ni Mrs. Magalit? Anong salita ang naglalarawan sa tawa ng kapatid kong si Nonoy?

d. Sa pang-apat na pangungusap, anong salita ang naglalarawan sa ngipin ko? Anong salita ang naglalarawan sa ngipin ng postiso ni Mrs. Magalit?

e. Sa panlimang pangungusap, anong salita ang naglalarawan sa paglakad ni Mrs. Magalit? Anong salita ang naglalarawan sa paglakad ni Lolo Andoy? *Basahin ang inyong mga sagot:*

| | |
|---|---|
| matanda | mas matanda |
| mahaba | mas mahaba |
| malakas | mas  malakas |
| maputi | mas maputi |
| mahina | mas mahina |

*Anong salita ang idinadagdag sa pang-uri kapag naghahambing ng dalawang tao? Maaari ding idagdag ang 'mas' sa pang-uri kapag naghahambing ng pook, hayop o bagay.*

**PAALALA SA GURO**

Maaaring napag-aralan na sa MT ang mga pang-uring naghahambing ng dalawang pangngalan. Maaaring talakayin ang pagkakapareho/pagkakaiba

## 3 PAGSASANAY

*Sa bawat kahon ay may nakasulat na pang-uri. Nakasulat din ang dalawang pangalan ng tao, pook o bagay. Gumawa ng pangungusap na naghahambing sa dalawang pangngalan. Maaaring gamitin ang mas o higit pa sa paghahambing:*

Halimbawa:

Pang-uri: matanda
Ani:10 taong gulang
Perla: 2 taong gulang

***Puwedeng sabihin:***
Mas matanda si Perla kaysa kay Ani.

***Puwede ding sabihing:***
Higit na matanda si Perla kaysa kay Ani.

1. Pang-uri: matalino
grado ni Mark: 90
grado ni Jim: 87

2. Pang-uri: mura
isang kilo ng atis: P60.00
isang kilo ng mangga: P84.00

3. Pang-uri: mahaba
laso: 3 pulgada
tali: 5 pulgada

4. Pang-uri: mabigat
isang sako ng bigas: 50 na kilo
isang sako ng mais: 40 na kilo

**TALAAN**

5. Pang-uri: matagal
   tulog ni Titoy: 8 oras
   tulog ni Andro: 6 ½ oras

**Takdang-Aralin:** *Magsulat ng limang pangungusap na ginagamit ang sumusunod na mga pang-uri:*

1. masarap, mas masarap
2. mabait, mas mabait
3. matagal, mas matagal
4. malayo, mas malayo
5. makapal, mas makapal

ARALIN

# 32

## GABAY SA PAGTUTURO


# IKALAWANG BAITANG FILIPINO


**TEMA: PAGGALANG AT PAGIGING MABAIT SA KAPUWA**

**KUWENTO: *BRU-HA-HA-HA-HA-HA BRU-HI-HI-HI-HI***

**LEVELED READER: "ANG PAGONG AT ANG KUNEHO"**



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG**
**FILIPINO**
**YUNIT 4, ARALIN 32**

**Tema: Paggalang at Pagiging Mabait sa Kapuwa**
**Kuwento:** ***Bru-ha-ha-ha-ha-ha Bru-hi-hi-hi-hi-hi***
*(Kuwento ni Ma. Corazon Remigio at Guhit ni Roland Mechael Ilagan)*
**Leveled Reader: "Ang Pagong at ang Kuneho"**
*(Kuwento ng Education Development Center (EDC) at Guhit ni Rea Diwata Mendoza)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | PS | Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na:<br>• Nakasasali sa isang usapan tungkol sa paggalang at pagiging mabait sa kapuwa | • Pagbibigay-ulat tungkol sa ginawang kabutihan sa kapatid, kaklase o kalaro |
| | PS; KP | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa pagtulong sa kapatid, kaklase, at sa matatanda<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa paggalang sa kapuwa |
| I | PT | • **F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita | • Kuwento: "Ang Pagong at ang Kuneho"<br>• Paghawan ng balakid<br>• Pagganyak at pangganyak na tanong |
| | PB | • Pangkat 1: Nababasa nang malakas ang kuwento at nasasagot ang mga tanong tungkol dito<br>• Pangkat 2: Nababasa nang tahimik ang kuwento at nasasagot ang pagsasanay tungkol dito | • Pagbasa ng Leveled Reader: "Ang Pagong at ang Kuneho" |
| | PN | • **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng binabasang teksto | • Pagbasa ng Leveled Reader: "Ang Pagong at ang Kuneho" |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas; **WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita at paghihikayat sa mga mag-aaral na pag-usapan ang ginawang kabutihan sa kapatid, kaklase, o kalaro | • Pag-uusap tungkol sa ginawang kabutihan sa kapatid, kaklase, o kalaro |
| • Paghihikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghahawan ng balakid: paligsahan paligsahan, hinamon, kapanapanabik, ipinagmamalaki<br>• Pagbibigay ng pagganyak at pangganyak na tanong | • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita<br>• Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong |
| • Pagpapabasa nang malakas sa Pangkat 1 habang nagbabasa nang tahimik ang Pangkat 2 | • Pangkat 1: Pagbasa nang malakas<br>• Pangkat 2: Pagbasa nang tahimik at pagsagot ng pagsasanay |
| • Pagpapasagot ng mga tanong<br>• Pagpapabasa nang tahimik ng kuwento at pagsagot ng mga pagsasanay<br>• Pagtalakay ng kuwento | • Pagsagot ng mga tanong<br>• Pagbasa nang tahimik ng kuwento at pagsagot ng mga pagsasanay<br>• Pagtalakay ng kuwento |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;<br>**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | PN | • **F2TA-Oa-j-I**<br>Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento | • Pangkat 1: Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa kuwento<br>• Pangkat 2: Pagtalakay sa Kuwento |
| | KM | • Pangkat 2: Nakasusulat ng isang payo o pagbati | • Pagsulat ng payo o pagbati |
| | PU | • **F2PU**<br>Naisusulat nang wasto ang mga idinidiktang mga salita | • Pagbabaybay |
| | PS | • **F2PS**<br>Naisasadula ang mahahalagang bahagi ng kuwento | • Pagsasadula |
| 3 | KP | • **F2KP-IVb-i.2**<br>Nabibigkas nang wasto ang tunog ng kambal-katinig ts at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito | • Mga salitang may kambal-katinig *ts* |
| | PU | • **F2PU**<br>Naisusulat nang wasto ang mga idinidiktang mga salita | • Pagbaybay ng mga salitang may kambal-katinig *ts* |
| 4 | WG | • Nakagagamit ng tamang antas ng pang-uri sa pagpapahayag ng sariling opinyon o ideya ukol sa paghahambing | • Iba't ibang antas ng pang-uri *mas*, *higit na*, at *pinaka* |
| 5 | EP | • **F2EP-IVb-5.1**<br>Nagagamit nang wasto ang index sa aklat | • Wastong gamit ng *index* |
| | PU | • **F2PU-IVb-3**<br>Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa malaki at maliit na letra ng mga salita: mga salita at pangungusap | • Pagsulat sa kabit-kabit na paraan |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pangkat 1: Pagpasagot sa pagsasanay<br>• Pangkat 2: Pagtatalakay sa kuwento | • Pagsagot sa pagsasanay<br>• Pagtalakay sa kuwento at pagsagot sa mga tanong ng guro |
| • Pangkat 2: Pagpapasulat ng payo kay Kuneho at pagbati kay Pagong | • Pagsulat ng payo o pagbati |
| • Pagpapabaybay ng mga salita galing sa binasang kuwento | • Pagbaybay ng mga salita |
| • Pagpapasadula ng iba't ibang bahagi ng | • Pagsasadula ng iba't ibang bahagi ng kuwento |
| • Pagpabigkas nang wasto ng mga salitang may kambal-katinig *ts* at pagpasagot ng mga pagsasanay | • Pagbigkas nang wasto ng mga salitang may kambal-katinig ts at pagsagot ng mga pagsasanay |
| • Pagpabaybay ng mga salitang may kambal-katinig *ts* | • Pagbaybay ng mga salitang may kambal-katinig *ts* |
| • Pagtalakay ng tamang antas ng pang-uri na naghahambing gamit ang mas o higit na | • Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa wastong gamit ng antas ng pang-uri na naghahambing |
| • Pagtalakay ng wastong gamit ng *index* at pagpasagot ng pagsasanay tungkol dito | • Pagsabi ng wastong gamit ng *index* at pagsagot ng pagsasanay tungkol dito |
| • Pagpapasulat sa kabit-kabit na paraan | • Pagkopya ng mga pangungusap na nakasulat sa kabit-kabit na paraan |

**PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;
**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas

ARAW

**ARAW-ARAW**

**1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA**

**2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN**

**3 PAGTALAKAY SA PAGIGING MABAIT SA KAPUWA (KAPITBAHAY, KALARO)**

ARAW

**1**

**LAYUNIN**

**(1)** **F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan ,o kahulugan ng salita

**(2)** Pangkat 1: Nababasa nang malakas ang kuwento at nasasagot ang mga tanong tungkol dito

Pangkat 2: Nababasa nang tahimik ang kuwento at nasasagot ang pagsasanay tungkol dito

**(3)** **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng binabasang teksto

**1 PAGHAWAN NG BALAKID**

*paligsahan, hinamon, kapanapanabik, ipinagmamalaki*

*Nagkaroon ng 'paligsahan' sa pagtakbo sa aming paaralan. Ang mananalo ay bibigyan ng medalya at premyong pera. Hinamon' ako ng mga kaklase ko na sumali. Ayaw ko sana, pero walang sasali sa seksiyon namin. 'Kapanapanabik' ang nangyaring takbuhan. Sa umpisa, nananalo ang kalaban ko. Pero nadapa siya at naunahan ko. Ako ang nanalo. 'Ipinagmalaki' ng guro at mga kaklase ko ang aking pagkapanalo.*

a. Ang *paligsahan* ay isang __________.

(1) laro o katuwaan
(2) pag-aaral ng isang bagay
(3) labanan para malaman kung sino ang mas magaling

b. Kapag *hinamon* ang isang tao, siya ay inaalok na __________.

(1) kumain
(2) makipaglaro
(3) makipaglaban

c. Ang isang pangyayari ay *kapanapanabik* kapag ito ay __________.

(1) nakakatakot
(2) iniiwasang malaman
(3) gustong-gustong makita o malaman

d. Kapag *ipinagmamalaki* ang ginawa ng isang tao, ito ay __________.

(1) ipinagmamayabang
(2) ikinahihiya
(3) inililihim

*Basahin ang mga bagong salita na napag-aralan natin. Pumili ng isa at gamitin ito sa pangungusap.*

## 2 PAGGANYAK

*Anong katangian mo ang iyong ipinagmamalaki?*

## 3 PANGGANYAK NA TANONG

*Sa babasahin kong kuwento, alamin: Ano ang katangian ni Kuneho na ipinagmamalaki niya?*

## 4 PAGBASA NG LEVELED READER

*Bibigyan ko ang bawat pares ng bata ng isang aklat.*

*Tingnan ang pabalat ng aklat. Basahin ang pamagat.*

*Pag-usapan natin ang larawan. Basahin ang pangalan ng may-akda. Basahin ang pangalan ng tagaguhit.*

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

- Ipaturo sa bawat pares ng bata ang pamagat, pangalan ng may-akda at tagaguhit.
- Maaaring pumili ng lider sa bawat pangkat para gabayan ang mga kaklase sa pangkat habang nasa kabilang pangkat ang guro.

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

- May dalawang antas ng Leveled Reader na maaaring ipagamit sa iba't ibang grupo ng mag-aaral. Ang Leveled Reader na mas madali ang teksto ay may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat ng aklat. Ang mas mahirap na teksto naman ay may dalawang tuldok na marka sa parehong lokasyon.
- Ang mas mahirap na teksto ay babasahin ng "average" o "advanced" na grupo. (Hanapin ang dalawang tuldok na marka sa pabalat ng Leveled Reader.)
- Ipabasa ang madaling teksto sa mga mag-aaral na may kahirapan pa sa pagbabasa. (Ibigay ang Leveled Reader na may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat nito.)

*Tingnan ang larawan sa bawat pahina.*

*Hahatiin ko kayo sa dalawang pangkat, Pangkat 1 at 2. Makinig sa sasabihin kong gagawin ng Pangkat 1 at Pangkat 2:*

| Bilang ng Minuto | Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|---|
| 15 | **Titingnan ang bawat pahina ng aklat ha-bang naghihintay sa guro.** **Kasama ang guro:** Bawat pares ng bata ay sabay na babasa ng kuwento. Pakikinggan ko ang pagbasa ninyo. Pagkatapos ng isa o dalawang pahina, magtatanong ako tungkol sa binasa ninyo. | **Pupunta sandali sa pangkat at magbibigay ng panuto:** Magbabasa kayo ng kuwento nang tahimik. Pagkatapos magbasa, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol dito. |
| 15 | Basahin ang bawat pangungusap at punan ang patlang. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno | **Kasama ang guro:** Basahin nang malakas ang kuwento. Pagkatapos magbasa, basahin at sagutan ang bawat tanong. Magpalitan ng kuwaderno at itsek ang sagot ng kaklase. |

**Leveled Reader: "Ang Pagong at ang Kuneho"**

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| Laging ipinagmamalaki ni Kuneho ang bilis niya sa pagtakbo. Sawang-sawa na si Pagong sa pagyayabang ni Kuneho. | Laging ipinagmamalaki ni Kuneho ang bilis niya sa pagtakbo. Sawang-sawa na si Pagong sa pagyayabang ni Kuneho.<br><br>"Ang yabang talaga ni Kuneho," sabi ni Pagong. |
| "Ako ang pinakamabilis tumakbo," sabi ni Kuneho. "Wala nang bibilis pa sa akin!" | "Ako ang pinakamagaling at pinakamabilis tumakbo sa lahat sa inyo," sabi ni Kuneho. "Wala nang bibilis pa sa akin! Sa kahit anong paligsahan, siguradong panalo ako." |

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| "Naku, Kuneho, wala ka nang ibang sinabi kung hindi gaano ka kabilis tumakbo," sabi ni Pagong. "Hinahamon kita sa isang paligsahan!" | "Naku, Kuneho, wala ka nang ibang sinabi kung hindi gaano ka kabilis tumakbo," sabi ni Pagong. "Hinahamon kita sa isang paligsahan!"<br>"Ikaw? Hinahamon mo ako?" tanong ni Kuneho.<br>"Oo," sagot ni Pagong. |
| "Hindi mo ako matatalo!" sabi ni Kuneho.<br>"Mas mabilis akong tumakbo!"<br>"Malalaman natin 'yan bukas ng umaga," sabi naman ni Pagong. | "Hindi mo ako matatalo!" sabi ni Kuneho.<br>"Mas mabilis akong tumakbo! Baka tapos na akong tumakbo e nagsisimula ka pa lang."<br>"Malalaman natin 'yan bukas ng umaga," sabi naman ni Pagong. |
| "Kapana-panabik ito!" sabi ni Buwaya.<br>"Kawawa naman si Pagong, ang bagal niyang gumalaw, sabi naman ni Elepante.<br>"Kahit mabagal siya ay hindi naman siya tumitigil," sabi ni Unggoy. | "Kapana-panabik ito! Sino kaya ang mananalo?" sabi ni Buwaya.<br>"Kawawa naman si Pagong, ang bagal niyang gumalaw. Siguradong matatalo siya," sabi naman ni Elepante.<br>"Kahit mabagal siya ay hindi naman siya tumitigil sa pagtakbo. Baka naman may pag-asa si Pagong," sabi ni Unggoy. |
| Kinabukasan, dumating ang lahat ng hayop para manood ng paligsahan.<br>"Magandang umaga, Kuneho," bati ni Pagong. "Handa na ako. Ikaw, handa ka na ba?"<br>"Siyempre, handa na ako. Madali kitang matatalo," sabi ni Kuneho. | Kinabukasan, dumating ang lahat ng hayop para manood ng paligsahan.<br>"Magandang umaga, Kuneho," bati ni Pagong. "Handa na ako. Ikaw, handa ka na ba?"<br>"Siyempre, handa na ako. Madali kitang matatalo. Kahit gaano ka kabilis, mas mabilis pa rin ako," sabi ni Kuneho. |
| "Isa, dalawa…takbo!" sigaw ni Elepante.<br>Nagsimula na ang takbuhan. Tumakbo nang mabilis si Kuneho pero tumigil siya para maglaro. Nahuhuli man si Pagong sa kaniya ay hindi ito tumigil sa pagtakbo. | "Isa, dalawa…takbo!" sigaw ni Elepante.<br>Nagsimula na ang takbuhan. Tumakbo nang mabilis si Kuneho pero tumigil siya para maglaro.<br>"Ang layo pa ni Pagong. May oras pa akong maglaro," sabi ni Kuneho.<br>Nahuhuli man si Pagong sa kaniya ay hindi ito tumigil sa pagtakbo. |

**TALAAN**

TALAAN

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| Dahil akala niya'y marami pa siyang oras, natulog sandali si Kuneho. | "Ang layo pa rin ni Pagong. Puwede pa siguro akong maidlip nang sandali," sabi ni Kuneho.<br>Dahil akala niya'y marami pa siyang oras, natulog sandali si Kuneho. |
| Nagpatuloy sa paglakad si Pagong. Hindi siya tumigil. Lahat ng hayop ay nagdiwang nang makitang papalapit na siya sa katapusan ng paligsahan. Nagising bigla si Kuneho. | Nagpatuloy sa paglakad si Pagong. Hindi siya tumigil. Lahat ng hayop ay nagdiwang nang makitang papalapit na siya sa katapusan ng paligsahan. "Sige, Pagong, kaya mo 'yan!" sigaw ng iba't ibang hayop.<br>Nagising bigla si Kuneho. |
| Tumakbo nang mabilis na mabilis si Kuneho. Pero huli na ang lahat. Nanalo na si Pagong! | Tumakbo nang mabilis na mabilis si Kuneho. Pero huli na ang lahat. Natapos na ang palig-sahan. Nanalo na si Pagong! Sabi ni Pagong, "Alalahanin mo na kahit ang mabagal, basta't tuloy-tuloy ay maaaring manalo!" |

| **Pangkat 1:** Mga tanong pagkatapos magbasa ng bawat pahina: (para sa Pangkat 1) | **Pangkat 2:** Mga tanong pagkatapos magbasa ng bawat pahina: (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| 1. Basahin ang unang pahina.<br>• Ano ang ipinagyayabang ni Kuneho?<br>• Ano ang naramdaman ni Pagong?<br>2. Basahin ang ikalawang pahina. Ano ang palaging sinasabi ni Kuneho?<br>3. Basahin ang ikatlong pahina. Ano ang hamon ni Pagong kay Kuneho?<br>4. Basahin ang ikaapat na pahina. Anong sabi ni Kuneho sa hamon ni Pagong? | 1. Ano ang ipinagmamalaki ni Kuneho? ___________<br>2. Ano ang nararamdaman ni Pagong habang nagyayabang si Kuneho? ___________<br>3. Ano ang hamon ni Pagong kay Kuneho? ___________<br>4. Sino-sino ang hayop na nakarinig sa hamon ni Pagong? ___________, ___________, at ___________.<br>5. Ano ang naramdaman ni Elepante? ___________ ni Unggoy? ___________ ni Buwaya? ___________ |

| **Pangkat 1:** Mga tanong pagkatapos magbasa ng bawat pahina: (para sa Pangkat 1) | **Pangkat 2:** Mga tanong pagkatapos magbasa ng bawat pahina: (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| 5. Basahin ang ikalimang pahina. Ano ang sinabi nina Elepante, Buwaya at Unggoy? Sa palagay ninyo kanino sila kampi?<br><br>6. Basahin ang ikaanim na pahina. Anong sabi ni Pagong? Anong sagot ni Kuneho? Sino kaya ang mananalo?<br><br>7. Basahin ang ikapitong pahina. Sino ang nangunguna sa umpisa? Anong ginawa ni Kuneho? Huminto rin ba si Pagong?<br><br>8. Basahin ang ikawalong pahina. Anong ginawa ni Kuneho? Bakit?<br><br>9. Basahin ang ikasiyam na pahina. Huminto ba si Pagong? Anong naramdaman ng mga hayop nang malapit na si Pagong sa katapusan ng paligsahan?<br><br>10. Basahin ang huling pahina. Sino ang nanalo sa paligsahan? Ano ang sabi ni Pagong kay Kuneho? | 6. Sino ang nanguna sa umpisa ng paligsahan? ___________.<br><br>7. Bakit kaya umidlip si Kuneho? ___________ .<br><br>8. Sino ang nanalo sa Paligsahan? __________.<br><br>9. Ano kaya ang naramdaman ni Kuneho nang manalo si Pagong? ___________.<br><br>10. Ano kaya ang naramdaman ni Pagong nang manalo siya? ___________.<br><br>11. Sa palagay ninyo, bakit nanalo si Pagong? __________. |

**TALAAN**

ARAW

# 2

**LAYUNIN**

**(1) F2TA-Oa-j-1** Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
**(2)** Pangkat 2: Nakasusulat ng isang payo o pagbati
**(3) F2PU** Naisusulat nang wasto ang mga idinidiktang mga salita
**(4) F2PS** Naisasadula ang mahahalagang bahagi ng kuwento

## I PANGKATANG GAWAIN

| Bilang ng Minuto | Pangkat 1 | Pangkat 2: Kasama ang Guro |
|---|---|---|
| 15 | **Pagsagot ng Pagsasanay**<br>Punan ang patlang ng angkop na salita. Maaaring balikan ang kuwento para hanapin ang sagot. Isulat sa kuwader-no ang inyong sagot:<br><br>1. Ipinagmalaki ni Kuneho na pinakamabilis siyang ____________.<br>2. Hinamon siya ni Pagong sa isang ____________.<br>3. Nanood sina Elepante, Buwaya, at ____________ sa paligsahan.<br>4. Noong umpisa, si ____________ ang nangunguna.<br>5. Huminto muna si Kuneho para ____________.<br>6. Nanalo sa paligsahan si ____________. | **Pagtalakay ng Kuwento**<br>Pagsagot sa sinagutang pagsasanay (gawain nang unang araw) at pagtsek ng sagot.<br><br>Pagtalakay ng pagsulat ng payo kay Kuneho o Pagbati kay Pagong.<br><br>Mahal Kong Kuneho,<br>Natalo ka sa paligsahan dahil ____________.<br>Sa susunod ____________.<br>Nagmamahal,<br>____________<br><br>Mahal Kong Kuneho,<br>Binabati kita dahil sa ____________.<br>Sana ____________.<br>Nagmamahal,<br>____________ |

| Bilang ng Minuto | Pangkat 1 | Pangkat 2: Kasama ang Guro |
|---|---|---|
| 15 | **Kasama ang guro:** Pagbasa nang malakas ng bawat bata sa pangkat. "Tatawag ako ng bata na magbabasa nang malakas ng kuwento habang ang iba ay magbabasa sa kanil-ang upuan." | **Pagsulat ng:** a. Payo kay Kuneho o b. Pagbati kay pagong |

## 2 PAGBABAYBAY

Isulat sa pisara ang bawat salita na ididikta ko:

a. kuneho
b. paligsahan
c. tumakbo
d. buwaya
e. unggoy
f. pagong
g. hinamon
h. umidlip
i. elepante
j. mayabang

## 3 PAGSASADULA

*Isadula natin ang mahahalagang pangyayari sa kuwento:*

- Nagyayabang si Kuneho na siya ang pinakamagaling tumakbo. Nainis si Pagong.
- Hinamon ni Pagong ng paligsahan sa pagtakbo si Kuneho.
- Nag-umpisa ang paligsahan. Ano ang sabi nina Buwaya, Unggoy, at Elepante?
- Mabagal tumakbo si Pagong. Umidlip muna si Kuneho.
- Natalo si Kuneho. Ano ang sabi sa kanya ni Pagong?

TALAAN

**PAALALA SA GURO**

Maaaring pagsabayin ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat sa pagbabaybay ng mga salitang nabasa nila sa kuwento.

ARAW

# 3

**LAYUNIN / MGA LAYUNIN**




**(1) F2KP-IVb-i.2** Nabibigkas nang wasto ang tunog ng kambal-katinig ts at nasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito
**(2) F2PU** Naisusulat nang wasto ang mga idinidiktang mga salita

## I MGA SALITANG MAY KAMBAL-KATINIG TS

*Tunugin ang ts. Sabihin ang pangalan ng bawat larawan: (larawan ng tsinelas, tsa, tsupon, tsokolate, tsek, tsuper, tsart). Basahin natin ang pangalan ng mga larawan at iba pang salita na may kambal-katinig ts:*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ts**a | **ts**ek | **ts**ip | **ts**okolate | **ts**upon |
| **ts**art | **ts**eke | **ts**ismis | o**ts**o | **ts**uper |
| **ts**apter | ko**ts**e | **ts**inita | ku**ts**on | |
| **ts**amba | ti**ts**er | **ts**inelas | li**ts**on | |
| plan**ts**a | | **ts**ikiting | | |

*Isulat ang pangalan ng bawat larawan:*

| | | |
|---|---|---|
| **(tsek)**  ____________ | **(tsupon)**  ____________ | **(plantsa)**  ____________ |
| **(tsokolate)**  ____________ | **(kotse)**  ____________ | **(tsuper)**  ____________ |
| **(litson)**  ____________ | **(tsa)**  ____________ | **(tsinelas)**  ____________ |

*Punan ang patlang ng tamang salita na may klaster ts. Piliin ang sagot sa kahon:*

a. Ayaw niyang gamitin ang sapatos niya. Kinuha niya ang kaniyang __________.

b. Puno ng gatas ang __________ ng tsikiting.

c. Ayaw kong uminon ng kape. Gusto ko ng mainit na __________.

d. Si Mang Damian ay __________ ng taksi.

e. Lahat ng sagot ko ay tama. Nilagyan ang mga ito ng __________ ng titser ko.

| |
|---|
| tsupon |
| tsek |
| tsinelas |
| tsuper |
| tsokolate |

TALAAN

## 2 PAGBABAYBAY

*Isulat sa kuwaderno ang tamang baybay ng ididikta kong mga salita:*

a. tsokolate
b. tsuper
c. tsamba
d. tsip
e. tseke
f. litson
g. plantsa
h. tsinelas
i. kutson
j. tsuper

**Takdang-Aralin:** *Pumili ng lima sa mga binaybay na salita. Gawan ng pangungusap ang bawat isa.*

**LAYUNIN**

Nakagagamit ng tamang antas ng pang-uri sa pagpapahayag ng sariling opinyon o ideya ukol sa paghahambing

**ARAW**

**4**

## 1 IBA'T IBANG ANTAS NG PANG-URI *MAS, HIGIT NA*, AT *PINAKA*

*Basahin ang mga pangungusap:*

a. Malaki si Unggoy.
b. Mas malaki si Buwaya kaysa kay Unggoy.
c. Pinakamalaki si Elepante sa lahat.

**PAALALA SA GURO**

Maaaring ipakita ang larawan sa leveled reader ng mga binanggit na hayop.

**TALAAN**

*Anong pang-uri ang naglalarawan kay Unggoy? Inihahambing ba si Unggoy sa ibang hayop?*

*Anong pang-uri ang ginamit kay Buwaya? Kanino inihahambing si Buwaya?*

*Anong salita ang idinagdag sa pang-uring malaki?*

*Anong pang-uri ang ginamit kay Elepante? Kanino inihahambing si Elepante?*

*Kailan ginagamit ang mas?*

*Kailan ginagamit ang pinaka?*

## 2 PAGSASANAY

*Tingnan ang larawan ng tatlong lapis. Gamitin ang pang-uring mahaba, mas mahaba at pinakamahaba sa paglalarawan sa mga ito:*

| Mga drowing ng: | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| mahabang lapis ni Andoy | mas mahabang lapis ni Rene | pinakamahabang lapis ni Herman |

a. __________ ang lapis ni Rene kaysa lapis ni Andoy.

b. __________ ang lapis ni Andoy.

c. __________ ang lapis ni Herman sa lahat.

*Tatawag ako ng tatlong batang lalaki. Gumawa ng pangungusap gamit ang mga pang-uring* ***matangkad**, **mas matangkad**, **pinakamatangkad*** *tungkol sa kanila.*

*Tatawag ako ng tatlong batang babae na mahahaba ang buhok. Gumawa ng pangungusap gamit ang mga pang-uring* ***mahaba, mas mahaba, pinakamahaba**.*

## 3 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Basahin ang pang-uri sa bawat kahon at ang mga salitang inilalarawan. Magsulat ng mga pangungusap gamit ang angkop na pang-uri.*

| mahal | |
|---|---|
| pantalon: P350.00 | 1. ________________. |
| damit: P450.00 | 2. ________________. |
| blusa: P300.00 | 3. ________________. |

TALAAN

| matalino | |
|---|---|
| marka ni Mara sa Filipino: 90% | 1. _______________. |
| marka ni Alma sa Filipino: 95% | 2. _______________. |
| marka ni Sara sa Filipino: 92% | 3. _______________. |

| makapal | |
|---|---|
| aklat sa Math: 156 pahina | 1. _______________. |
| aklat sa Pagbasa: 426 pahina | 2. _______________. |
| aklat sa Araling Panlipunan: 378 pahina | 3. _______________. |

**Takdang-Aralin:** *Pagmasdan ang mga kasapi sa inyong pamilya. Magsulat ng mga pangungusap gamit ang sumusunod na mga pang-uri:*

1. matanda, mas matanda, pinakamatanda
2. mataba, mas mataba, pinakamataba
3. masipag, mas masipag, pinakamasipag

**LAYUNIN**

**(1) F2EP-IVb-5.1** Nagagamit nang wasto ang *index* sa aklat
**(2) F2PU-IVb-3** Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa malaki at maliit na letra ng mga salita: mga salita at pangungusap

ARAW **5**

## I PAGLALAHAD

*Sinipi ko ang sumusunod na mga pahina sa mga huling pahina ng aklat na pinamagatang Rizal: Makabayan at Martir. Ang tawag sa pahinang ito ay index. Ito ay listahan ng mga pangalan ng may-akda at paksang sinulat tungkol sa kaniya. May nakalagay ding sanggunian ng sinulat at mga pahina kung saan ito matatagpuan. Nakaayos nang paalpabeto ang mga pangalan ng may-akda.*

**PAALALA SA GURO**

Maaaring mahirapang unawain ng mga mag-aaral ang araling ito dahil wala pa silang nakikitang *index* sa mga aklat na pinag-aaralan nila.

TALAAN

## 2 PAGTALAKAY

*Sa pahinang ito ng 'index,' sabihin ang mababasang mga impormasyon:*

a. Sino ang sumulat ng bana ni Josephine Bracken?

b. Anong pahina sa isinulat ni Jose Alberto matatagpuan ang tungkol sa "kung nabubuhay si Rizal"?

c. Anong paksa ang isinulat ni Heneral Ahumada?

d. Ano-anong paksa ang isinulat ni Jose Alejandrino tungkol kay Rizal?

e. Kung ang susunod na mga pangalan ng may-akda ay Apacible, Azcarraga at Alonso, aling pangalan ang mauuna sa listahan?

A

Abad, Vicente, bana ni Josephine Bracken, 420, 421
Aguinaldo, Emilio, Pangulo ng Unang Republikang Pilipino, 8,9; namuno sa Digmaang mapagpalaya laban sa mga Amerikano, 10, 11, 399, 419
Ahumada, Heneral, puno ng garison ng Maynila, 238
Alberto, Jose, 30, 31, 44
Alejandrino, Jose, 21, 126; kakasera ni Rizal sa Ghent, 256; hinggil sa atityud ni Rizal sa Rebolusyon, 273, 286, 341; hinggil sa Sinabing pagbawi ni Rizal, 420; tungkol sa "kung nabubuhay si Rizal," 436

## 3 PAGSASANAY

*Basahin ang isang pahina ng 'index.' Sagutin ang mga tanong tungkol dito:*

*Sagutin:*

a. Sino-sino ang nakalistang kapatid ni Rizal?

b. Sino ang bayaw ni Rizal na dineport?

c. Sa ano-anong pahina mababasa ang tungkol kay Lucia Rizal Herbosa?

e. Sa ano-anong pahina mababasa ang tungkol sa buhay ni Lucia sa Hong Kong?

f. Sino ang naisulat na pilosoper?

H

Herbosa, Lucia Rizal, kapatid na babae, 32; sa Hong Kong, 268, 290, 295, 320, 387
Hidalgo, Felix Resurreccion, artist, 106, 115, 116, 118, 153, 434
Hidalgo, Manuel, bayaw, dineport, 214-215
Hidalgo, Saturnina Rizal, kapatid na babae, 32, 259
Hu Shih, pilosoper, 16

*Kopyahin ang sumusunod na pangungusap:*

a. Nagpaligsahan sina Kuneho at Pagong.

b. Nanood sina Elepante, Buwaya, at Unggoy.

c. Mabilis sanang tumakbo si Kuneho, kaya lang umidlip muna siya.

d. Natuwa ang mga kaibigan ni Pagong nang manalo siya.

TALAAN

ARALIN

# 33

## GABAY SA PAGTUTURO


# IKALAWANG BAITANG FILIPINO


**TEMA: PAGTITIPID SA PAGGAMIT NG KORYENTE AT TUBIG (CONSERVING ENERGY)**

**KUWENTO: *MUNTING PATAK-ULAN***

**LEVELED READER: "BANGUI WIND FARM NG ILOCOS"**



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG**
**FILIPINO**
**YUNIT 4, ARALIN 33**

**Tema: Pagtitipid sa Paggamit ng Koryente at Tubig (Conserving Energy)**
**Kuwento:** ***Munting Patak-Ulan*** *(Kuwento ni Gloria Villaraza Guzman at Guhit ni Roland Mechael Ilagan)*
**Leveled Reader: "Bangui Wind Farm ng Ilocos"**
*(Kuwento ni Ani Rosa Almario; Guhit ni Rea Diwata Mendoza; Litrato nina Jesse Tuason at Jan Michael Benafin)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | **PS** | Sa loob ng isang linggo, inaasahang ang mga mag-aaral na:<br>• Nakasasali sa isang usapan tungkol sa pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig | • Pagbibigay-ulat tungkol sa pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig |
| | **PS; KP** | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin. | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa pagtulong sa kapatid, kaklase, at sa matatanda<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa paggalang sa kapuwa |
| I | **PT** | • **F2PT-IIa-j-1.6**<br>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita | • Kuwento: *Munting Patak-Ulan*<br>• Paghawan ng balakid |
| | **PN** | • **F2PN-IIb-2**<br>Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto | • Pagkompleto ng K-W-L chart para sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagtalakay ng kuwento |

**DOMAIN:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita at paghikayat sa mga mag-aaral na pag-usapan ang pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig | • Pag-uusap tungkol sa ginawang pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghahawan ng balakid: patak-ulan, dam, turbine, powerhouse<br><br>• Pagtalakay ng K-W-L chart para sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagbabasa ng kuwento at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito | • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita<br><br>• Pagsagot sa tanong sa K-W-L chart para sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | PN | • **F2PN-IIa-I.3** Nakasasali sa pangkatang gawain at nakasusunod sa napakinggang panuto upang maisagawa ang hinihinging gawain | • Pangkatang gawain |
| | TA | • **F2TA-Oa-j-I** Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento | • Pagtalakay sa kuwento |
| | KM | • **F2KM** Nakasusulat ng isang liham pasasalamat | • Liham-pasasalamat |
| 3 | KM | • **F2KM-IVc-6** Nakabubuo ng isang talata sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng magkaugnay na pangungusap | • Pagbuo ng talata sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng magkaugnay na pangungusap |
| | PB | • **F2PB-IVc-2.4** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan | • Pag-uugnay ng binasa sa sariling karanasan |
| | KM | • **F2KM-Iva-2.4** Naisusulat nang wasto ang isang talata hango sa magkakaugnay na mga pangungusap | • Maayos na pagsulat ng talata |
| 4 | WG | • **F2WG** Nababatid ang mga pang-uri na magkasingkahulugan at magkasalungat | • Magkasingkahulugan at pagkasalungat na pang-uri |
| 5 | EP | • **F2EP-IVc-g-1.4** Napagsusunod-sunod ang mga tambalang salita batay sa alpabeto | • Mga tambalang salita<br>• Pagsunud-sunod ng mga tambalang salita batay sa alpabeto |

**DOMAIN:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas; **WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagbibigay ng mga gawain sa bawat pangkat at paggabay sa paggawa ng mga ito | • Pagsali sa pangkatang gawain |
| • Pagtalakay sa kuwento at paghikayat sa mga mag-aaral na ipakita ang ginawa ng kanilang pangkat | • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at pagpakita ng ginawa ng pangkat |
| • Pagtalakay ng pagsulat ng liham pasasalamat | • Pagsulat ng liham pasasalamat |
| • Pagtalakay ng paraan ng pagsulat ng talata | • Pagsagot sa pagsasanay |
| • Pagtalakay ng mga ginagawa para makatipid ng tubig at koryente | • Pagsali sa talakayan kung paano nakatitipid sa tubig at koryente |
| • Pagpapasulat ng isang talata hango sa magkakaugnay na mga pangungusap | • Pagsulat ng isang talata hango sa magkakaugnay na pangungusap |
| • Tatalakayin ang mga pang-uri na magkasingkahulugan at magkasalungat at ipasasagot ang mga pagsasanay tungkol dito | • Pagsagot ng mga pagsasanay tungkol sa mga pang-uri na magkasingkahulugan at magkasalungat |
| • Pagtalakay ng mga tambalang salita at ang kahulugan ng bawat isa<br>• Pagpasunod-sunod ng mga tambalang salita batay sa alpabeto | • Pagbigay ng kahulugan ng mga tambalang salita<br>• Pagsusunod-sunod ng mga tambalang salita batay sa alpabeto |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;<br>**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

ARAW

ARAW-ARAW

## 1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA

## 2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

## 3 PAGTALAKAY KUNG PAANO NAKATITIPID NG KORYENTE AT TUBIG SA BAHAY

| Paano Ako Nakatitipid sa Paggamit ng Tubig | Paano Ako Nakatitipid sa Paggamit ng Koryente |
|---|---|
| | |

ARAW

1

### LAYUNIN

**(1)** **F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita

**(2)** **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto

## 1 PAGHAWAN NG BALAKID

a. *patak-ulan*

*Tingnan ang tubig na dumadaloy sa payong. Ito ay parang isang patak-ulan.*

b. *dam*

*Ito ang larawan ng dam. Dito iniimbak ang tubig na galing sa ulan, para kahit tag-araw may tubig ang buong bayan o lungsod.*

c. *turbina, powerhouse*

*Ang 'turbina' ay isang makinang pinatatakbo sa pamamagitan ng tubig o hangin sa kurbadong talim ng elise.*

(Magpakita ng larawan). *Ito ang 'powerhouse.' Ito ang gumagawa ng koryente. Ito naman ang turbina.Umiikot ito para gumalaw ang power house.*

## 2 PAGGANYAK AT PANGGANYAK NA TANONG SA PAMAMAGITAN NG K-W-L

*Ang tawag sa tsart na ito ay K-W-L.*

*Ang K ay para sa 'Ano ang alam ko?'*

*Ang W ay para sa 'Ano ang gusto kong malaman?'*

*At ang L ay para sa 'Ano ang natutuhan ko?'*

*Basahin ang tanong sa bawat kolum. Sagutin ang tanong sa unang kolum: Ano ang alam ninyo tungkol sa munting patak ulan? Isusulat ko ang mga sagot ninyo sa unang kolum.*

*Sagutin ang pangalawang kolum: Ano ang gusto ninyong malaman tungkol sa munting patak-ulan? Isusulat ko ang mga gusto ninyong malaman sa pangalawang kolum.*

*Mamaya, habang tinatalakay natin ang kuwento, sabihin ninyo kung ano ang natutuhan ninyo sa kuwento tungkol sa munting patak-ulan.*

| Ano ang Alam Ko? | Ano ang Gusto kong Malaman? | Ano ang Natutuhan Ko? |
|---|---|---|
| | | |

## 3 PAGBASA NG GURO NG KUWENTO

*Tingnan ang pabalat ng babasahin kong kuwento.*

*Sino ang makababasa ng pamagat? Basahin ang pangalan ng may-akda ng kuwento. Basahin din ang pangalan ng tagaguhit ng mga larawan sa kuwento. Ano ang nakikita ninyo sa larawan?*

**Mga Tanong Habang Binabasa ang Kuwento**

a. Ano ang ginawa ng mga munting patak-ulan nang matapat si Inang Ulap sa bundok?

b. Ano ang bilin sa kanila ni Inang Ulap?

c. Ano-ano ang ginawa ng magkakapatid na patak-ulan?

d. Saan sila pumunta? Paano kaya sila makababalik kay Inang Ulap?

e. Ano kaya ang gagawin nila sa dam?

f. Saan sila sunod na pumunta? Ano kaya ang gagawin nila?

g. Ano ang ginawa nila sa bukid?

h. Ano kaya ang naramdaman nina Munting Patak-ulan nang makatulong sila?

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

Maaaring natalakay na ng guro ang K-W-L sa MT. Kung hindi pa, talakayin ang gamit nito.

**ARAW**

# 2

**LAYUNIN**

**(1) F2PN-IIa-I.3** Nakasasali sa pangkatang gawain at nakasusunod sa napakinggang panuto upang maisagawa ang hinihinging gawain
**(2) F2TA-Oa-j-I** Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
**(3) F2KM** Nakasusulat ng isang liham pasasalamat

*Hahatiin ko kayo sa iba't ibang pangkat. Maaaring ibang kamag-aral na ang kasali ninyo sa pangkat.*

## 1 PANGKATANG GAWAIN: SI MUNTING PATAK-ULAN AT NG KANIYANG MGA KAPATID

**PAALALA SA GURO**

Maaaring ipaliwanag muna sa buong klase ang lahat na pangkatang gawain bago sabihin kung aling pangkat ang gagawa ng bawat pangkatang gawain.

*Ilarawan ang Munting Patak-ulan. Punan ang mga patlang.*

| **Ang Munting Patak-Ulan** |
|---|
| Ito ay galing kay ___________. |
| Bumababa ito sa lupa para ___________. |
| Ang mga ginagawa nito ay ___________. |

## 2 PANGKATANG GAWAIN: ANG PAYO NI INANG-ULAP

*Bago bumaba sa bundok sina Munting Patak-Ulan, may bilin sa kanila si Inang-Ulap. Isulat sa 'speech balloons' ang pagpaalam nina Munting Patak-Ulan at ang bilin ni Inang-Ulap.*



(sabi nina Munting Patak-ulan) (bilin ni Inang Ulap)

## 3 PANGKATANG GAWAIN: ANG UNANG PAGLALAKBAY NINA MUNTING PATAK-ULAN AT NG KANIYANG MGA KAPATID

Dahan-dahan kaming bumaba sa bundok at sa sumusunod na mga anyong-tubig:

1. ________________
2. ________________
3. ________________
4. ________________
5. ________________

TALAAN

## 4 PANGKATANG GAWAIN: ANG PANGALAWANG PAGLALAKBAY NINA MUNTING PATAK-ULAN AT NG KANIYANG MGA KAPATID

Natapat si Inang Ulap sa isang dam. Bumaba sina Munting Patak-ulan. Lagyan ng bilang 1-5 ayon sa pagkasunod-sunod ng pinuntahan nina Munting Patak-ulan.

_________ Naglakbay kami sa *tunnel* sa ilalim ng dam.
_________ Lumabas kami sa ilog sa likod ng powerhouse.
_________ Lumusot kami sa *tunnel* sa ibaba ng tore.
_________ Lumusot kami sa dam at nakarating sa kanaleta.
_________ Nakarating kami sa isang bukid.
_________ Pinaikot namin ang mga *turbine* sa *powerhouse*.

## 5 PANGKATANG GAWAIN: MGA NATUTUHAN NAMIN TUNGKOL SA MGA MUNTING PATAK-ULAN

*Ano-ano ang natutuhan ninyo tungkol sa mga ginagawa nina Munting Patak-ulan at ng kaniyang mga kapatid? Isulat.*

| Ang mga munting patak-ulan ay |
|---|
| 1. _______________ |
| 2. _______________ |
| 3. _______________ |

*Ang unang pangkatang gawain ay gagawin ng pangkat* _________.
*Ang pangalawang pangkatang gawain ay gagawin ng pangkat* _________.

## 6 TALAKAYAN

a. Anong nalaman ninyo tungkol kay Munting Patak-ulan? Pangkat 1, ipakita ang inyong ginawa.

b. Pareho ba ito sa alam ninyo bago ko basahin ang kuwento? Ihambing nga sa naisulat natin sa KWL tsart.

c. Ano ang bilin ni Inang Ulap bago bumaba sina Munting Patak-ulan? Basahin ang ginawa ninyo, Pangkat 2.

d. Ganito rin ba ang bilin sa inyo ng inyong nanay?

e. Sa unang paglalakbay nina Munting Patak-ulan, saan–saan sila pumunta? Pangkat 3, basahin ang inyong ginawa.

f. Ano pa kayang anyong-tubig ang maaaring puntahan ng mga patak-ulan?

TALAAN

g. Sa pangalawang paglalakbay nina Munting Patak-ulan, saan-saan sila pumunta? Pangkat 4, basahin ang inyong ginawa.

h. Anong tulong ang nagawa ng mga Munting Patak-ulan?

i. Ano-ano pang tulong ang ginawa ng mga patak-ulan sa mga pananim?

j. Ano-ano ang natutuhan ninyo tungkol sa mga patak-ulan? Pangkat 5, basahin ang mga natutuhan ninyo tungkol sa kanila.

## 7 PAGSULAT NG LIHAM PASASALAMAT

*Sa palagay ninyo, malaki ang tulong sa atin ng mga patak-ulan? Sumulat tayo ng liham pasasalamat para sa kanila.*

| |
|---|
| Mahal Naming Munting Patak-ulan,<br>Maraming salamat sa ginawa ninyong pagtulong<br>________________________________.<br>Lubos na nagpapasalamat,<br>______________ |

ARAW 3

**LAYUNIN**

(1) **F2KM-IVc-6** Nakabubuo ng isang talata sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng magkaugnay na pangungusap
(2) **F2PB-IVc-2.4** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
(3) **F2KM-Iva-2.4** Naisusulat nang wasto ang isang talata hango sa magkakaugnay na mga pangungusap

## 1 PAGBUO NG TALATA

*Ang nabasa nating kuwento ay tungkol sa 'water cycle' o kung paano nabubuo ang ulan at nagiging ulap, kung paano pumapatak ang ulan sa lupa, ang tulong ng mga patak ng ulan sa mga tao, at kung paano tumataas muli ang mga patak ng ulan sa pamamagitan ng evaporation at nabubuo ang ulap.*

*Basahin ang mga pangungusap tungkol dito:*

a. Ang ulap ay binubuo ng mga patak ng ulan.

b. Kapag bumigat na ang ulap, bumubuhos ang ulan sa lupa.

TALAAN

c. Ang mga patak ng ulan ay dumadaloy sa mga anyong-tubig gaya ng ilog, sapa, look, at dagat.

d. Malaki ang tulong ng mga patak-ulan sa pagdala ng sustansiya sa mga pananim.

e. Nakababalik ang mga munting patak-ulan sa kalawakan sa tulong ng hangin at araw.

f. Kapag naipon ang maraming patak-ulan, namumuong muli ang ulap at bubuhos uli sa lupa ang ulan.

*Ang mga pangungusap na ito ay maaaring isulat bilang isang talata. Basahin ang nabuong talata:*

Ang ulap ay binubuo ng mga patak ng ulan. Kapag bumigat na ang ulap, bumubuhos ang ulan sa lupa. Ang mga patak ng ulan ay dumadaloy sa mga anyong-tubig gaya ng ilog, sapa, look at dagat. Malaki ang tulong ng mga patak-ulan sa pagdala ng sustansiya sa mga pananim. Nakababalik ang mga munting patak-ulan sa kalawakan sa tulong ng hangin at araw. Kapag naipon ang maraming patak-ulan, namumuong muli ang ulap at bubuhos uli sa lupa ang ulan.

*Ano ang kaibahan ng pangungusap sa talata?*

*Paano isinusulat ang unang pangungusap ng talata?*

*Napapansin ba ninyo ang margin sa kaliwa at kanang bahagi ng talata?*

## 2 PAGTALAKAY

*Ano-ano ang ginagawa ninyo para makatipid sa tubig?*

*Paano naman makatitipid sa koryente?*

*Isalaysay ang sariling karanasan sa bahay sa wastong paggamit ng tubig at koryente.*

## 3 PAGSASANAY

*Narito ang isang paraan para makatipid ng koryente. Basahin ang sumusunod na pangungusap.*

a. Maraming paraan para makatipid ng koryente.

b. Patayin ang telebisyon kapag walang nanonood.

**TALAAN**

c. Kapag walang tao sa silid, patayin ang ilaw.

d. Alisin sa pagkasaksak ang telebisyon, electric fan at iba pang gamit na de-koryente kapag hindi na ginagamit ang mga ito.

*Isulat ang mga magkakaugnay na pangungusap bilang isang talata:*

| |
|---|
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |

_____ May indentasyon ang unang pangungusap ng talata.

_____ Nag-uumpisa ang bawat pangungusap sa malaking titik.

_____ May angkop na bantas sa katapusan ng bawat pangungusap.

ARAW **4**

**LAYUNIN**

**F2WG** Nababatid ang mga pang-uri na magkasingkahulugan at magkasalungat

## I PAGLALAHAD

**PAALALA SA GURO**

Maaaring ang mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat ay natalakay na sa MT, o sa mga unang pag-aaral sa Filipino. Ipaalala ang mga napag-aralang ito sa mga mag-aaral.

*Basahin ang sumusunod na mga pangungusap:*

a. Ang ulap ay binubuo ng mga munting patak ulan. Ang mga maliit na patak na ito ay nakatutulong sa mga pananim.

b. Masaya ang mga patak-ulan kapag nakatutulong sila. Maligaya rin si Inang Ulap.

*Basahin ang bawat pares ng salita. Ano ang tawag sa mga salitang ito?*

*Tama! Ang mga salitang ito ay mga pang-uri.*

*Ano ang napapansin ninyo sa mga pang-uri?*

- munti-maliit
- masaya-maligaya

*Tama! Magkapareho ang kahulugan ng munti at maliit; maligaya at masaya. Ang bawat pares ng pang-uri ay <u>magkasingkahulugan</u>.*

*Ang pares ng pang-uri ay magkasingkahulugan kapag pareho o magkatulad ang ibig sabihin ng mga ito.*

TALAAN

## 2 PAGSASANAY

*Isulat ang kasingkahulugan ng pang-uri. Pumili sa mga pang-uri sa kahon:*

| matalino | mabango | masarap | matangkad | matipid |
|---|---|---|---|---|

a. mataas __________

b. marunong __________

c. masarap __________

d. mahalimuyak __________

e. masinop __________

## 3 PAGLALAHAD

*Basahin ang sumusunod na pangungusap:*

a. Maliwanag sa ibabaw ng bundok. Madilim sa ilalim ng lupa.
b. Masipag ang mga munting patak-ulan. Binilinan sila ni Inang Ulap na huwag maging tamad.

*Basahin ang pares ng mga pang-uri na may guhit sa pangungusap:*

a. maliwanag, madilim
b. ibabaw, ilalim
c. masipag, tamad

*Magkasingkahulugan ba ang bawat pares ng pang-uri? Hindi. Magkasalungat ang bawat pares ng pang-uri.*

## 4 PAGSASANAY

*Bilugan ang magkasalungat na pang-uri sa bawat pangungusap:*

a. Mabigat ang dala ni Nanay na basket samantalang magaan ang dala kong bag.

b. Sabi ni Kuya Nato duwag daw ako dahil hindi ako makapasok sa madilim na kuwarto. Siya raw ay matapang dahil hindi siya natatakot sa dilim.

c. Madaling maabot ni Harold ang itaas ng kabinet dahil matangkad siya. Bakit ba pandak ako?

d. Makapal ang aklat namin sa Araling Panlipunan samantalang ang aklat namin sa Edukasyon sa Pagpapakatao ay manipis lang.

e. Malinaw ang pagkasulat ng mga aralin sa pisara ng silid-aralan namin. Mahirap mabasa ang mga aralin kapag malabo ang pagkasulat nito.

TALAAN

## 5 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Basahin ang mga pang-uri sa kahon. Punan ng hinihinging pang-uri:*

| Pang-uri | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1. masaya | | |
| 2. matangkad | | |
| 3. ibabaw | | |
| 4. mahalimuyak | | |
| 5. masinop | | |

**Takdang-Aralin:** *Gawin ang Pagsasanay C sa p. 471 ng 'Kagamitan ng Mag-aaral.'*

ARAW 5

**LAYUNIN**

**F2EP-IVc-g-1.4** Napagsusunod-sunod ang mga tambalang salita batay sa alpabeto

## 1 MGA TAMBALANG SALITA

**PAALALA SA GURO**

Maaaring may mga tambalang-salita rin na natalakay na sa MT. Ipaalala ang araling ito sa mga mag-aaral.

Basahin ang sumusunod na salita:

a. patak-ulan
b. balik-aral
c. hating-kapatid
d. takdang-aralin
e. kapitbahay

*Ang tawag sa mga salitang ito ay tambalang-salita. Ang tambalang salita ay isang salita na binubuo ng dalawang magkaibang salita. Ito ay maaaring magkaroon ng ibang kahulugan.*

*Ano ang ibig sabihin ng bawat tambalang-salita?*
*Ang ibig sabihin ng patak-ulan ay patak ng ulan.*

*Kapag sinabing balik-aral, ano ang ibig sabihin? Tingnan ang dalawang salita: balik at aral. Ano ang ibig sabihin ng bawat isa? Ano naman ang ibig sabihin kapag pinagsama ang dalawang magkaibang salitang ito?*

*Naalala ninyo ang kuwentong "Hating Kapatid"? Ano ang ibig sabihin nito?*

*Alam ninyo kung ano ang takdang-aralin. Ano naman ang ibig sabihin ng kapit at bahay? Ano ang ibig sabihin kapag pinagsama ang kapit at bahay?*

TALAAN

## 2 PAG-AYOS NANG PAALPABETO NG MGA TAMBALANG SALITA

*Kapag inayos nang paalpabeto ang mga salita, tinitingnan ang unang letra nito. Tingnan ang paalpabetong ayos ng mga salita:*

1. balik-aral
2. hating-kapatid
3. kapitbahay
4. patak-ulan
5. takdang-aralin

## 3 PAGSASANAY

*Basahin ang bawat tambalang salita. Sabihin ang kahulugan ng bawat isa: 'punongkahoy,' 'hapag-kainan,' 'kapit-bisig,' 'bantay-salakay,' 'takipsilim.' Ayusin ang mga tambalang salitang ito nang paalpabeto:*

| | |
|---|---|
| punongkahoy | 1. ___________ |
| hapag-kainan | 2. ___________ |
| kapitbisig | 3. ___________ |
| bantay-salakay | 4. ___________ |
| takipsilim | 5. ___________ |

ARALIN

# 34

## GABAY SA PAGTUTURO


# IKALAWANG BAITANG FILIPINO


**TEMA: PAGTITIPID SA PAGGAMIT NG KORYENTE AT TUBIG (CONSERVING ENERGY)**

**KUWENTO: *MUNTING PATAK-ULAN***

**LEVELED READER: "BANGUI WIND FARM NG ILOCOS"**



## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG
## FILIPINO
## YUNIT 4, ARALIN 34

**Tema: Pagtitipid sa Paggamit ng Koryente at Tubig**
**Kuwento:** ***Munting Patak-Ulan*** *(Kuwento ni Gloria Villaraza Guzman at Guhit ni Roland Mechael Ilagan)*
**Leveled Reader: "Bangui Wind Farm ng Ilocos"**
*(Kuwento ni Ani Rosa Almario; Guhit ni Rea Diwata Mendoza; Litrato nina Jesse Tuason at Jan Michael Benafin)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | PS | Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na:<br>• Nakasasali sa isang usapan tungkol sa pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig | • Pagbibigay–ulat tungkol sa pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig |
| | PS; KP | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa pagtulong sa kapatid, kaklase, at sa matatanda<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa paggalang sa kapuwa |
| 1 | PT | • **F2PT-IIa-j-1.6**<br>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita | • Kuwento: "Bangui Wind Farm ng Ilocos"<br>• Paghawan ng balakid |
| | PN | • **F2PN-IIb-2**<br>Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto | • Pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagtalakay ng kuwento |
| 2 | PN | • **F2PN-IIa-I.3**<br>Nakasasali sa pangkatang gawain at nakasusunod sa napakinggang panuto upang maisagawa ang hinihinging gawain | • Pangkatang gawain |
| | TA | • **F2TA-Oa-j-I**<br>Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento | • Pagtalakay sa kuwento |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita at paghikayat sa mga mag-aaral na pag-usapan ang pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig<br><br>• Paghikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pag-uusap tungkol sa ginawang pagtitipid sa paggamit ng koryente at tubig<br><br>• Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghahawan ng balakid<br><br>• Pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagbabasa ng kuwento at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito | • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita<br><br>• Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| • Pagbibigay ng mga gawain sa bawat pangkat at paggabay sa paggawa ng mga ito | • Pagsali sa pangkatang gawain |
| • Pagtalakay sa kuwento at paghikayat sa mga mag-aaral na ipakita ang ginawa ng kanilang pangkat | • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at pagpakita ng ginawa ng pangkat |

**PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;
**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | PB | • **F2PB-IVd-6**<br>Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto | • Sanhi at bunga |
| | KM | • **F2KM –Ivd-1.5**<br>Nakasusulat ng liham sa tulong ng padron mula sa guro | • Pagsulat ng liham sa tulong ng padron |
| 4 | KP | • **F2KP-IVd-j-6**<br>Nakapagpapalit at nakapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita | • Pagbuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag, pagbawas o pagpalit ng letra |
| 5 | WG | • Nakagagamit ng mga panghalip na tumutukoy sa mga bagay (*ito, iyon, ang mga ito, ang mga iyon*) | • Paggamit ng *ito, iyon, ang mga ito, ang mga iyon* |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas; **WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagtalakay ng sanhi at bunga, batay sa kuwentong binasa ng mga mag-aaral<br>• Pagpasagot ng mga pagsasanay tungkol sa sanhi/dahilan at bunga | • Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa dahilan at bunga |
| • Pagtalakay ng mga bahagi ng liham at kung paano isinusulat ang bawat bahagi<br>• Pagpapakopya ng liham | • Pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga bahagi ng liham at kung paano ang mga ito isinusulat nang wasto<br>• Pagkopya ng liham |
| • Pagtalakay ng pagbuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag, pagbawas o pagpalit ng letra | • Pagsagot ng mga pagsasanay sa pagbuo ng bagong salita |
| • Pagtalakay ng wastong gamit ng panghalip (ito, iyon, ang mga ito, ang mga iyon) sa pamamagitan ng diyalogo | • Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa wastong gamit ng *ito, ang mga ito, iyon, ang mga iyon* |

**PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;
**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas

ARAW

**ARAW-ARAW**

## 1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA

## 2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

## 3 PAGTALAKAY SA PAGTITIPID SA PAGGAMIT NG TUBIG AT KORYENTE

*Alin sa mga larawan ang nagsasaad ng wastong paggamit ng tubig?*



*Alin sa mga larawan ang nagsasaad ng wastong paggamit ng koryente?*



ARAW

**1**

### LAYUNIN

**(1)** **F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita

**(2)** **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto

## 1 PAGHAWAN NG BALAKID

a. *dalampasigan, baybayin*

(Magpakita ng larawan ng malawak na dagat, dalampasigan, baybayin). *Ito ang malawak na dagat. Humahampas ang alon sa 'dalampasigan.' Masarap maglakad sa 'baybayin' ng dagat dahil mahangin dito*

TALAAN

b. *wind turbine at propeler*

(Magpakita ng larawan). *Ito ay isang 'wind turbine.' Mayroon itong 'propeler.' Ang 'propeler' ay nakakabit sa motor. Kapag malakas ang hangin, umiikot itong 'propeler.'*

## 2 PAGGANYAK

*May napapansin ba kayong pagbabago sa inyong bayan? Ano-ano iyon?*

## 3 PANGGANYAK NA TANONG

*Ano ang napapansin ni Ben na pagbabago sa kanilang bayan?*

## 4 PAGBASA NG LEVELED READER

*Ito ang babasahin ninyong aklat. Basahin ang pamagat ng kuwento.*

*Basahin ang pangalan ng may-akda at taga-guhit.*

*Ano-ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat?*

*Hahatiin ko kayo ulit sa dalawang pangkat.*

(Maaaring banggitin ang pangalan ng mga bata na nasa Pangkat 1 at 2). *Makinig sa sasabihin kong gagawin ng Pangkat 1 at 2:*

| Bilang ng Minuto | Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|---|
| 15 | Pupunta sandali ang guro sa Pangkat 2 upang ipaliwanag ang gagawin nila, habang ang mga mag-aaral sa Pangkat 1 ay bubuklat ng leveled reader.<br><br>**Kasama ang guro:** Bawat pares ng bata ay babasa ng kuwento habang pinakikinggan ko. Pagkatapos ng isa o dalawang pahina, magtatanong ako tungkol sa binasa. | Babasahin ninyo nang tahimik ang kuwento at Basahin ang bawat pangungusap at punan ang patlang. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno. |

**PAALALA SA GURO**

Maaari nang basahin ng mga mag-aaral ang pamagat ng kuwento, ang pangalan ng may-akda at tagaguhit nito.

**PAALALA SA GURO**

May dalawang antas ng Leveled Reader na maaaring ipagamit sa iba't ibang grupo ng mag-aaral. Ang Leveled Reader na mas madali ang teksto ay may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat ng aklat. Ang mas mahirap na teksto naman ay may dalawang tuldok na marka sa parehong lokasyon.

Ang mas mahirap na teksto ay babasahin ng "average" o "advanced" na grupo. (Hanapin ang dalawang tuldok na marka sa pabalat ng Leveled Reader.)

Ipabasa ang madaling teksto sa mga mag-aaral na may kahirapan pa sa pagbabasa. (Ibigay ang Leveled Reader na may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat nito.)

| Bilang ng Minuto | Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|---|
| 10 | Basahin ang bawat pangungusap at punan ang patlang. Isulat ang sagot sa inyong kuwad-erno. | **Kasama ang guro:** Basahin nang malakas ang kuwento. Pagkatapos magbasa, basahin at sagutan ang bawat tanong. Magpalitan ng kuwaderno at itsek ang sagot ng kaklase. |

**Bangui Wind Farm ng Ilocos**

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| Tuwing umuuwi si Ben sa Ilocos, lagi niyang napapansin ang isang linya ng matataas na puting poste sa may baybayin. Umiikot ang malalaking blade nito. | Tuwing umuuwi si Ben sa Ilocos, lagi niyang napapansin ang isang linya ng matataas na puting poste sa may baybayin. Umiikot ang malalaking propeler nito.<br>Laging nagtataka si Ben kung ano ang mga ito. |
| "Isa, dalawa, tatlo…dalawampu silang lahat! Ano 'yang mga 'yan, Kuya?" tanong ni Ben kay Kuya Mike. | "Isa, dalawa, tatlo…dalawampu silang lahat! Ano 'yang mga 'yan, Kuya?" tanong ni Ben kay Kuya Mike. "Matagal na akong nagtataka kung ano ang mga iyan. Pero lagi kong nalilimutang itanong." |
| "Yan ang Bangui Wind Farm," sabi ni Kuya Mike. "Wind turbine ang tawag sa mga 'yan." | "Yan ang Bangui Wind Farm," sabi ni Kuya Mike. "Wind turbine ang tawag sa mga 'yan. Itinayo ang mga yan noong 2005. Itinayo ang mga ito sa Bangui dahil walang mga bahay at gusali na maaaring makasagabal sa mga ito." |
| "Bakit itinayo ang mga wind turbine?" tanong ni Ben. "Para malaman natin kung malakas ang hangin?"<br>"Naku, hindi, Ben," natawa si Kuya Mike. "Ang mga wind turbine ang nagsusuplay sa atin ng koryente." | "Bakit itinayo ang mga wind turbine? Anong gamit nila?" tanong ni Ben. "Para malaman natin kung malakas ang hangin?"<br>"Naku, hindi, Ben," natawa si Kuya Mike. "May importanteng gamit ang mga wind turbine. Ang mga wind turbine ang nagsusuplay sa atin ng koryente." |

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| "Paano?" tanong ni Ben.<br>"Ang mga propeler ay nakakonekta sa isang motor. Kapag tuloy-tuloy na umiikot ang motor, nakagagawa ito ng koryente," sagot ni Kuya Mike. | "Paano nakagagawa ang mga ito ng koryente?" tanong ni Ben.<br>"Ang mga propeler ay nakakonekta sa isang motor. Kapag umiihip ang hangin, umiikot ang propeler at umiikot din ang motor. Kapag tuloy-tuloy na umiikot ang motor, nakagagawa ito ng koryente," sagot ni Kuya Mike. |
| "Alam mo, Ben, itinayo ang mga wind turbine sa dalam-pasigan ng Bangui Bay dahil malakas ang hangin dito," sabi ni Kuya Mike. | "Alam mo, Ben, itinayo ang mga wind turbine sa dalampasigan ng Bangui Bay dahil malakas ang hangin dito. Kung mapupuna mo nakaharap sa dagat ang mga propeler dahil ang ihip ng hangin ay nagmumula sa dagat," sabi ni Kuya Mike. |
| "Wow! Ang galing naman!" sabi ni Ben.<br>"Magaling talaga dahil nakagagawa ito ng koryente na di gumagamit ng fossil fuel tulad ng gasoline," sabi ni Kuya Mike. | "Wow! Ang galing naman!" sabi ni Ben.<br>"Magaling talaga dahil nakagagawa ito ng koryente na di gumagamit ng fossil fuel tulad ng gasolina," sabi ni Kuya Mike. |
| "Nagdudulot kasi ng polusyon ang pagsunog ng fossil fuel," paliwanag ni Kuya Mike. | "Bakit magandang di gumamit ng fossil fuel?" tanong ni Ben.<br>"Nagdudulot kasi ng polusyon ang pagsunog ng fossil fuel," paliwanag ni Kuya Mike. |
| "Ang malaganap na paggamit ng fossil fuel ay di nakabubuti sa ating kalusugan at sa ating kalikasan," sabi ni Kuya Mike. | "Ang malaganap na paggamit ng fossil fuel ay di nakabubuti sa ating kalusugan at sa ating kalikasan. Halimbawa na lang 'yung acid rain. Ang acid rain ay nagmumula sa polusyong dulot ng paggamit ng fossil fuel. Nasisira ang mga gubat at halaman natin dahil sa acid rain," sabi ni Kuya Mike. |
| "Kung gayon, dapat magtayo ng mas marami pang wind farm!" sabi ni Ben. | "Kung gayon, dapat magtayo ng mas marami pang wind farm bago masira nang tuluyan ang kalikasan!" sabi ni Ben. |

**TALAAN**

**TALAAN**

| Mga Tanong ng Guro Habang Nagbabasa nang Malakas ang Mga Bata sa Pangkat 1 | Pagsasanay na Sasagutin ng Pangkat 2 Pagkatapos Basahin Nang Tahimik ang Kuwento |
|---|---|
| **Pagkatapos basahin ang p. 1**<br>1. Ano ang napapansin ni Ben tuwing umuuwi siya sa Ilocos? | 1. Ano ang napapansin ni Ben tuwing umuuwi siya sa Ilocos?<br><br>2. Ilan lahat ang puting poste? |
| **Pagkatapos basahin ang p. 3**<br>2. Ano ang tawag sa mga puting poste? Ilan lahat ang nabilang ni Ben na poste? | 3. Sino ang tinanong ni Ben tungkol sa mga puting poste?<br><br>4. Ano ang tawag sa mga poste sa Bangui Wind Farm? |
| **Pagkatapos basahin ang p. 4**<br>3. Bakit itinayo ang mga puting poste? | 5. Bakit itinayo ang mga wind turbine sa may dalampasigan ng Bangui? |
| **Pagkatapos basahin ang p. 5**<br>4. Paano nagsusuplay ng koryente ang mga *wind turbine*? | 6. Ano ang masamang idinudulot ng pagsunog ng *fossil fuel?*<br><br>7. Ano ang magagandang naidudulot ng *wind turbine*? |
| **Pagkatapos basahin ang p. 6**<br>5. Bakit itinayo ang mga *wind turbine* sa may dalampasigan? | 8. Ano ang dapat gawin para maiwasan ang paggamit ng *fossil fuel*? |
| **Pagkatapos basahin ang p. 9**<br>6. Bakit masama ang paggamit ng *fossil fuel*? | |
| **Pagkatapos basahin ang p. 10**<br>7. Kung nakabubuti ang mga wind turbine, ano ba ang dapat nating gawin? | |

**LAYUNIN**

(1) **F2PN-IIa-I.3** Nakasasali sa pangkatang gawain at nakasusunod sa napakinggang panuto upang maisagawa ang hinihinging gawain
(2) **F2TA-Oa-j-I** Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento

**ARAW**

**2**

## 1 PANGKATANG GAWAIN

| Bilang ng Minuto | Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|---|
| 15 | Basahin ang bawat pangungusap at punan ang patlang. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno. | **Kasama ang guro:** Basahin nang malakas ang kuwento. Pagkatapos magbasa, basahin at sagutan ang bawat tanong.<br><br>**Pagsasanay noong unang araw:** Magpalitan ng kuwaderno at itsek ang sagot ng kaklase. |

## 2 PAGSASANAY NA SASAGUTIN NG PANGKAT 1

*Punan ang bawat patlang ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno:*

a. Si Ben ay taga-__________.

b. Si Mike ay __________ ni Ben.

c. Makikita ang mga puting poste sa __________.

d. Ang tawag sa mga puting poste ay __________.

e. Nagsusuplay ng __________ ang mga *wind turbine*.

f. Itinayo ang mga wind turbine sa dalampasigan dahil __________.

g. Nagdudulot ng __________ ang paggamit ng *fossil fuel*.

h. Ang wind turbine ay makikita sa dalampasigan ng __________.

ARAW

3

LAYUNIN

**(1) F2PB-IVd-6** Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto
**(2) F2KM –Ivd-1.5** Nakasusulat ng liham sa tulong ng padron mula sa guro

## I PAGTALAKAY NG SANHI/DAHILAN AT BUNGA

### a. Paglalahad

*Ano ang 'fossil fuel' at 'acid rain'?*

*Ang 'fossil fuel' na kagaya ng gasolina ay galing sa mga hayop at pananim na daan-daang taon nang namatay. Dahil sa pagsunog ng mga ito, nabubuo ang 'carbon dioxide' na nagdudulot ng labis na polusyon sa hangin. Ang polusyong ito ay nakasasama sa kalusugan at kapaligiran at nakapagpapalala sa global warming.*

*Ang 'acid rain' ay maruming ulan; nagiging marumi ito dahil sa mga kemikal na galing sa nasusunog na fossil fuel. Masama ang epekto ng acid rain sa mga pananim, sa mga isda at sa ating kalikasan.*

*Basahin ang pangungusap tungkol sa kuwento:*

- Ang pagsunog ng fossil fuel ay nagdudulot ng polusyon.
  Hindi ito nakabubuti sa ating kalusugan at kalikasan.
  - *Ano ang* sanhi *ng polusyon? Sagot: ang pagsunog ng fossil fuel*
  - *Ano ang* bunga *ng pagsunog ng fossil fuel? Sagot: nagdudulot ng polusyon*
  - *Ano ang* bunga *ng polusyon? Sagot: masama ito sa ating kalusugan at sa kalikasan.*
- Ang acid rain ay maruming ulan na nagmumula sa polusyong dulot ng paggamit ng fossil fuel. Nasisira ang mga gubat at halaman dahil sa acid rain.
  - *Ano ang* sanhi *ng acid rain? Sagot: ang polusyong dulot ng paggamit ng fossil fuel*
  - *Ano ang* bunga *ng acid rain? Sagot: nasisira ang mga gubat at halaman*

TALAAN

**Unang pangungusap:**

| Sanhi o Dahilan | Bunga |
|---|---|
| *nagsusunog ng fossil fuel* | nagdudulot ito ng polusyon |
| *ang polusyon* | masama sa kalusugan at sa kalikasan |

**Pangalawang pangungusap:**

| Sanhi o Dahilan | Bunga |
|---|---|
| polusyong dulot ng paggamit ng *fossil fuel* | nasisira ang kagubatan at mga halaman |

**b. Pagbabalik-aral**

- Ano ang ibig sabihin ng sanhi?
- Ang sanhi ay nagsasaad ng dahilan. Sinasagot nito ang tanong na "bakit nangyari iyon?"
- Ano ang ibig sabihin ng bunga? Ang bunga ay nagsasaad ng resulta. Sinasagot nito ang tanong na "Ano ang naging bunga o resulta?"

## 2 PAGSASANAY

Sabihin ang maaaring maging bunga ng sumusunod:

a. Nasiraan ang school bus na sinasakyan ng mga mag-aaral.
Bunga: ______________________.

b. Nakalimutan ni Junior na gawin ang kaniyang takdang-aralin.
Bunga: ______________________.

c. Nakalimutan ni Ate Rosita na diligin ang mga halaman.
Bunga: ______________________.

d. Nag-aral nang mabuti si Vilma para sa pagsusulit.
Bunga: ______________________.

*Sabihin ang maaaring dahilan:*

a. Masayang naligo sa ulan si Ben. "Tama na Ben," sabi ni Nanay. "Baka ka sipunin." Hindi nakinig si Ben. Kinabukasan, hindi nakapasok sa paaralan si Ben. Bakit kaya?"
Dahilan: ______________________.

**TALAAN**

b. Bumuhos ang malakas na ulan. Bumaha ang mga kalsada. "Paano tayo makapapasok sa opisina?" tanong ni Gina. Bakit kaya hindi makapapasok sa opisina si Gina?
Dahilan: ____________________.

c. Galing si Kiko sa pakikipaglaro. Gutom na gutom siya. Pumunta siya sa kusina. "May tirang adobong manok!" sabi niya."At may tirang kanin." Kumain din siya ng dalawang saging at uminon ng tatlong basong juice. Kinagabihan, sumakit ang tiyan ni Kiko. Bakit kaya sumakit ang tiyan niya?
Dahilan: ____________________.

## 3 PAGSULAT NG LIHAM

**PAALALA SA GURO**

Magbalik-aral sa iba't ibang bahagi ng liham at kung paano isinusulat ang mga ito.

*Maaari tayong sumulat ng liham pasasalamat sa mga pinuno ng lalawigan na naglagay ng wind turbine. Basahin ang liham pasasalamat.*

23 Gabaldon St
Ilocos Norte
Ika-8 ng Oktubre, 2014

Mahal Naming G. Tuazon,

Salamat po sa pagkakaroon ng wind turbine na magsusuplay ng koryente sa ating lalawigan. Naiiwasan po natin ang paggamit ng fossil fuel na masama sa kalusugan at sa ating kalikasan.

Lubos na gumagalang,
Mga Mag-aaral sa
Ikalawang Baitang

a. Basahin ang pamuhatan ng liham. Paano isinusulat ang pangalan ng tirahan?

b. Paano isinusulat ang petsa?

c. Paano isinusulat ang bating panimula?
Anong bantas ang ginagamit?

d. Paano isinusulat ang katawan ng liham?

e. Paano isinusulat ang bating pangwakas?

f. Paano isinusulat ang lagda?

g. Kunin ang kuwaderno at kopyahin nang maayos ang liham.

**LAYUNIN**

**F2KP-IVd-j-6** Nakapagpapalit at nakapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita

**ARAW**

**4**

## I PAGBUO NG BAGONG SALITA SA PAMAMAGITAN NG PAGDAGDAG, PAGBAWAS O PAGPALIT NG LETRA

*Pag-aralan natin ang mga salita sa kaliwang bahagi ng tsart:*

| | |
|---|---|
| daga | dagat |
| tawa | tawag |
| kamot | kamote |
| laba | labas |
| bata | batas |

*Pag-aralan naman natin ang mga salita sa kanang bahagi ng tsart. Paano nabuo ang mga bagong salita sa kanan? Tama! Dinagdagan ng letra ang salita sa kaliwang bahagi ng tsart. Pansinin naman kung paano nabuo ang mga salita sa kanang bahagi ng tsart:*

| | |
|---|---|
| kamay | kama |
| silid | sili |
| pares | pare |
| sundot | sundo |
| sayaw | saya |

*Mapapansin na binawasan ng isang letra ang salita sa kaliwang bahagi ng tsart. Sino ang makapagbibigay ng iba pang halimbawa ng ibang salita na binawasan ng letra upang makabuo ng bagong salita? Tingnan ang pangatlong tsart. Pansinin kung paano nabuo ang mga salita sa kanang bahagi ng tsart:*

| | |
|---|---|
| ka**p**ote | ka**m**ote |
| **s**alita | **b**alita |
| **k**away | **s**away |
| **b**akal | **t**akal |
| bu**h**ok | bu**l**ok |

*Mapapansin na may pinalitang letra sa salita sa kaliwa upang makabuo ng bagong salita. Sino ang makapagbibigay ng salita na nabuo sa pamamagitan ng pagpalit ng isang letra?*

TALAAN

## 2 PAGSASANAY

Bumuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagbawas, pagdagdag o pagpalit ng letra sa bawat salita:

### a. Pagdagdag ng Letra

| Salita | Bagong Salita |
|---|---|
| 1. kawal | |
| 2. pala | |
| 3. sawa | |
| 4. kama | |
| 5. tula | |

### b. Pagbawas ng Letra

| Salita | Bagong Salita |
|---|---|
| 1. tubos | |
| 2. batay | |
| 3. kamay | |
| 4. santal | |
| 5. bukol | |

### c. Pagpalit ng Letra

| Salita | Bagong Salita |
|---|---|
| 1. payong | |
| 2. bahay | |
| 3. baso | |
| 4. gatong | |
| 5. saway | |

**LAYUNIN**

Nakagagamit ng mga panghalip na tumutukoy sa mga bagay (ito, iyon, ang mga ito, ang mga iyon)

**ARAW 5**

## I PAGLALAHAD

*Nasa dalampasigan ang dalawang bata. Pakinggan ang pag-uusap nila:*

Ito ang dalampasigan ng Bangui. Ang Bangui ay bahagi ng Ilocos.

(Itinuturo ng bata ang kinatatayuan nilang dalampasigan)

Iyon bang isla sa malayo ay bahagi pa ng Ilocos?

(Itinuturo ng pangalawang bata ang malayong isla)

a. Ano ang salitang ginamit ng unang bata para ituro ang dalampasigan?

b. Ano ang salitang ginamit ng pangalawang bata para ituro ang malayong isla?

c. Kailan ginagamit ang ito?

d. Kailan ginagamit ang iyon?

> Ginagamit ang **ito** kapag ang tinutukoy na pook o bagay ay malapit sa nagsasalita.
> Ginagamit ang **iyon** kapag ang tinutukoy na pook o bagay ay malayo sa nagsasalita.

*Basahin ang patuloy na pag-uusap ng dalawang bata.*

Tingnan mo ang napulot kong mga shells. Ang mga ito ay ginagamit ko at ng aking mga kaibigan kapag naglalaro kami ng sungka.

(Itinuturo ng bata ang kinatatayuan nilang dalampasigan)

Tingnan mo naman ang mga makikinis na bato doon. Ang mga iyon ay ginagamit din naming pamato kapag naglalaro kami ng piko.

(Itinuturo ng pangalawang bata ang malayong isla)

TALAAN

*Kailan ginamit ng unang bata ang ang mga ito? Kailan ginamit ng pangalawang bata ang 'ang mga iyon'?*

Ginagamit ang **ang mga ito** kapag ang tinutukoy ay higit sa isang bagay na malapit sa nagsasalita.
Ginagamit ang **ang mga iyon** kapag ang tinutukoy na higit sa isang bagay ay malayo sa nagsasalita.

## 2 PAGSASANAY

a. Kumuha ng isang bagay sa inyong bag. Gumawa ng pangungusap tungkol dito. Gamitin ang salitang **ito**.Kumuha ng higit sa isang bagay. Gumawa ng pangungusap gamit ang "ang mga ito."

b. Tumingin sa labas ng kuwarto. Maghanap ng isang bagay sa paligid. Gumawa ng pangungusap tungkol gamit ang salitang "iyon." Maghanap ng higit sa isang bagay sa paligid. Gumawa ng pangungusap gamit ang "ang mga iyon."

ARALIN

# 35

## GABAY SA PAGTUTURO

# IKALAWANG BAITANG FILIPINO

**TEMA: PAGPAPASALAMAT SA ATING TINATAMASANG BIYAYA**

**KUWENTO:** ***PAPEL DE LIHA***

**LEVELED READER: "ISANG KAKAIBANG ARAW"**









**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG**
**FILIPINO**
**YUNIT 4, ARALIN 35**

**Tema: Pagpapasalamat sa Ating Tinatamasang Biyaya**
**Kuwento:** ***Papel de Liha*** *(Kuwento ni Corazon Remigio at Guhit ni Beth Parrocha-Doctolero)*
**Leveled Reader: "Isang Kakaibang Araw"**
*(Kuwento nina Ani Rosa Almario at Yvette Tan; Guhit ni Rea Diwata Mendoza)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | PS | Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na:<br>• Nakasasali sa isang usapan tungkol sa tinatamasang biyaya | • Pagbibigay–ulat tungkol sa tinatamasang biyaya at pagbibigay ng pasasalamat |
| | PS; KP | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin. | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa pagtulong sa kapatid, kaklase at sa matatanda<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa paggalang sa kapuwa |
| 1 | PT | • **F2PT-IIa-j-1.6**<br>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita | • Kuwento: *Papel de Liha*<br>• Paghawan ng balakid |
| | PN | • **F2PN-IIb-2**<br>Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto | • Pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagtalakay ng kuwento |
| 2 | TA | • **F2TA-Oa-j-1**<br>Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento | • Pagtalakay sa kuwento |
| | PS | • **F2PS-IVe-6.5**<br>Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng *story grammar* | • Muling pagsalaysay ng kuwento sa tulong ng *story grammar* |

**DOMAIN:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita at paghikayat sa mga mag-aaral na dugtungan ang mga pangungusap tungkol sa pasasalamat sa tinatamasang biyaya | • Pag-uusap tungkol sa tinatamasang biyaya |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghahawan ng balakid: *ang imis-imis, mantas, naumbok na kutson, papel de liha* | • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita |
| • Pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagbabasa ng kuwento at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito | • Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| • Pagtalakay sa kuwento at paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa talakayan | • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| • Pagtalakay sa mahahalagang bahagi ng kuwento at pagsulat nito sa *story grammar* | • Pagsulat ng mahahalagang bahagi ng kuwento sa *story grammar* |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;<br>**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | WG | • **F2WG-IVe-1** Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon: pagbibigay ng reaksiyon o komento | • Paggamit ng magagalang na pananalita sa pagbigay ng reaksiyon o komento |
| | KM | • **F2KM-IVe-7** Nakasusulat ng isang tugma-tugmaan | • Pagsulat ng isang tugma-tugmaan |
| 4 | KP | • **F2KP-IVe-1.3** Nabibigkas nang wasto ang tunog ng mga diptonggo (*ay, ey, iy, oy, uy*) | • Pagbigkas nang wasto ng mga tunog ng mga diptonggong *ay* at *oy* |
| | AL | • **F2AL-IVe-h-2.3** Natutukoy kung paano nagsisimula at nagtatapos ang isang pangungusap | • Pagsulat ng pangungusap: Paggamit ng malaking titik sa umpisa at paggamit ng wastong bantas sa katapusan nito |
| 5 | EP | • **F2EP-IVen 2.3** Nabibigyang kahulugan ang mga simpleng graph gaya ng *pictograph* | • Pagbigay ng kahulugan sa *pictograph* |

**DOMAIN:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita ng isang dula-dulaan tungkol sa pag-uusap ng bata at ng tiya niya at paghikayat sa mga bata na sumali sa dula-dulaan | • Pagsali sa dula-dulaan at paggamit ng magalang na pananalita |
| • Pagpapakita ng mga halimbawa ng tugma-tugmaan at paghihikayat sa mga mag-aaral na gumawa ng tugma-tugmaan | • Paggawa ng tugma-tugmaan |
| • Pagpabasa ng mga salita na nagtatapos sa diptonggong *ay* at *oy* at pagtalakay ng kahulugan ng mga salita<br>• Pagpasagot ng mga pagsasanay, gaya ng pagkompleto ng mga pangungusap gamit ang mga salitang may diptonggong *ay* at *oy* | • Pagbasa ng mga salitang may diptonggong *ay* at *oy* at pagtalakay ng kahulugan ng mga ito<br>• Pagsagot sa mga pagsasanay |
| • Pagpasulat nang wasto ng mga pangungusap: nag-uumpisa sa malaking titik at paglagay ng wastong bantas | • Pagsulat nang wasto ng mga pangungusap |
| • Pagtalakay sa *pictograph* at pagpasagot ng pagsasanay tungkol dito | • Pagsagot ng tanong tungkol sa *pictograph* |

**PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;
**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas

ARAW

**ARAW-ARAW**

## 1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA

## 2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

## 3 PAGTALAKAY SA TINATAMASANG BIYAYA AT PAANO MAGPAPASALAMAT

Anong biyaya ang natatanggap mo?

Sino ang pasasalamatan mo?

Salamat Po

Maraming salamat po sa aking ______________________
dahil sa _______________________.

ARAW

**1**

**LAYUNIN / MGA LAYUNIN**

**(1)** **F2PT-IIa-j-1.6 F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita

**(2)** **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto

## 1 PAGHAWAN NG BALAKID

a. ang *imis-imis*


Ang *imis-imis* ng ate ko. Wala kang makikitang kalat sa kaniyang kuwarto. Ang taong ang imis-imis ay ___________.

(1) malinis
(2) masungit
(3) mabagal

b. *mantsa*

Naupuan ko ang isang silyang may kalawang. Nagkaroon tuloy ng *mantsa* ang aking palda. Siguradong mahihirapan si Nanay sa pag-alis nitong *mantsa*.

Alin sa mga larawan ang paldang may *mantsa*?



| A | B |
|---|---|

c. *naumbok na kutson*

Malikot matulog si Boboy. Paggising niya, *nakaumbok* ang isang bahagi ng kaniyang kutson. Inayos ito ni Nanay, para maging pantay ang kutson. Kapag *nakaumbok* ang kutson, ito ay ___________.


(1) pantay
(2) manipis
(3) may matambok na bahagi

d. *papel de liha*

(Magpakita ng papel de liha.) Ang tawag dito ay *papel de liha*. Ginagamit ito para sa pagpapakinis ng kahoy na gagawing silya o kabinet. Hawakan ang *papel de liha*. Ano ang naramdaman mo?

## 2 PAGGANYAK

*Ilarawan ang nanay mo. Isulat ang mga katangian niya sa mga kahon.*




## 3 PANGGANYAK NA TANONG

*Sa babasahin kong kuwento, alamin: Paano inilalarawan ng bata ang nanay niya?*

### a. Pagbasa ng Guro ng Kuwento

*Tingnan ang pabalat ng babasahin kong kuwento.*

*Sino ang makababasa ng pamagat?*

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

Sanay na sanay na ang mga mag-aaral sa mga salitang pamagat, may-akda at tagaguhit. Maaaring mabilis na lang ang pagtalakay nito.

TALAAN

*Basahin ang pangalan ng may-akda ng kuwento.*

*Basahin din ang pangalan ng tagaguhit ng mga larawan sa kuwento.*

*Ano ang nakikita ninyo sa larawan?*

**b. Mga Tanong Habang Binabasa ang Kuwento**

- Ano ang sinasabi ng bata tungkol sa nanay niya?
- Ano-ano ang ginagawa niya sa kusina?
- Ano-ano ang ginagawa niya sa sala?
- Ano-ano ang ginagawa niya sa silid ng bata?
- Ano-ano ang ginagawa niya sa paliguan?
- Ano-ano naman ang ginagawa niya sa bakuran?
- Ano kaya ang ibig sabihin ng kamay na parang papel de liha?
- Parang papel de liha nga ba ang kamay ng nanay ng bata?
- Paano ito nalaman ng bata?

ARAW

**2**

**LAYUNIN**

**(1) F2TA-Oa-j-1** Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento

**(2) F2PS-IVe-6.5** Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng story grammar

## I PANGALAWANG PAGBASA NG KUWENTO

*Ang kuwentong binasa ko kahapon ay magandang pakinggan kapag binabasa dahil sa magkakatugmang mga salita.*

*Babasahin nating muli ang kuwento. Kayo ang magbabasa ng magkakatugmang salita. Halimbawa kapag binasa ko:*

Ang nanay ko, ang imis-imis.<br>
Pag may duming nakadikit,<br>
Kiskis dito, ___________.

(Babasahin ng guro ang kuwento at babasahin ng mga mag-aaral ang magkakatugmang mga salita.

TALAAN

## 2 PAGTALAKAY NG *STORY GRAMMAR*

*Pag-usapan natin ang binasa kong kuwento.*

*Ang mga sagot ninyo sa tanong ko ay isusulat ko dito sa tsart:*

| | |
|---|---|
| Ano ang pamagat ng kuwento? | **Pamagat:** ___________ |
| Saan nangyari ang kuwento? | **Lugar ng Pangyayari:** ___________ |
| Sino-sino ang tauhan? | **Mga Tauhan:** |
| | 1. |
| | 2. |
| | 3. |
| Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento? | **Mga Pangyayari sa Kuwento:** |
| Sabihin ang nangyari sa umpisa: | **Umpisa:** ___________ |
| Sabi ni Tiya Maring hindi na hahawakan ni Tatay ang kamay ni Nanay. | |
| 1. Ano ang sinabi ni Tiya Maring na dahilan? | **Dahilan:** ___________ |
| 2. Ano ang magiging bunga ng magaspang na kamay ni Nanay? | **Bunga:** __________ |
| 3. Ano ang naging problema ng bata? | **Problema ng bata:** __________ |
| 4. Ano ang naging solusyon niya? | **Solusyon:** __________ |
| 5. Tama ba ang sinabi ni Tiya Maring na problema? | **Nalaman ng bata na** __________ |
| 6. Ano ang naging katapusan ng kuwento? | **Katapusan:** ___________ |

*Basahin ang mga sagot ninyo.*

*Ang tawag sa tsart na ito na naglalaman ng pamagat ng kuwento, lugar na pinangyarihan, mga tauhan, at mahahalagang pangyayari at katapusan ay tinatawag na 'story grammar.'*

Basahin ang mga nilalaman ng *story grammar*. Ikuwentong muli ang kuwentong *Papel de Liha* gamit ang mga nilalaman ng *story grammar*.

TALAAN

| | |
|---|---|
| **Lugar ng Pangyayari**<br>Saan nangyari ang kuwento? | |
| **Mga Tauhan**<br>Sino-sino ang tauhan? | 1.<br>2<br>3. |
| **Mga Mahahalagang Pangyayari**<br>Simulang Pangyayari<br>Ano ang unang nangyari? | |
| **Naging Problema**<br>Ano ang naging problema? | |
| **Solusyon**<br>Ano ang ginawa ng bata para malaman ang totoo? | |
| **Katapusan**<br>Ano ang naging katapusan ng kuwento? | |

*Sa isang linggo tatalakayin nating muli ang story grammar pagkatapos nating magbasa ng isa pang kuwento.*

ARAW **3**

### LAYUNIN

**(1) F2WG-IVe-1** Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon: pagbibigay ng reaksiyon o komento
**(2) F2KM-IVe-7** Nakasusulat ng isang tugma-tugmaan

## I PAGLALAHAD

*Kunwari bumisita uli si Tita Maring sa bahay ng bata. Gusto ng bata na magbigay ng reaksiyon sa komento ni Tita Maring tungkol sa magaspang na kamay ni Nanay na parang papel de liha. Basahin ang usapan nila:*

**Bata:** Magandang umaga Tita Maring. Mano po.
**Tita Maring:** Magandang umaga naman. Pagpalain ka ng Maykapal.
**Bata:** Tita Maring, alam ko na po kung ano ang papel de liha. Magaspang po pala iyon kapag hinawakan.
**Tita Maring:** Oo, kasi ginagamit iyon na pampakinis ng kahoy.

**Bata:** Tita Maring, hindi naman po parang papel de liha ang kamay ni Nanay. Noong maysakit po ako hinimas niya ang mga braso ko. Hindi naman po mahapdi ang himas niya.

**Tita Maring:** Ay, talaga? Sinabi ko iyon para ipaalala sa kanya na baka hindi na hawakan ni Turing ang kamay niya.

**Bata:** Hindi po totoo yon. Kahapon nakita ko po magkahawak-kamay sina Nanay at Tatay.

TALAAN

## 2 PAGTUTURO

*Ano ang sinabi ni Tita Maring tungkol sa kamay ni Nanay?*

*Ano ang reaksiyon ng bata sa komento ni Tita Maring tungkol sa kamay ni Nanay?*

*Anong magagalang na salita ang ginamit ng bata sa pagbigay ng komento?*

## 3 GINABAYANG PAGSASANAY

*Isadula nga natin ang pag-uusap nina Tita Maring at ng bata.*

*Kunwari ang isa sa inyo ay gaganap ng papel ng bata. Ang isa naman ay gaganap ng papel ni Tita Maring.*

## 4 PAGGAWA NG TUGMA-TUGMAAN

### a. Paglalahad

Basahin ang mga tugmaan buhat sa binasa kong kuwento:

(1) Ang nanay ko ang imis-imis
Gusto niya ang bahay, palaging malinis.

(2) Inayos ni nanay ang aking gamit,
At tinupi niya ang aking damit.

(3) Pumunta si Nanay sa bakuran,
Diniligan niya ang mga halaman.

(4) Nang hawakan ko si Nanay
Hindi naman magaspang ang kaniyang kamay.

- Ano-ano ang salitang magkatugma sa unang kahon?
- Ano-ano ang salitang magkatugma sa pangalawang kahon?
- Ano-ano ang salitang magkatugma sa pangatlong kahon?
- Ano-ano ang salitang magkatugma sa pang-apat na kahon?

TALAAN

### b. Ginabayang Pagsasanay

Basahin ang mga tugma-tugmaan sa bawat kahon. Punan ng salitang kasintunog ng salita sa unang linya:

(1) Ang mga tuyong dahon,
Inilagay niya sa lumang ___________.

(2) Naistorbo ang kaniyang mahimbing na tulog.
Nang dumagundong ang malakas na ___________.

(3) Masayang-masaya ang matabang bata.
Nang makita ang nawawala niyang ___________.

(4) Masipag ang aking Tatay,
At mapagmahal ang aking ___________.

## 5 PAGSASANAY

Basahin ang pares ng salitang magkatugma. Pumili ng dalawang pares at gawan ng tugma-tugmaan:

| | | |
|---|---|---|
| lupa<br>sapa | kamatis<br>patis | talong<br>bulong |
| kubo<br>tubo | pinto<br>hinto | |

## ARAW 4

### LAYUNIN

**(1) F2KP-IVe-1.3** Nabibigkas nang wasto ang tunog ng mga diptonggo *(ay, ey, iy, oy, uy)*

**(2) F2AL-IVe-h-2.3** Natutukoy kung paano nagsisimula at nagtatapos ang isang pangungusap

## 1 PAGLALAHAD

Ang mga salita sa bawat kahon ay nagtatapos sa ‘ay’ at ‘oy.’ Basahin ang bawat salita:

| | |
|---|---|
| bahay | kahoy |
| nanay | tuloy |
| tatay | kasoy |
| tulay | unggoy |
| kaway | ukoy |
| saway | laboy |
| tinapay | simoy |
| inakay | tukoy |
| palay | tukoy |
| saway | itutuloy |
| kalamay | tinutukoy |

## 2 PAGTALAKAY

Ang mga salita sa kaliwang bahagi ng tsart ay nagtatapos sa –ay. Aling salita ang hindi ninyo alam ang kahulugan?

Ang mga salita sa kanan ng tsart ay nagtatapos sa –oy. Aling salita ang hindi ninyo alam ang kahulugan?

## 3 GINABAYANG PAGSASANAY

Punan ang bawat patlang ng salitang may diptonggong –ay o –oy. Piliin ang sagot sa mga salita sa kahon:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| inakay | bahay | unggoy | tulay | kahoy |

a. Dumaan ang sasakyan sa mahabang __________.

b. Ang inahing manok at ang kaniyang mga __________ ay nasa bakuran.

c. Mahilig kumain ng saging ang __________.

d. Naglilinis si ate ng aming __________.

e. Ang aparador ay gawa sa matigas na __________.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ukoy | simoy | palay | tinapay | saway |

f. Ano kaya ang palaman ng __________?

g. Maraming hipon ang nilutong __________.

h. Malamig ang __________ ng hangin.

i. "Tumigil na kayo sa pag-aaway," ang __________ ni Lola kay ate at kuya.

j. Galing sa __________ ang mga puting butil ng bigas.

TALAAN

TALAAN

## 4 PAGBABAYBAY

Isulat sa kuwaderno ang ididikta kong salita:

a. ukoy
b. kahoy
c. saway
d. nakasampay
e. kalamay
f. tinapay
g. unggoy
h. inakay
i. itutuloy
j. tinutukoy

## 5 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

Gumawa ng pangungusap gamit ang sumusunod na mga salita:

a. kahoy
b. tulay
c. kalamay
d. sinampay
e. unggoy
f. inakay
g. kahoy
h. tinapay

## 6 PAGLALAHAD

Basahin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Inayos ni Ate Mila ang nagkalat na mga laruan sa sala.

b. Saan kaya niya itinago ang aking manika?

c. Naku! Kagat-kagat ng aso ang aking laruan!

d. Saan kaya ako makabibili ng papel de liha?

e. Ang linis ng kuwarto namin! Ang kintab ng sahig!

- Anong napapansin ninyo sa bawat pangungusap?
- Tama, nag-uumpisa ang mga ito sa malaking titik.
- Ano ang inilalagay sa katapusan ng bawat pangungusap?
- Tama. May iba't ibang bantas sa katapusan ng pangungusap.
- Ano-ano ang tawag sa iba't ibang bantas?
- Tama. Ang tawag sa mga bantas ay tuldok, tandang pananong at tandang padamdam.
- Kailan ginagamit ang bawat bantas?

**PAALALA SA GURO**

Ang pangungusap ay nag-uumpisa sa malaking letra.

Nagtatapos ang pangungusap sa iba't ibang bantas: tuldok, tandang pananong at tandang padamdam.

Ginagamit ang tuldok (.) sa pangungusap na pasalaysay at pautos.

Ginagamit ang tandang pananong sa mga pangungusap na nagtatanong. Ginagamit rin ito sa pangungusap na nakikiusap.

Ginagamit ang tandang padamdam sa pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin.

**ARAW**


**5**

**LAYUNIN**

**F2EP-IVen 2.3** Nabibigyang kahulugan ang mga simpleng graph gaya ng pictograph

## 1 PAGBIGAY NG KAHULUGAN SA *PICTOGRAPH*

Sa likod ng bahay nina Ana, may mga tanim na kamatis si Tatay.
Si Ana ang tagapitas ng mga hinog na kamatis. Ito ang talaan ng mga pinitas niya:




Bawat  ay katumbas ng sampung kamatis.

Ang talaan ni Ana ay tinatawag na *pictograph*. Nakaguhit sa *pictograph* ang larawan ng kamatis.

May katumbas ang bawat kamatis. Bawat isa ay katumbas ng sampu.

## 2 GINABAYANG PAGSASANAY

*Ilista natin ang bilang ng pinitas niyang kamatis sa bawat linggo:*

a. Unang linggo: ___________

b. Pangalawang linggo: ___________

c. Pangatlong linggo: ___________

d. Pang-apat na linggo: ___________

e. Aling linggo ang pinakamarami ang napitas na kamatis ni Ana?

_____________

f. Aling linggo ang pinakakaunti ang napitas na kamatis ni Ana?




___________

**TALAAN**

## 3 PAGSASANAY

*May proyekto sa paaralan ni Juanito. Magpapagawa sila ng kabinet na lalagyan ng mga aklat sa silid-aralan nila.*

*Mag-iipon ang mga mag-aaral ng mga boteng wala nang laman at ipagbibili nila ang mga ito. Kinausap ni Juanito ang mga kapitbahay na ibigay sa kaniya ang mga bote ng suka, patis, toyo, at ketchup. Bilangin ang mga naipon niyang bote:*

| Araw | Mga Nakolektang Bote | Ilan lahat? |
|---|---|---|
| Lunes | labindalawang bote  | |
| Martes | labing-anim na bote  | |
| Miyerkules | sampung bote  | |
| Huwebes | labingwalong bote  | |
| Biyernes | labing-apat na bote  | |

**TALAAN**

| Araw | Mga Nakolektang Bote | Ilan lahat? |
|---|---|---|
| Sabado | labinlimang bote  | |
| Linggo | dalawampung bote  | |

Bawat bote  ay katumbas ng dalawang bote.

a. Anong araw ang pinakamaraming nakolektang bote si Juanito?
__________

b. Anong araw ang pinakakaunti ang nakolekta niya? __________

c. Anong dalawang araw ang pareho ang bilang ng nakolekta niya?
___________ at __________.

d. Ilan lahat ang nakolekta niyang bote sa loob ng isang linggo?
__________

**Takdang Aralin:** *Gumawa ng pictograph. Pumili ng isa sa sumusunod:*

1. Tanungin ninyo ang nagtitinda ng isda sa talipapa kung ilang kilong isda ang nabibili sa kaniya sa loob ng isang linggo.
2. Tanungin ang tindera sa kantina kung ilang baso o pack ng juice ang nabibili sa kaniya mula Lunes hanggang Biyernes.
3. Tanungin ang diyanitor kung ilang kuwarto ang nalilinis niya araw-araw sa loob ng isang linggo.

(Maaaring ibang sitwasyon ang ibigay, depende sa tinitirhan ng mag-aaral).

ARALIN

# 36


## GABAY SA PAGTUTURO

# IKALAWANG BAITANG FILIPINO

**TEMA: PAGPAPASALAMAT SA ATING TINATAMASANG BIYAYA**

**KUWENTO:** ***PAPEL DE LIHA***

**LEVELED READER: "ISANG KAKAIBANG ARAW"**









## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG FILIPINO YUNIT 4, ARALIN 36

**Tema: Pagpapasalamat sa Ating Tinatamasang Biyaya**
**Kuwento:** ***Papel de Liha*** *(Kuwento ni Corazon Remigio at Guhit ni Beth Parrocha-Doctolero)*
**Leveled Reader: "Isang Kakaibang Araw"**
*(Kuwento nina Ani Rosa Almario at Yvette Tan; Guhit ni Rea Diwata Mendoza)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | PS | Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na:<br>• Nakasasali sa isang usapan tungkol sa kabutihan ng mga magulang | • Pagbibigay–ulat tungkol sa kabutihan ng mga magulang |
| | PS; KP | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa pagtulong sa kapatid, kaklase at sa matatanda<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa paggalang sa kapuwa |
| 1 | PT | • **F2PT-IVf-i-1.10**<br>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita (paggamit ng mga bagong salita sa konteksto) | • Kuwento: "Isang Kakaibang Araw"<br>• Paghawan ng balakid |
| | TA | • Nababasa ang kuwento nang may angkop na ekspresyon | • Pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagbasa ng kuwento |
| | PB | • **F2PB-IVf-3.1.2**<br>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto | • Pagtalakay ng kuwento |
| 2 | TA | • Nakababasa ng kuwento nang may wastong tatas | • Pagbasa nang malakas ng kuwento |
| | KM | • Nakasusulat ng isang talata tungkol sa payaso | • Pagsulat ng talata |
| | PB | • Nababaybay ang mga salita na hango sa binasang kuwento | • Pagbaybay ng mga salitang hango sa kuwento |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita at paghikayat sa mga mag-aaral na pag-usapan ang kabutihan ng mga magulang | • Pag-uusap tungkol sa kabutihan ng mga magulang |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghahawan ng balakid: *pumapasada, bukod-tangi, payaso* | • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita |
| • Pagbigay ng pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pangkat 1: Pagpabasa ng kuwento nang malakas at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito<br>• Pangkat 2: Pagpabasa nang tahimik ng kuwento at pagsagot sa pagsasanay | • Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pangkat 1: Pagbasa nang malakas ng kuwento at pagsagot sa mga tanong<br>• Pangkat 2: Pagbasa ng kuwento nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay tungkol sa kuwento |
| • Pangkat 1: Pagpabasa ng leveled reader | • Pagbasa nang malakas ng leveled reader at pagsagot ng mga tanong |
| • Pangkat 2: Pagpasulat ng talata tungkol sa payaso | • Pagsulat ng talata tungkol sa payaso |
| • Pagpapabaybay ng mga salitang hango sa binasang kuwento | • Pagbaybay ng mga salitang hango sa binasang kuwento |

**PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;
**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | PB | • **F2PB-IVf-5.3** Naisasalaysay muli ang binasang teksto sa pamamagitan ng *story grammar* | • Pagsalaysay ng kuwento sa pamamagitan ng *story grammar* |
| | PS | • **F2PS-IVf-i-5.4** Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isang napanood na palabas | • Pagsali sa usapan tungkol sa napanood na palabas |
| 4 | KM | • **F2KM-IVf-i-10** Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas, gamit ng malaki at maliit na letra upang maipahayag ang ideya, damdamin o reaksiyon sa isang paksa o isyu | • Pagsulat ng reaksiyon sa isyu gamit ang wastong baybay, bantas at malaki at maliit na letra |
| 5 | WG | • Nakagagamit ng pang-uri sa pagpapahayag ng sariling ideya o opinyon | • Paggamit ng pang-uri sa pagpahayag ng opinyon |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapasalaysay sa kuwento sa pamamagitan ng *story grammar* | • Pagsalaysay ng binasang kuwento sa pamamagitan ng *story grammar* |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa usapan tungkol sa napanood na palabas | • Pagsali sa usapan tungkol sa napanood na palabas |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sumulat ng reaksiyon<br>• Pagpaalala ng paggamit ng wastong baybay, bantas, at malaki at maliit na letra | • Pagsulat ng reaksiyon tungkol sa isang paksa gamit ang wastong baybay, bantas at malaki at maliit na letra |
| • Pagtalakay ng paggamit ng wastong pang-uri<br>• Paghikayat sa mga mag-aaral na ipahayag ang sariling ideya gamit ang wastong pang-uri | • Pagsulat ng sariling ideya gamit ang wastong pang-uri |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

ARAW

ARAW-ARAW

## 1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA

## 2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

## 3 PAGTALAKAY SA MGA GINAGAWANG KABUTIHAN NG MGA MAGULANG

| |
|---|
| Ang Aking ________________ (Ina, Ama) |
| Mahal na mahal ako ng aking ___________. |
| ____________________________________________. |

ARAW

1

### LAYUNIN

**(1)** **F2PT-IVf-i-1.10** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita (paggamit ng mga bagong salita sa konteksto)
**(2)** Nababasa ang kuwento nang may angkop na ekspresyon
**(3)** **F2PB-IVf-3.1.2** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto

## 1 PAGBASA NG MGA PARIRALA

sumama sa pasada

drayber ng dyipni

bukod-tanging pasahero

umihip ng isang mahabang lobo

sumenyas sa mga kapuwa pasahero

estudyanteng papasok ng eskuwela

aleng mamamalengke

paulit-ulit na ginawa

ipinilipit niya

## 2 PAGHAWAN NG BALAKID

a. *pumapasada*
*Pumapasada* ng dyipni Si Mang Fidel. Siya ay maingat na drayber. Kapag pumapasada ang isang tao, siya ay __________.

(1) nagsasaayos ng trapiko
(2) sumasakay sa sasakyang pampasahero
(3) nagmamaneho ng sasakyang pampasahero

b. *bukod-tangi*
*Bukod-tangi* sa aming klase si Marina. Siya lang ang pumapasok sa paaralan na may kasamang yaya, habang lahat kami ay pumapasok na mag-isa. Kapag bukod-tangi ang isang tao, siya ay __________.

(1) naiiba sa lahat
(2) kapareho ng lahat
(3) pinakamaganda sa lahat

c. *payaso*
Magpakita ng larawan ng *payaso.*
Ang *payaso* ay isang tao na ang trabaho ay __________.

## 3 PAGGANYAK

*Ilarawan ang mga pasahero sa sinasakyan ninyong dyipni o traysikel.*

## 4 PANGGANYAK NA TANONG

*Ilarawan ang mga pasahero sa dyipni na minamaneho ng tatay ng bata.*

## 5 PAGBASA NG LEVELED READER

*Ito ang babasahin ninyong aklat. Basahin ang pamagat ng kuwento. Basahin ang pangalan ng may-akda at tagaguhit.*

*Ano-ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat?*

**TALAAN**

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

May dalawang antas ng Leveled Reader na maaaring ipagamit sa iba't ibang grupo ng mag-aaral. Ang Leveled Reader na mas madali ang teksto ay may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat ng aklat. Ang mas mahirap na teksto naman ay may dalawang tuldok na marka sa parehong lokasyon.

Ang mas mahirap na teksto ay babasahin ng "average" o "advanced" na grupo. (Hanapin ang dalawang tuldok na marka sa pabalat ng Leveled Reader.)

Ipabasa ang madaling teksto sa mga mag-aaral na may kahirapan pa sa pagbabasa. (Ibigay ang Leveled Reader na may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat nito.)

*Hahatiin ko kayo ulit sa dalawang pangkat. (Maaaring banggitin muli ang pangalan ng mga bata na nasa Pangkat 1 at 2). Makinig sa sasabihin kong gagawin ng Pangkat 1 at 2:*

| Bilang ng Minuto | Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|---|
| 15 | Buklatin ang bawat pahina at tingnan ang mga larawan habang nagbibigay ako ng panuto sa Pangkat 2.<br><br>**Kasama ng guro:** Bawat pares ng bata ay babasa ng kuwento habang pinapakinggan ko. Pagkatapos ng isa o dalawang pahina, magtatanong ako tungkol sa binasa. | **Guro:** Magbabasa kayo nang tahimik ng kuwento at sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol dito.<br><br>(Nagbabasa nang tahimik. Sasagot ng pagsasanay pagkatapos magbasa) |
| 15 | Basahin ang bawat pangungusap at punan ang patlang. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno. | **Kasama ang guro:** Basahin nang malakas ang kuwento. Pagkatapos magbasa, basahin at sagutan ang bawat tanong. Magpalitan ng kuwaderno at itsek ang sagot ng kaklase. |

**Leveled Reader: "Isang Kakaibang Araw"**

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| "Tay, pwede ba akong sumama sa pasada ninyo?" tanong ko kay tatay. "Sabado naman ngayon e." Sandaling nag-isip si tatay bago niya sinabing, "sige ba, anak!" | "Tay, pwede ba akong sumama sa pasada ninyo?" tanong ko kay Tatay. "Sabado naman ngayon e." Sandaling nag-isip si tatay bago niya sinabing, "sige ba, anak!" Umakyat ako sa dyip ni tatay at umupo sa tabi niya. |
| At doon nagsimula ang isang kakaibang araw para sa akin. Drayber kasi ng dyipni ang tatay ko. At ngayong araw ay kasama niya akong pumasada! | At doon nagsimula ang isang kakaibang araw para sa akin. Drayber kasi ng dyipni ang tatay ko. At ngayong araw ay kasama niya akong pumasada! Tuwing sumasama ako sa pasada, ako ang opisyal na tagakolekta ng bayad. |

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| Iba't ibang tao ang sumasakay sa dyipni ni tatay. May mga estudyanteng papasok ng eskuwela. May aleng mamamalengke. May nanay na may kasamang anak. Pero may isang taong sumakay na bukod-tangi. | Iba't ibang tao ang sumasakay sa dyipni ni tatay. May mga estudyanteng papasok ng eskuwela. Nakasuot sila ng uniporme at maraming dalang libro. May aleng mamamalengke na may dalang bayong. May nanay na may kasamang anak. Pero may isang taong sumakay na bukod-tangi. |
| Ang suot niya'y makulay at muluwang na kamiseta at pantalon. Napakalaki ng sapatos niyang pula! Pula rin ang ilong niya. Puting-puti ang mukha niya at kulay asul ang kulot niyang buhok. | Ang suot niya'y makulay na kamiseta at pantalon na sobrang luwang sa kaniya. Napakalaki ng sapatos niyang pula! Pula rin ang ilong niya. Puting-puti ang mukha niya at kulay asul ang kulot niyang buhok. |
| Hindi ko mapigilang tingnan ang kakaibang taong ito sa salamin. Tinititigan din siya ng katabi niya. Ngumiti siya sa mga kasakay niya sabay labas ng limang bola mula sa kaniyang bulsa. Isa-isa niyang itinapon ang mga bola pataas at sinalo. Paulit-ulit niya itong ginawa. Napapalakpak kaming lahat! | Hindi ko mapigilang tingnan ang kakaibang taong ito sa salamin. Tinititigan din siya ng mga katabi niya. Ngumiti siya sa mga kasakay niya sabay-labas ng limang bola mula sa kaniyang bulsa. Isa-isa niyang itinapon ang mga bola pataas at sinalo. Paulit-ulit niya itong ginawa at wala ni isang bolang nahulog! "Wow! Ang galing!" sabi ng kaniyang mga kasakay at pumalakpak kaming lahat. |
| Pagliko namin sa isang kanto, may inilabas naman siya sa isa pa niyang bulsa. Umihip siya ng isang mahabang lobo. Pagkatapos, ipinilipit niya ang lobo para maging korteng aso ito. Nagpalakpakan uli ang ibang mga pasahero ni tatay. | Pagliko namin sa isang kanto, may inilabas naman siya sa isa pa niyang bulsa. Inilagay niya ito sa kaniyang bibig at nagsimula siyang umihip. Makaraan ng ilang sandali naging isang mahabang lobo ito. Pagkatapos, ipinilipit niya ang lobo. "Wow! Nagmukhang aso ang lobo!" sigaw ko. Nagpalakpakan uli ang ibang mga pasahero ni Tatay. |

**TALAAN**

TALAAN

| Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|
| Nang malapit na kami sa plasa, may inilabas naman siyang bulaklak. Inamoy niya ito at sumenyas sa mga kapuwa pasahero para amuyin din nila ang hawak niyang bulaklak. | Nang malapit na kami sa plasa, may inilabas naman siyang makulay na bulaklak. Inamoy niya ito. Tila ang bango ng bulaklak dahil napapikit siya at napangiti. Sumenyas siya sa mga kapuwa pasahero niya para amuyin din nila ang hawak niyang bulaklak. |
| Inamoy nga ng aleng katabi niya ang bulaklak. Bigla na lang may lumabas na tubig sa bulaklak! Nabasa ang mukha ng ale. Pero hindi siya nagalit—napangiti pa siya! | Inamoy nga ng aleng katabi niya ang bulaklak. Bigla na lang may lumabas na tubig sa bulaklak! Nabasa ang mukha ng ale. Pero hindi siya nagalit—napangiti pa siya! Tumawa nang malakas ang iba pang pasahero. |
| "Para po!" sabi ng kakaibang mama. Inabot niya sa akin ang bayad at isang lobo. "Maraming salamat po!" ang sabi ko. | "Para po!" sabi ng kakaibang mama. Inabot niya sa akin ang bayad niya at ibinigay niya ang lobong aso sa akin. "Maraming salamat po!" ang sabi ko. Tumingin ako kay tatay na nakangiti rin. Nagpasalamat din si tatay sa mama. |
| Tumingin ako sa bahay na pinagbabaan niya—maraming lobo at maraming bata. Mukhang may party! Kakaiba talaga ang araw na ito! | Tumingin ako sa bahay na pinagbabaan niya—maraming lobo at maraming bata. Mukhang may party! Kakaiba talaga ang araw na ito! Parang nag-party din kami sa loob ng dyipni ni tatay dahil sa payasong pasahero namin! |

| Mga Tanong Habang Nagbabasa ang Mga Mag-aaral | Mga Tanong Pagkatapos Basahin ang Kuwento: (sasagutin sa kuwaderno) |
|---|---|
| **Pagkatapos basahin ang pahina 2:**<br>1. Ano ang hanapbuhay ng tatay ng bata?<br>2. Ano ang pakiusap ng bata?<br>**Pagkatapos basahin ang pahina 4:**<br>3. Sino-sino ang sumakay sa dyipni?<br>4. Bakit bukod-tangi ang isang pasahero?<br>**Pagkatapos basahin ang pahina 6:**<br>5. Ano ang unang inilabas ng kakaibang pasahero?<br>6. Ano naman ang inilabas niya pagliko ng dyipni sa kanto?<br>**Pagkatapos basahin ang pahina 8:**<br>7. Ano naman ang inilabas niya nang malapit na ang dyipni sa plasa?<br>8. Anong nangyari nang amuyin ng babae ang bulaklak?<br>**Pagkatapos basahin ang pahina 10:**<br>9. Ano ang iniabot niya sa bata nang bumaba siya?<br>10. Sino kaya ang pasaherong ito?<br>11. Ano kaya ang gagawin niya sa pagdiriwang? | 1. Ano ang pakiusap ng bata sa tatay niya?<br>2. Bakit pinayagan ng tatay na sumama ang anak niya sa pamamasada?<br>3. Ano ang ginagawa niya tuwing sumasama siya sa tatay niya sa pamamasada?<br>4. Sino-sino ang pasahero ng dyipni?<br>5. Ilarawan ang bukod-tanging pasahero.<br>6. Ano ang una niyang ginawa?<br>7. Ano ang ginawa niya pagliko ng dyipni sa kanto?<br>8. Ano ang inilabas niya nang malapit na ang dyipni sa plasa?<br>9. Ano ang nangyari nang amuyin ng ale ang bulaklak?<br>10. Sino ang kakaibang pasa hero?<br>11. Ano kaya ang gagawin niya sa pagdiriwang? |

**TALAAN**

ARAW

2

## LAYUNIN

**(1)** Nakababasa ng kuwento nang may wastong tatas
**(2)** Nakasusulat ng isang talata tungkol sa payaso
**(3)** Nababaybay ang mga salita na hango sa binasang kuwento

## 1 PAGBASA NANG MALAKAS NG KUWENTO

| Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|
| **Kasama ang guro:** Babasahin ng bawat bata ang kuwento. Magtatawag ako ng bata na pakikinggan kong magbasa | Basahing muli nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos, iguhit ang payaso na inilalarawan sa pahina 4. Ilarawan siya. Maaaring gamitin ang padron sa tsart. |

## 2 PAGSULAT NG TALATA

**a. Pangkat 1: Punan ang patlang ng tamang sagot batay sa kuwentong binasa:**

(1) Nangyari ang kuwento sa araw na ___________.
(2) ___________ ng dyipni ang tatay ng bata.
(3) Maraming sumakay na ___________ sa dyipni.
(4) Kakaiba ang hitsura ng sumakay na ___________.
(5) Ang unang ginawa ng payaso ay nagtapon ng tatlong _____________ at sinalo ang mga ito.
(6) Ginawa rin niyang korteng ___________ ang lobo.
(7) Nang amuyin ng ale ang bulaklak, may lumabas na ___________.
(8) Binigyan ng payaso ang bata ng ___________.

**b. Pangkat 2: Paglalarawan sa Payaso**

**Ang Payaso**

Ang mukha niya ay ____________. Kulay _____________ ang kanyang ilong at kulay ____________ naman ang kanyang kulot na buhok. Nakasuot siya ng ____________ na kamiseta at ____________ na pantalon. Ang sapatos niya na kulay ____________ ay ____________,

TALAAN

## 3 PAGBABAYBAY

*Tatawag ako ng dalawa sa inyo na susulat sa pisara ng bawat salitang sasabihin ko samantalang ang iba naman ay isusulat ang salita sa kanilang kuwaderno:*

| | |
|---|---|
| a. pasahero | f. payaso |
| b. pumapasada | g. amuyin |
| c. tagakolekta | h. eskuwela |
| d. nagpalakpakan | i. napangiti |
| e. bulaklak | j. bukod-tangi |

**LAYUNIN**

**(1) F2PB-IVf-5.3** Naisasalaysay muli ang binasang teksto sa pamamagitan ng *story grammar*
**(2) F2PS-IVf-i-5.4** Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isang napanood na palabas

**ARAW**
**3**

## 1 PAGSASALAYSAY NG KUWENTO GAMIT ANG STORY GRAMMAR

*Kahapon pinag-usapan natin ang story grammar. Sabihin ang mga isinusulat sa 'story grammar'. Basahin natin ang tsart ng 'story grammar'. Mapapansin na sa halip ng dahilan at bunga, ang nakalagay ay una hanggang panlimang pangyayari. Bakit kaya? Dahil sa kuwentong binasa natin ngayon, walang dahilan at bunga; sa halip ikukuwento ninyo ang sunod-sunod na pangyayari. Papunuan sa mga bata ang inihandang story grammar tsart.*

| | |
|---|---|
| Saan nangyari? | |
| Sino-sino ang tauhan? | |
| Mga Pangyayari: | |
| Unang nangyari | |
| Pangalawang nangyari | |
| Pangatlong nangyari | |
| Pang-apat na nangyari | |
| Panlimang nangyari | |
| Katapusan ng kuwento | |

Talakayin ang mga salitang ginamit sa pagsasalaysay ng napakinggan o nabasang kuwento.

TALAAN

## 2 PAGSALAYSAY NG NAKITANG PALABAS

### a. Paglalahad

*Kunwari isinama ng payaso ang bata sa pagdiriwang. Nakita niya ang palabas ng payaso. Isalaysay ang nakitang palabas.*

- May nagkantahan ba ng Maligayang Bati?
- Hinipan ba ng bata ang keyk?
- Nagpakita ba ng tricks ang payaso?
- Nagkainan ba ang mga bata?
- Nagpakuha ba ng litrato ang mga bata kasama ang may kaarawan at ang payaso?

### b. Pagsasanay

*Isalaysay nang may wastong pagkakasunod-sunod ang nakitang palabas. Maaaring punan ang mga pangungusap:*

Una, ____________________________________________

Pangalawa, ____________________________________________

Pangatlo, ____________________________________________

Susunod, ____________________________________________

Pinakahuli, ____________________________________________

ARAW 4

**LAYUNIN / MGA LAYUNIN**

**F2KM-IVf-i-10** Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas, gamit ng malaki at maliit na letra upang maipahayag ang ideya, damdamin o reaksiyon sa isang paksa o isyu

## 1 PAGBALIK-ARAL TUNGKOL SA PAGSULAT NG PANGUNGUSAP

*Sumulat ng limang pangungusap tungkol sa payasong nabasa ninyo. Sa pagsulat ng pangungusap, ano-ano ang dapat tandaan?*

- Sa anong letra nag-uumpisa ang pangungusap?
- Ano ang inilalagay sa katapusan ng pangungusap?
- Ano-ano ang iba't ibang uri ng bantas?
- Kailan ginagamit ang tuldok? Ang tandang pananong? Ang tandang padamdam?

## 2 GINABAYANG PAGSASANAY

*Magsulat tayo ng pangungusap sa pisara tungkol sa payaso.*

Halimbawa: Sumakay sa dyipni ang payaso.

## 3 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Ngayon isulat na ang mga pangungusap ninyo sa kuwaderno.*

TALAAN

ARAW 5

**LAYUNIN**

Nakagagamit ng pang-uri sa pagpapahayag ng sariling ideya o opinyon

## 1 PAGLALAHAD

*Basahin ang sumusunod na pangungusap.*

a. Si Tatay ay <u>masipag.</u>

b. Ang pasahero ay <u>mabait.</u>

c. Ang payaso ay <u>malikhain.</u>

*Ano ang tawag sa salitang may guhit? Tama! Ang mga salitang ito ay naglalarawan ng pangngalan. Ang tawag sa mga ito ay pang-uri.*

## 2 GINABAYANG PAGSASANAY

*Paano ninyo ilalarawan ang payaso sa kuwento? Magbigay ng mga salitang maglalarawan sa kaniya. Maaaring pumili sa sumusunod na pang-uri:*

| | | |
|---|---|---|
| mabait | masipag | masayahin |

a. Ang payaso ay ___________. Binigyan niya ang bata ng lobo.

b. Siya ay___________. Pinasaya niya ang mga pasahero.

c. ___________ ang payaso. Hanapbuhay niya ang dumalo sa mga pagdiriwang para magpasaya ng mga bata.

*Ngayon, isulat natin ang mga pangungusap sa isang talata.*

## 3 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Basahin ang mga pang-uri sa loob ng kahon.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| masipag | masayahin | maalalahanin | matalino |
| mabait | mapagbigay | mapagmahal | matulungin |

*Pumili ng mga pang-uri na naglalarawan sa tatay ng bata. Isulat ang mga pangungusap.*

a. Si Taya ay ____________________________.

b. Siya ay ______________________________.

c. Siya ay ______________________________.

*Isulat ang mga pangungusap sa isang talata.*

ARALIN

# 37


## GABAY SA PAGTUTURO

# IKALAWANG BAITANG FILIPINO

**TEMA: PANGANGALAGA SA KALIKASAN AT KAPALIGIRAN**


**KUWENTO: *ANG BATANG KUMAIN NG MGA TALA (THE BOY WHO ATE STARS)***

**LEVELED READER: "ALAMIN NATIN ANG MGA ANYONG-TUBIG NG PILIPINAS!"**









**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG**
**FILIPINO**
**YUNIT 4, ARALIN 37**

**Tema: Pangangalaga sa Kalikasan at Kapaligiran**
**Kuwento:** ***Ang Batang Kumain ng Mga Tala (The Boy Who Ate Stars)***
*(Kuwento ni Alfred Yuson at Guhit ni Beth A. Parrocha)*
**Leveled Reader: "Alamin Natin ang Mga Anyong-Tubig ng Pilipinas!"**
*(Kuwento ni Yvette Tan; Pagsasalin sa Filipino ni Ani Rosa Almario; Guhit ni Rea Diwata Mendoza; Litrato nina Mark John Antido, Jan Michael Benafin, Dexter Fabito, at ng Filipinas Heritage Library)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | PS | Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na:<br>• **F2PS-IVg-3.4**<br>Naiuulat nang pasalita ang mga napakinggan sa radyo o napanood sa telebisyon | • Pagbibigay-ulat tungkol sa napakinggan sa radyo o napanood sa telebisyon tungkol sa pagbaha, ang sanhi, nito at kung paano ito maiiwasan |
| | PS; KP | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa kalikasan at kapaligiran<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa kalikasan at kapaligiran |
| 1 | PT | • **F2PT-IIa-j-1.6**<br>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita | • Kuwento: *Ang Batang Kumain ng Mga Tala*<br>• Paghawan ng balakid |
| | PN | • **F2PN-IIb-2**<br>Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto | • Pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagtalakay ng kuwento |
| 2 | PS<br>KM | • Nakasasali sa mga pangkatang gawain gaya ng pagsasadula, pagguhit, at pagsulat ng isang komposisyon | • Pangkatang gawain |
| | PN | • **F2PN-IVg-3.2**<br>Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang teksto | • Pagtalakay sa kuwento |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na magbigay ng ulat tungkol sa napakinggan sa radyo o napanood sa telebisyon tungkol sa pabaha, ang sanhi nito, at kung paano ito maiiwasan | • Pagbigay ng ulat tungkol sa napakinggan sa radyo o napanood sa telebisyon tungkol sa pabaha, ang sanhi nito, at kung paano ito maiiwasan |
| • Paghihikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghahawan ng balakid: *napakalawak, kumukutitap, puspusan, dayuhan, hangad* sa pamamagitan ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal | • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita |
| • Pagbigay ng pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagbabasa ng kuwento at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito | • Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa pangkatang gawain | • Pagsali sa pangkatang gawain |
| • Pagtalakay sa kuwento at paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa talakayan | • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;<br>**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | **KM** | • **F2KM-IVg-1.5**<br>Nakasusulat ng liham sa tulong ng padron mula sa guro | • Pagsulat ng liham |
| 4 | **KP** | • **F2KP-IVb-i-1.3**<br>Nakapagbibigay ng mga salitang magkakatugma | • Mga salitang magkatugma |
| | **KM** | • **F2KM-IVe-7**<br>Nakasusulat ng isang tugmaan | |
| | **WG** | • **F2WG-IVg-j-g**<br>Nakabubuo ng wasto at payak na pangungusap na may tamang ugnayan ng simuno at panaguri sa pakikipag-usap | • Pagbuo ng payak na pangungusap |
| | **AL** | • **F2AL-IVe-g-1.3**<br>Natutukoy kung paano nagsisimula at nagtatapos ang isang pangungusap | • Pagsulat ng pangungusap: paggamit ng malaking titik sa umpisa at paggamit ng wastong bantas sa katapusan nito |
| 5 | **EP** | • **F2EP-IVc-g-1.4**<br>Napagsusunod-sunod ang mga tambalang-salita batay sa alpabeto | • Pagsusunod-sunod ng mga tambalang-salita batay sa alpabeto |
| | **PT** | • Naibibigay ang kahulugan ng mga tambalang-salita | • Kahulugan ng mga tambalang-salita |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpasulat ng liham na gagabayan ng padron mula sa guro | • Pagsulat ng liham na ginabayan ng padron mula sa guro |
| • Pagpapakita ng mga halimbawa ng tugmaan at paghihikayat sa mga mag-aaral na gumawa ng tugmaan | • Paggawa ng tugma-tugmaan |
| | |
| • Pagtalakay tungkol sa payak na pangungusap | • Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa payak na pangungusap |
| • Pagpasulat nang wasto ng mga pangungusap: nag-uumpisa sa malaking titik at paglagay ng wastong bantas | • Pagsulat nang wasto ng mga pangungusap |
| • Pagtalakay sa pagsunod-sunod ng mga tambalang-salita batay sa alpabeto | • Pagsusunod-sunod ng mga tambalang-salita batay sa alpabeto |
| • Pagtalakay sa kahulugan ng mga tambalang-salita | • Pagbigay ng kahulugan ng mga tambalang-salita |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

ARAW

**ARAW-ARAW**

## 1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA

## 2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

## 3 PAGTALAKAY SA PAG-AALAGA SA KAPALIGIRAN

*Tatawag ako ng tatlo o apat na bata bawat araw para mag-ulat sa klase ng kaniyang narinig sa radyo o napanood sa telebisyon tungkol sa pagbaha sa iba't ibang lugar sa ating bansa. Maaaring sundan sa inyong pag-uulat ang mga tanong sa kahon.*

**Pag-uulat**

Ano ang napakinggan o napanood ninyong balita tungkol sa pagbaha sa maraming lugar sa Pilipinas?

Bakit daw bumaha sa mga lugar na ito?

Ano raw ang dapat gawin para maiwasan ang pagbaha?

ARAW

**1**

**LAYUNIN**

**(1)** **F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan, o kahulugan ng salita

**(2)** **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto

## 1 PAGHAWAN NG BALAKID

*Pakinggan ang aking maikling kuwento:*

---

"Tumingin ako sa langit kagabi. Napakalawak ng langit. Nakita ko ang mga talang kumukutitap. Ako ay puspusang nangarap na sana maabot ko ang mga tala. Ipinikit ko pa ang aking mga mata saka nagdasal na "Sana maabot ko ang mga tala sa langit."

---

*Sabi ng kalaro ko, iba naman ang pangarap niya.* ***Hangad*** *niya na magkaroon ng kapayapaan sa kanilang barangay.*

a. *Kasingkahulugan ng 'napakalawak' ang salitang ___________.*

(1) napakaganda
(2) napakalayo
(3) napakalaki

b. *Kapag ang mga tala ay 'kumukutitap', ang mga ito ay ____________.*

(1) kumikislap
(2) nasusunog
(3) umiinit

c. *Kapag ang tao ay puspusang nangangarap, siya ay ___________.*

(1) lubos na nangangarap
(2) hindi seryosong nangangarap
(3) hindi sigurado sa kaniyang pangarap

d. *Ang 'hangad' ko ay makapunta sa ibang lugar. Ang hangad ay kasingkahulugan ng ___________.*

(1) sabi
(2) gusto
(3) ayaw

e. *dayuhan*
*May dumating na 'dayuhan' sa aming barangay. Galing siya sa kabilang bayan. Gusto niyang magtrabaho sa aming barangay.*
*Ang dayuhan ay ___________.*

(1) taong ipinanganak sa tinitirahan niyang lugar
(2) taong dumayo sa isang lugar
(3) taong naninilbihan sa isang lugar

## 2 PAGGANYAK

*May mga gabing maraming tala ang kumukutitap sa langit.*

*Ano ang naiisip mo habang tinitingnan ang mga tala sa kalangitan?*

## 3 PANGGANYAK NA TANONG

*Ano ang naiisip ng bata habang tinitingnan ang mga tala sa kalangitan?*

## 4 PAGBASA NG GURO NG KUWENTO

*Tingnan ang pabalat ng babasahin kong kuwento.*

*Sino ang makababasa ng pamagat?*

*Basahin ang pangalan ng may-akda ng kuwento.*

*Basahin din ang pangalan ng tagaguhit ng mga larawan sa kuwento.*

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

Sanay na sanay na ang mga mag-aaral sa mga salitang pamagat, may-akda at tagaguhit. Maaaring mabilis na lang ang pagtalakay nito.

**TALAAN**

*Ano ang nakikita ninyo sa larawan?*

**Mga Tanong Habang Binabasa ang Kuwento**

**Pagkatapos basahin ang p.1:**
*Ano ang naiisip ng bata habang tinitingnan ang mga tala?*

**Pagkatapos basahin ang p. 2:**
*Saan nakatira ang bata?*
*Mangangarap kaya ang bata ng ganito kung may iba siyang magagawa sa gabi?*

**Pagkatapos basahin ang p.3**
*Mabuting tao kaya ang dumating na dayuhan?*
*Ano ang natanaw ng bata nang maputol ang maraming puno?*

**Pagkatapos basahin ang p. 5**
*Sa palagay ninyo, talaga bang nakakain ang bata ng mga tala?*
*Ano kaya ang mas malalim na kahulugan ng may-akda ng "kinakain na tala"?*

**PAALALA SA GURO**

Ang pagkain ng mga tala ay isang metaphor. Sana mapalabas ng guro sa pagtalakay ng kuwento na ang ibig ipakahulugan ng may-akda sa pagkain ng tala ay pagputol ng mga kahoy.

**Pagkatapos basahin ang p. 6**
*Ano ang ginagawa ng dayuhan sa mga punongkahoy?*
*Tama ba ang ginagawa nila?Bakit dumarami ang nakikitang mga tala ng bata?*

**Pagkatapos basahin ang p. 8**
*Ano ang nangyari nang maputol ang lahat ng puno?*
*Ano ang nangyari sa mga tao?*

**Pagkatapos basahin ang p. 10**
*Ano ang kaibahan ng pangalawang dayuhan sa nauna?*

**Pagkatapos basahin ang p. 11**
*Ano ang ipinaaalala ng tala na nasa tuktok ng puno?*

**PAALALA SA GURO**

Ang literal na sagot dito ay hindi dapat kainin ang tala. Sana maikonekta sa talakayan pagkatapos basahin ang p. 5 na hindi dapat putulin ang mga kahoy.

**Pagkatapos basahin ang p. 13**
*Ano ang paliwanag ng dayuhan sa bata tungkol sa tala sa tuktok ng puno?*

**Pagkatapos basahin ang p. 14**
*Saan inihalintulad ng dayuhan ang tala?*
*Naniniwala ba kayo sa paliwanag niya?*

**Pagkatapos basahin ang p. 15**
*Ano ang natutuhan ng bata sa pangalawang dayuhan?*

**LAYUNIN**

(1) Nakasasali sa mga pangkatang gawain gaya ng pagsasadula, pagguhit at pagsulat ng isang komposisyon
(2) **F2PN-IVg-3.2** Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang teksto

**ARAW**

**2**

## I PANGKATANG GAWAIN

*Hahatiin ko kayo sa limang pangkat. Makinig sa ipagagawa ko sa bawat pangkat:*

### a. Unang Gawain: Ang Pangarap ng Bata

*Iguhit ang pangarap ng bata at isulat ang pangungusap tungkol dito*

| | |
|---|---|
| | Ang Pangarap ng Bata<br><br>Pangarap ng bata na _________<br>______________________________. |

### b. Pangalawang Gawain: Pagsasadula

*Kunwari nag-uusap ang bata at ang dayuhan.*
*Nakisali rin ang ibang mamamayan sa pag-uusap.*
*Isadula ang pag-uusap nila.*

### c. Pangatlong Gawain: Ang Pamayanan Noon at Ngayon

*Iguhit ang pamayanan bago putulin ang mga puno at pagkatapos putulin ang mga ito.*

| | |
|---|---|
| Ang Pamayanan Namin Noon | Ang Pamayanan Namin Ngayon |

### d. Pang-apat na Gawain: Nagsisisi at Nalulungkot Kami

*Bakit nagsisisi ang mamamayan araw-araw? Bakit nalulungkot sila gabi-gabi?*

*Iguhit ang hitsura ng pamayanan sa araw at sa gabi. Punan din ang bawat pangungusap.*

| | |
|---|---|
| Araw-araw, nagsisisi kami dahil ____________. | Gabi-gabi, nalulungkot kami dahil ___________. |

TALAAN

### e. Panlimang Gawain: Ang Tala sa Puno

*Igubit ang inilagay ng dayuhan na tala sa puno. Isulat ang ibig sabihin nito.*

## 2 PAGTALAKAY

a. Sa umpisa ng kuwento, ano ang pangarap ng bata? Bakit kaya gusto niyang kumain ng mga tala? **Pangkat 1, ipakita nga ang iginuhit ninyo at basahin ang sinulat ninyong pangungusap.**

b. Sino ang dumating sa kagubatan? Ano ang pakay ng mga dayuhan? Mabuti ba ang pakay na ito? **Pangkat 2, isadula ang pag-uusap ng bata, ng dayuhan at ng ibang mamamayan.**

c. Ano ang naramdaman ng bata nang makakain siya ng mga tala? Talaga bang nakain niya ang mga tala? Ano ang totoong nangyari? Alalahanin natin ang talakayan natin kanina sa ibig sabihin ng "kumain ng tala."

d. Ano ang ginawa ng dayuhan sa mga puno? Ano ang ginawa ng mamamayan? Kung kayo ang naninirahan doon, ano ang gagawin ninyo?

e. Ano ang nangyayari sa kagubatan? **Pangkat 3, ipakita ang inyong iginuhit bago dumating ang mga dayuhan at pagkatapos nilang putulin ang mga puno.**

f. Masaya ba ang bata? Masaya ba ang mga tao? Ano ang pinagsisisihan nila tuwing araw? Ano naman ang nararamdaman nila tuwing gabi? **Pangkat 4, ipakita ang inyong ginawa.**

g. Sino ang dumating? Ano ang kaibahan ng dayuhang ito sa unang dayuhan?

h. Magugustuhan ba ninyo ang pangalawang dayuhan? Bakit?

i. Ano ang inilagay ng pangalawang dayuhan sa puno? Ano ang ibig sabihin ng tala sa puno? **Pangkat 5, ipakita ang inyong ginawa.**

j. Ano ang ipinangako ng mamamayan? Kung kayo ang mamamayan, ganoon din ba ang ipapangako ninyo?

k. Ano ang nangyari sa mga talang kinain ng bata?Ano nga ang ibig sabihin ng "pagkain ng bata ng mga tala"?

l. Ano ang nangyari sa kagubatan sa katapusan ng kuwento?

m. Ayon sa may-akda, sino raw ang nagkakaroon ng kapayapaan? Naniniwala ba kayo sa paniniwala niyang ito?

n. Ano kaya ang gustong ipaabot sa atin ng may-akda ng kuwentongito?

TALAAN

ARAW **3**

**LAYUNIN**

**F2KM-IVg-1.5** Nakasusulat ng liham sa tulong ng padron mula sa guro

## I PAGSULAT NG LIHAM

**Paglalahad at Pagtuturo**

*Gustong magpasalamat ng bata sa pangalawang dayuhan dahil sa itinuro niya sa mamamayan. Kunwari kayo ang bata. Sumulat sa pangalawang dayuhan.*

*Tingnan natin ang padron ng isang liham. Pag-usapan muna natin ang tawag sa bawat bahagi at kung ano ang isusulat dito.*

*Ano ang tawag sa unang bahagi? Ano ang isinusulat sa pamuhatan? Ano-anong bantas ang ginagamit sa pagsulat nito?*

*Ano ang tawag sa pangalawang bahagi? Ano ang isinusulat sa bating panimula? Anong bantas ang ginagamit sa bahaging ito?*

*Ano ang tawag sa pangalong bahagi? Ano ang isinusulat sa bahaging ito?*

*Ano ang tawag sa pang-apat na bahagi? Ano ang isinusulat sa bahaging ito? Ano ang bantas na ginagamit sa dulo nito?*

*Ano ang tawag sa panlimang bahagi? Ano ang isinusulat sa bahaging ito?*

(1) ____________
____________
____________

____________ (2)

(3) ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________.

(4) ____________
(5) ____________

TALAAN

## 2 GINABAYANG PAGSASANAY

*Sabay-sabay nating punan ang iba't ibang bahagi ng liham.*

*Anong isusulat natin sa pamuhatan? Ano-anong bantas ang gagamitin natin?*

*Ano ang isusulat natin dito sa bating panimula?*

*Ano kaya ang maaari nating isulat sa katawan ng liham?*

*Ano ang isusulat natin sa bating pangwakas? Isusulat natin ang ating pangalan sa lagda.*

*Basahin ang ating isinulat. Nailagay ba natin ang mga angkop na bantas?*

## 3 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Gamit ang padron sa pisara, gumawa ng sarili ninyong liham pasasalamat.*

ARAW

4

**LAYUNIN**

**(1) F2KP-IVb-i-1.3** Nakapagbibigay ng mga salitang magkakatugma
**(2) F2KM-IVe-7** Nakasusulat ng isang tugmaan
**(3) F2WG-IVg-j-g** Nakabubuo ng wasto at payak na pangungusap na may tamang ugnayan ng simuno at panaguri sa pakikipag-usap
**(4) F2AL-IVe-g-1.3** Natutukoy kung paano nagsisimula at nagtatapos ang isang pangungusap

## 1 PAGLALAHAD

Basahin nang malakas ang mga linya tungkol sa napakinggang kuwento:

Nakatira sila sa munting bayan
Na malapit sa kagubatan

Ang swapang na dayuhan
Dumating sa kanilang bayan.

Ang dayuhan ay nakahalata
Kung ano ang nais ng bata.

Ang mga tala ay kumukutitap,
At maningning na kumikislap.

Nagkaroon ng kapayapaan
Sa kanilang pamayanan

*Ano ang napapansin niyo sa mga huling salita ng mga pangungusap sa bawat kahon?*

*Napag-aralan natin noong isang linggo na ang mga salitang magkatunog ay tinatawag na magkatugmang salita.*

## 2 GINABAYANG PAGSASANAY

**a. Pakinggan ang bawat pares ng salita. Sabihin kung ang mga ito ay magkatugma o hindi:**

(1) talong, silong
(2) karatula, babala
(3) sulat, kalat
(4) hikaw, singsing
(5) kilay, suklay

**b. Basahin ang mga linya sa bawat kahon.**

*Punan ng katugmang salita ang pangalawang linya:*

May mga lamok
Sa madilim na ___________.

Pulutin mo ang mga kalat
Ilagay sa kabinet ang
mga ___________.

Ang mabait kong guro
Ang galing ___________.

Kailangan ko ng tulong
Sa pagpitas ng mga __________.

Ngayong Pasko gusto
kong makamit
Isang bago at makulay na
___________.

## 3 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Punan ang pangalawang linya ng salitang katugma ng huling salita sa unang linya:*

Nasaan ang aking mga gamit?
At ang bago kong ___________?

Natuwa ang lahat,
Nang nagdala ako ng
___________.

TALAAN

TALAAN

| |
|---|
| Mahilig sa saging<br>Ang unggoy na ___________. |

| |
|---|
| Ang aking manok,<br>Ang lakas ___________. |

## 4 PAGSULAT NG PAYAK NA PANGUNGUSAP

### Pagbalik-Aral

*Basahin ang pangungusap:*

**Nagtanim ng mga puno ang mamamayan.**

- *Sino ang nagtanim?*
- *Ano ang ginawa ng mamamayan?*
- *Ano-ano ang bahagi ng pangungusap?*
- *Ano ang tawag sa bahagi ng pangungusap na nagsasaad ng pinag-uusapan?*
- *Tama! Ang simuno ay nagsasaad ng pinag-uusapan sa pangungusap.*
- *Ano ang tawag sa bahagi ng pangungusap na nagsasabi tungkol sa simuno?*
- *Tama! Ang bahagi ng pangungusap na nagsasabi tungkol sa simuno ay tinatawag na panaguri.*
- *Ang pangungusap na may isang simuno at isang panaguri ay tinatawag na payak na pangungusap.*
- *Paano isinusulat ang umpisa ng pangungusap?*
- *Ano ang inilalagay sa dulo ng bawat pangungusap?*

### b. Ginabayang Pagsasanay 2

*Guhitan ang simuno sa bawat payak na pangungusap:*

(1) Namili si Nanay sa talipapa.
(2) Binisita namin si Tiya Maring kahapon.
(3) Nagluto si Ate Linda ng masarap na sinigang.
(4) Nanonood si Kuya ng cartoons tuwing Sabado.

*Bilugan ang panaguri sa bawat payak na pangungusap:*

(1) Nagplantsa ng mga damit si Marina.
(2) Umiyak si Rosita nang mawala ang pitaka niya.
(3) Naglinis ng bahay si Dina.
(4) Binalot ni Ate Karen ang regalo.

### C. Indibidwal na Pagsasanay

*Punan ng angkop na simuno ang bawat pangungusap:*

(1) Nagsulat ng liham si ___________.
(2) Naglaro sa kalye _________.
(3) Umalis nang maaga ___________.
(4) Naghanda ng pansit at puto ___________.
(5) Nanood ng palabas si _________.

*Punan ng angkop na panaguri ang bawat pangungusap:*

(1) ___________ ng bagong sapatos si Kuya Danilo.
(2) ___________ ng kuwento si Tina.
(3) ___________ ng mga panregalo si Gng. Asuncion.
(4) ___________ ng gatas si Kevin.
(5) ___________ si Pangulong Aquino sa paaralan namin.

**Takdang Aralin:** *Magsulat ng limang payak na pangungusap na may angkop na simuno at panaguri.*

TALAAN

ARAW 5

**LAYUNIN / MGA LAYUNIN**

**(1)** **F2EP-IVc-g-1.4** Napagsusunod-sunod ang mga tambalang salita batay sa alpabeto
**(2)** Naibibigay ang kahulugan ng mga tambalang salita

## I PAGLALAHAD

*Basahin ang mga pangungusap:*

a. Pumutol ng mga *punongkahoy* ang dayuhan.
b. Nakiusap ang bata sa kanilang *kapitbahay*.
c. Nakatingin ang bata sa mga tala hanggang *hatinggabi*.
d. Ang mga punongkahoy ay mga *likas-yaman* ng Pilipinas.
e. *Tanghaling-tapat* nang dumating ang mabait na dayuhan.

*Ano ang tawag natin sa mga salitang punongkahoy, kapitbahay, hatinggabi, likas-yaman, at tanghaling-tapat?*

*Tama! Ang mga salitang punongkahoy, kapitbahay, hatinggabi, likas-yaman at tanghaling-tapat ay tinatawag na tambalang-salita. Ang tambalang-salita ay binubuo ng dalawang payak na salita na bumubuo ng panibagong salita. Ano-ano ang payak na salita sa punongkahoy? kapitbahay? hatinggabi? likas-yaman? tanghaling-tapat? Pansinin din na ang ibang tambalang-salita ay*

**TALAAN**

*isinusulat na isang buong salita; ang iba ay nilalagyan ng gitling sa pagitan ng dalawang payak na salita.*

## 2 PAGTUTURO

*Kapag pinagsusunod-sunod ang mga salita nang paalpabeto, tinitingnan ang unang titik ng tambalang salita.*

*Ayusin ang mga tambalang salita batay sa alpabeto: punongkahoy, kapitbahay, hatinggabi, likas-yaman at tanghaling-tapat.*



1. ___________
2. ___________
3. ___________
4. ___________
5. ___________

## 3 GINABAYANG PAGTUTURO

*Basahin ang mga tambalang salita. Sabihin ang ibig sabihin ng bawat isa:*

| | | |
|---|---|---|
| bahaghari | punongguro | buntong hininga |
| hampaslupa | takipsilim | silid-aralan |

*Isulat ang pangalan ng bawat larawan:*

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| ____________ | ____________ | ____________ |

## 4 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

*Basahin ang sumusunod na mga tambalang-salita. Sabihin ang kahulugan.*

| | | |
|---|---|---|
| hating-kapatid | basag-ulo | ingat-yaman |
| silid-kainan | lutong-bahay | |

*Ayusin nang ayon sa alpabeto.*

1. _____________
2. _____________
3. _____________
4. _____________
5. _____________
6. _____________

ARALIN

# 38


## GABAY SA PAGTUTURO

# IKALAWANG BAITANG FILIPINO

### TEMA: PANGANGALAGA SA KALIKASAN AT KAPALIGIRAN


### KUWENTO: *ANG BATANG KUMAIN NG MGA TALA (THE BOY WHO ATE STARS)*

### LEVELED READER: "ALAMIN NATIN ANG MGA ANYONG-TUBIG NG PILIPINAS!"









**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG**
**FILIPINO**
**YUNIT 4, ARALIN 38**

**Tema: Pangangalaga sa Kalikasan at Kapaligiran**
**Kuwento:** ***Ang Batang Kumain ng Mga Tala (The Boy Who Ate Stars)***
*(Kuwento ni Alfred Yuson at Guhit ni Beth A. Parrocha)*
**Leveled Reader: "Alamin Natin ang Mga Anyong-Tubig ng Pilipinas!"**
*(Kuwento ni Yvette Tan; Pagsasalin sa Filipino ni Ani Rosa Almario; Guhit ni Rea Diwata Mendoza; Litrato nina Mark John Antido, Jan Michael Benafin, Dexter Fabito, at ng Filipinas Heritage Library)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | PS | Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na:<br>• Nakasasali sa isang usapan tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran | • Pagbibigay-ulat tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran |
| | PS; KP | • Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran |
| I | TA<br><br>PT | • Nababasa ang mga parirala nang may angkop na ekspresyon<br>• **F2PT-IVf-i-1.10** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita (paggamit ng mga bagong salita sa konteksto) | • Leveled Reader: "Alamin Natin ang Mga Anyong-tubig ng Pilipinas!"<br>• Pagbasa ng mga parirala tungkol sa babasahing kuwento<br>• Paghawan ng balakid |
| | PB | • **F2PB-IVf-3.1.2** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto | • Pagganyak at pangganyak na tanong Pagtalakay ng kuwento<br>• Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento |
| | TA | • Nababasa ang kuwento nang may angkop na ekspresyon at wastong tatas | • Pagbasa ng leveled reader |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpapakita at paghikayat sa mga mag-aaral na pag-usapan ang pangangalaga sa kapaligiran | • Pag-uusap tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Pagpabasa ng mga parirala<br>• Paghahawan ng balakid: *anyong-tubig (talon, lawa, bukal, ilog), bulkan, sumasabog, turista* | • Pagbabasa ng mga parirala<br>• Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita |
| • Pagbigay ng pagganyak at pangganyak na tanong | • Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong |
| • Pangkat 1: Pagpabasa ng kuwento nang malakas at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito<br>• Pangkat 2: Pagpabasa nang tahimik ng kuwento at pagsagot sa pagsasanay | • Pangkat 1: Pagbasa nang malakas ng kuwento at pagsagot sa mga tanong<br>• Pangkat 2: Pagbasa ng kuwento nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay tungkol sa kuwento |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;<br>**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 2 | **TA** | • Nakababasa ang kuwento nang may wastong tatas | • Pagbasa nang malakas ng kuwento |
| | **PB** | • **F2PB-IVf-3.1.2** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang  teksto | • Pagtalakay ng binasang teksto |
| 3 | **PB** | • Nababaybay ang mga salita na hango sa binasang kuwento | • Pagbaybay ng mga salitang hango sa kuwento |
| | **KM** | • Nakasusulat ng isang *brochure* tungkol sa magagandang anyong-tubig sa Pilipinas | • Pagsulat ng *brochure* tungkol sa magagandang anyong-tubig sa Pilipinas |
| 4 | **KP** | • **F2KP-IVh-5** Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa isang klaster (salitang hiram) KKPK | • Mga salitang may klaster |
| | **GA** | • **F2GA** Nakagagamit ng akmang pang-ukol sa pagsulat o pananalita | • Pang-ukol |
| 5 | **GA** | • **F2GA** Natutukoy ang iba't ibang uri ng pang-abay sa mga apagpapahayag ukol sa panahon, lugar, paraan o bilang/dalas | • Pang-abay na pamaraan, pamanahon at panlunan |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pangkat 2: Pagpabasa ng leveled reader nang malakas at pagsagot ng pagsasanay | • Pagbasa nang malakas ng leveled reader at pagsagot ng mga tanong |
| • Pagtalakay sa binasang teksto | • Pagpasagot sa binasang teksto |
| • Pagpapabaybay ng mga salitang hango sa binasang kuwento | • Pagbaybay ng mga salitang hango sa binasang kuwento |
| • Pagsulat ng brochure tungkol sa magagandang anyong-tubig sa Pilipinas | • Pagsulat ng isang brochure batay sa ipinakitang halimbawa |
| • Pagpapabasa sa mga mag-aaral ang mga salitang may klaster at ipaliwang ang kahulugan ng bawat isa<br>• Pagpasagot sa pagsasanay tungkol sa klaster | • Pagbasa ng mga salitang may klaster at pagpaliwang ng kahulugan ng bawat isa<br>• Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa klaster |
| • Pagtalakay sa wastong gamit ng mga pang-ukol | • Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa pang-ukol |
| • Pagtalakay ng wastong paggamit ng pang-abay pamaraan, panlunan at pamanahon | • Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa pang-abay pamaraan, panlunan at pamanahon |
| **PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;<br>**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas | |

ARAW

**ARAW-ARAW**

## 1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA

## 2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

## 3 PAGTALAKAY SA PANGANGALAGA NG KALIKASAN AT KAPALIGIRAN

| Paano Ko Mapapangalagaan ang Aking Kapaligiran? | |
|---|---|
| | Ako si ____________.<br><br>Ako ay ___________ taong gulang.<br><br>Mapapangalagaan ko ang aking kapaligiran sa pamamagitan ng ____________. |

Nakagagamit ng wastong pang-ukol upang magpahayag ng direksiyon (sa ibabaw ng, sa ilalim ng, mula sa, galing sa . . .)

ARAW

**1**

### LAYUNIN

**(1)** Nababasa ang mga parirala nang may angkop na ekspresyon
**(2)** **F2PT-IVf-i-1.10** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita (paggamit ng mga bagong salita sa konteksto)
**(3)** **F2PB-IVf-3.1.2** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto
**(4)** Nababasa ang kuwento nang may angkop na ekspresyon at wastong tatas

## 1 PAGBASA NG PARIRALA

Basahin ang mga parirala:

binubuo ng maraming isla
pinakamahaba at pinakamalaking ilog ang Maria Cristina Falls
pinaliligiran ng maraming anyong-tubig
pinagmumulan ng koryente sa rehiyon
maglublob sa mainit
nitong tubig

TALAAN


## 2 PAGHAWAN NG BALAKID

a. *anyong-tubig*
Basahin ang pangalan ng bawat anyong-tubig:

lawa


ilog


talon


bukal


b. *bulkan, sumasabog*
Ito ang Bulkang Mayon. Makikita ang paglabas ng makapal na usok. Nangyari ito dahil sa pagsabog ng bulkan. Kapag sumasabog ang bulkan, lumalabas ang lava sa butas nito.

c. *turista*
Maraming *turista* galing sa iba't ibang panig ng ating bansa at ibang bansa ang bumibisita sa magagandang pook sa Pilipinas.
Gusto nilang makita ang magagandang tanawin ng ating bansa.
Ang mga *turista* ay __________.

(1) mga Pilipino na nakatira sa ibang bansa
(2) mga taga-ibang bansa na permanenteng naninirahan sa Pilipinas
(3) mga Pilipino at mga taga-ibang bansa na bumibisita sa magagandang tanawin ng Pilipinas

## 3 PAGGANYAK

*Ano-ano ang alam ninyong anyong-tubig na matatagpuan sa Pilipinas?*

## 4 PANGGANYAK NA TANONG

*Sa babasahin ninyong kuwento, alamin:*

*Ano-ano ang anyong-tubig na matatagpuan sa Pilipinas?*

TALAAN

## 5 PAGPABASA NG LEVELED READER

*Ito ang babasahin ninyong aklat. Basahin ang pamagat ng kuwento. Basahin ang pangalan ng may-akda at ang tagaguhit ng mga larawan. Ano-ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat?*

*Hahatiin ko kayo ulit sa dalawang pangkat. (Maaaring banggitin muli ang pangalan ng mga bata na nasa Pangkat 1 at 2). Makinig sa sasabihin kong gagawin ng Pangkat 1 at 2:*

| Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|
| Buklatin ang bawat pahina at tingnan ang mga larawan habang nagbibigay ako ng panuto sa Pangkat 2<br>**Kasama ng guro:** Bawat pares ng bata ay babasa ng kuwento habang pinapakinggan ko. Pagkatapos ng isa o dalawang pahina, magtatanong ako tungkol sa binasa | **Guro:** Magbabasa kayo nang tahimik ng kuwento at sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol dito.<br><br>(Nagbabasa nang tahimik. Sasagot ng pagsasanay pagkatapos magbasa) |

**PAALALA SA GURO**

May dalawang antas ng Leveled Reader na maaaring ipagamit sa iba't ibang grupo ng mag-aaral. Ang Leveled Reader na mas madali ang teksto ay may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat ng aklat. Ang mas mahirap na teksto naman ay may dalawang tuldok na marka sa parehong lokasyon.

Ang mas mahirap na teksto ay babasahin ng "average" o "advanced" na grupo. (Hanapin ang dalawang tuldok na marka sa pabalat ng Leveled Reader.)

Ipabasa ang madaling teksto sa mga mag-aaral na may kahirapan pa sa pagbabasa. (Ibigay ang Leveled Reader na may isang tuldok na marka sa kanang itaas na bahagi ng pabalat nito.)

**Leveled Reader: Alamin Natin ang mga Anyong-Tubig sa Pilipinas!**

| Pahina | Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Pahina | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|---|---|
| 1 | Ang Pilipinas ay binubuo ng maraming isla. Ang kalupaan nito ay pinaliligiran ng maraming anyong-tubig. Alamin natin ang iba't ibang anyong-tubig na ito! | 13 | Ang Pilipinas ay binubuo ng maraming isla. Ang kalupaan nito ay pinaliligiran ng maraming anyong-tubig. Isa tayo sa mga bansang may pinakamahabang baybayin. May malalaking anyong-tubig, mayroon ding maliliit. Maraming kabutihang naidudulot ang mga anyong-tubig na ito. Alamin natin ang iba't ibang anyong-tubig sa Pilipinas! |

| Pahina | Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Pahina | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|---|---|
| 2 | Nakakita ka na ba ng lawa na may bulkan sa gitna? Ganito ang Lawa ng Taal sa probinsiya ng Batangas. Sa gitna ng lawa nito ay ang Bulkang Taal. Alam ba ninyong may isa pang lawa sa loob ng Bulkang Taal? Pambihira talaga! | 14 | Nakakita ka na ba ng lawa na may bulkan sa gitna? Ganito ang Lawa ng Taal sa probinsiya ng Batangas. Sa gitna ng lawa nito ay ang Bulkang Taal. Nabuo ang lawang ito dahil sa isang pagsabog ng bulkan, ilang daang taon na ang nakararaan.<br>Alam ba ninyong may isa pang lawa sa loob ng Bulkang Taal? Pambihira talaga! |
| 3 | Maraming turistang pumupunta sa Lawa ng Taal at sa Bulkang Taal. Sumasakay sila ng bangka patungo sa bulkan, na kanilang inaakyat. Marami ang nakikinabang sa lawang ito. | 15 | Maraming turistang pumupunta sa Lawa ng Taal at sa Bulkang Taal. Sumasakay sila ng bangka patungo sa bulkan, na kanilang inaakyat. Marami talaga ang nakikinabang sa lawang ito. Bukod sa mga nakikinabang sa turismo, maraming bangus at tilapia sa Lawa ng Taal. |

**TALAAN**

**TALAAN**

| Pahina | Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Pahina | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|---|---|
| 4 | Alam mo ba kung ano ang pinakamahabang ilog sa Pilipinas? Ang Cagayan River ang pinakamahaba at pinakamalaking ilog sa Pilipinas. Apat na probinsiya ang binabaybay nito. | 16 | Alam ba ninyo kung ano ang pinakamahabang ilog sa Pilipinas? Ang Cagayan River ang pinakamahaba at pinakamalaking ilog sa Pilipinas. Apat na probinsiya ang binabaybay nito. Ito ang Nueva Vizcaya, Quirino, Isabela at Cagayan. Ang mga probinsiyang ito ay matatagpuan sa Hilagang Luzon. |
| 5 | Dinaraanan rin ng Cagayan River ang ilang natitirang kakahuyan sa Pilipinas. Binubuhay ng tubig nito ang iba't ibang uri ng halaman at hayop. | 17 | Dinaraanan rin ng Cagayan River ang ilang natitirang kakahuyan sa Pilipinas. Binubuhay ng tubig nito ang iba't ibang uri ng halaman at hayop. Kabilang sa umaasa sa ilog ang ilang endangered species tulad ng Philippine Eagle. |
| 6 | Nakakita ka na ba ng talon? Dapat mong makita ang Maria Cristina Falls sa lungsod ng Iligan sa Lanao del Norte. Ang Maria Cristina Falls ay kilala rin bilang kambal na talon. | 18 | Nakakita ka na ba ng talon? Dapat ninyong makita ang Maria Cristina Falls sa lungsod ng Iligan sa Lanao del Norte. Ang Maria Cristina Falls ay kilala rin bilang kambal na talon. Dahil ito sa isang malaking bato sa taas ng talon, na humahati sa daloy ng tubig. |

| Pahina | Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Pahina | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|---|---|
| 7 | Napakahalaga ng Maria Cristina Falls sa Mindanao. Ito ang pangunahing pinagmumulan ng koryente sa rehiyon. Ang uri ng koryenteng nalilikha ng talon ay tinatawag na hydroelectric power. | 19 | Napakahalaga ng Maria Cristina Falls sa Mindanao. Ito ang pangunahing pinagmumulan ng koryente sa rehiyon. Ang uri ng koryenteng nalilikha ng talon ay tinatawag na hydroelectric power. |
| 8 | Alam ba ninyo kung ano ang bukal? Ito ang pinakamaliit na anyong-tubig. Mula sa ilalim ng lupa ang tubig ng bukal. May mga bukal na mainit ang tubig! | 20 | Alam ba ninyo kung ano ang bukal? Ito ang pinakamaliit na anyong-tubig. Mula sa ilalim ng lupa ang tubig ng bukal. May mga bukal na mainit ang tubig! Karaniwan ito sa mga bukal na malapit sa maiinit na bato sa ilalim ng lupa. |
| 9 | Isa sa kilalang bukal ay ang Tiwi Hot Springs sa Bikol. Matatagpuan ito malapit sa Bulkang Mayon. Maraming pumupunta sa Tiwi Hot Springs dahil nakagagaling daw ng sakit ng kalamnan ang maglublob sa mainit nitong tubig. Ang paglabas ng mainit na tubig na ito mula sa lupa ay pinagmumulan din ng koryente. | 21 | Isa sa kilalang bukal ay ang Tiwi Hot Springs sa Bikol. Matatagpuan ito malapit sa Bulkang Mayon. Maraming pumupunta sa Tiwi Hot Springs dahil nakagagaling daw ng sakit ng kalamnan ang maglublob sa mainit nitong tubig.<br><br>Ang paglabas ng mainit na tubig na ito mula sa lupa ay pinagmumulan din ng koryente. Geothermal power ang tawag sa uri ng koryenteng ito. Ang koryenteng ito ay hinango sa init mula sa ilalim ng lupa. |

**TALAAN**

TALAAN

| Pahina | Mas madaling teksto (para sa Pangkat 1) | Pahina | Mas mahirap na teksto (para sa Pangkat 2) |
|---|---|---|---|
| 10 | Pambihira talaga ang mga anyong-tubig sa Pilipinas! Kapaki-pakinabang pa ang bawat isa. Anong mga anyong-tubig ang matatagpuan sa inyong lugar? | 22 | Pambihira talaga ang mga anyong-tubig sa Pilipinas! Kapaki-pakinabang pa ang bawat isa. Anong mga anyong-tubig ang matatagpuan sa inyong lugar? |

**Mga Tanong ng Guro Habang Binabasa ng Mga Mag-aaral ang Kuwento: (para sa Pangkat 1 at 2)**

**Pagkatapos basahin ang p. 2/14**

a. Ano ang lawang matatagpuan sa Batangas?

b. Ano ang makikita sa lawang ito sa Batangas?

**Pagkatapos basahin ang p. 3/15**

c. Bakit kaya maraming turista ang pumupunta sa Lawa ng Taal?

**Pagkatapos basahin ang p. 5/17**

d. Ano ang pinakamahaba at pinakamalaking ilog sa Pilipinas? Bakit mahalaga ang ilog na ito?

**Pagkatapos basahin ang p. 6/18**

e. Saan matatagpuan ang Maria Cristina Falls?

**Pagkatapos basahin ang p. 7/19**

f. Bakit mahalaga ang talong ito?

**Pagkatapos basahin ang p. 8/20**

g. Ano ang bukal?

**Pagkatapos basahin ang p. 9/21**

h. Bakit maraming pumupunta sa Tiwi Hot Springs?

**Pagkatapos basahin ang p. 10/22**

i. May alam pa ba kayong anyong-tubig?

### LAYUNIN

**(1)** Nakababasa ang kuwento nang may wastong tatas
**(2)** **F2PB-IVf-3.1.2** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto

ARAW
**2**

## 1 PAGBASA NG MALAKAS NG KUWENTO

| Pangkat 1 | Pangkat 2 |
|---|---|
| Basahing muli ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang pagsasanay. | Kasama ang guro: Basahin nang malakas ang kuwento. Pagkatapos magbasa, basahin at sagutin ang bawat tanong. Magpalitan ng kuwaderno at itsek ang sagot ng kaklase. |

## 2 PAGSASANAY PAGKATAPOS BASAHIN ANG KUWENTO: PARA SA PANGKAT 1 AT 2

Basahin ang bawat pangungusap at punan ang patlang. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno:

a. Ang kuwento ay tungkol sa mga __________ sa Pilipinas.

b. Matatagpuan ang Lawa ng Taal sa lalawigan ng _________.

c. Sa loob ng Lawa ng Taal ay may __________.

d. Ang __________ ang pinakamahabang ilog.

e. ____________ na probinsiya ang binabaybay ng ilog na ito.

f. Matatagpuan ang Maria Cristina Falls sa lungsod ng __________.

g. Mahalaga ang Maria Cristina Falls sa mga taga-Mindanao dahil pinagmumulan ito ng ___________.

h. Ang pinakamaliit na anyong-tubig ay tinatawag na __________.

i. Ang Tiwi Hot Springs ay matatagpuan sa __________.

j. Ang mainit na tubig ng Tiwi Hot Springs ay pinagmumulan ng __________.

ARAW

3

**LAYUNIN**

**(1)** Nababaybay ang mga salita na hango sa binasang kuwento
**(2)** Nakasusulat ng isang brochure tungkol sa magagandang anyong-tubig sa Pilipinas

## 1 PAGBABAYBAY (PARA SA DALAWANG PANGKAT)

*Tatawag ako ng dalawang bata na magsusulat ng bawat salita sa pisara:*

a. isla
b. bulkan
c. bangka
d. baybayin
e. talon
f. probinsiya
g. koryente
h. ilog
i. lungsod
j. rehiyon

## 2 PAGSULAT NG *BROCHURE*

*Kunwari nais nating hikayatin ang mga turista na pumunta sa magagandang anyong-tubig sa Pilipinas. Gagawa tayo ng 'brochure.'*

*Ang 'brochure' ay isang materyal na maaaring naglalaman ng anunsiyo at iba pa. Minsan ang 'brochure' ay nag-aanunsiyo ng isang magandang tanawin na gustong puntahan ng mga tao. Tingnan ang halimbawa ng brochure. Nasa larawan ang Lawa ng Taal. Punan ang 'brochure':*

**Mamasyal Sa Magagandang Anyong-Tubig sa Pilipinas**

Tayo nang mamasyal sa ___________.
Matatagpuan ito sa _______________,
Ang ___________ ito ay napakaganda
dahil ___________________________
_________________________.



Maaari ring gumawa ng *brochure* para sa: Maria Cristina Falls, Tiwi Hot Springs, at Cagayan River.

**Mamasyal Sa Magagandang Anyong-Tubig sa Pilipinas**

Tayo nang mamasyal sa ___________.
Matatagpuan ito sa _______________,
Ang ___________ ito ay napakaganda
dahil ___________________________
_________________________.



ARAW

4

LAYUNIN

**(1) F2KP-IVh-5** Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa isang klaster (salitang hiram) KKPK
**(2) F2GA** Nakagagamit ng akmang pang-ukol sa pagsulat o pananalita

## I MGA SALITANG BINUBUO NG KLASTER

### a. Paglalahad

Basahin ang mga salita sa bawat kahon:

(1) Sumakay sa tren ang mga turista.
(2) Naantala ang biyahe ng mga trak.
(3) Ang pulis trapiko ay nasa gitna ng lansangan.

Ang mga salitang *tren, trak,* at *trapiko* ay mga salitang hiram. Galing ang mga ito sa Ingles na salitang *train, truck,* at *traffic.* Ang mga salitang ito ay binubuo ng klaster na tr. Ang **klaster** ay ang dalawa o higit pang magkakatabing katinig sa loob ng isang **salita**.

### b. Ginabayang Pagsasanay

Basahin ang mga salita sa loob ng kahon. Ang mga ito ay salitang hiram sa Ingles. Ano ang ibig sabihin ng bawat salita?

| | | |
|---|---|---|
| prutas<br>presyo<br>probinsiya | krema<br>krayola<br>krimen | grupo<br>groto<br>grado |
| drama<br>droga<br>drakula | tseke<br>tsokolate<br>tsuper<br>tsart | brilyante<br>brigada |

Bilugan ang klaster sa bawat salita. Pumili ng isang salita at gamitin ito sa pangungusap.

### c. Indibidwal na Pagsasanay

Punan ang patlang ng tamang salitang may klaster. Piliin ang sagot sa mga salita sa loob ng ( ).

(1) Tumaas ang ___________ ng mga bilihin.
(prutas, presyo, probinsiya)
(2) Saan kaya pupunta ang ___________ng mga turista?
(grupo, groto, grado)
(3) Mahilig manood ng ___________sa telebisyon ang nanay ko.
(drama, droga, drakula)

TALAAN

(4) Mahilig si Ate Karen na kumain ng __________.
(tseke, tsokolate, tsuper)
(5) May __________ ang singsing ni Tiya Amy.
(brilyante, brigada, brotsa)
(6) Kailangan ko ng __________ para kulayan ang iginuhit ko.
(krema, krayola, krimen)
(7) Ang atis, chico at lansones ang mga paborito kong __________ (prutas, probinsiya, presyo).
(8) Si Mang Ruben ay __________ ng trak. (tseke, tsuper, tsart).
(9) Sinusugpo ng mga pulis ang naganap na __________.
( krimen, krayola, krudo)

**Takdang-Aralin:** *Pumili ng limang salita sa kahon. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.*

## 2 PAG-AARAL NG PANG-UKOL

### a. Paglalahad

*Basahin ang mga pangungusap.*

(1) Ang kuwento ay *tungkol* ***sa*** mga anyong-tubig sa Pilipinas.

(2) *Ayon* ***sa*** kuwento, may bulkan sa loob bg Lawa ng Taal.

(3) *Ayon* ***kay*** Gng. Santos, nakagagamot talaga ang mainit na tubig sa Tiwi Hot Springs.

(4) Gusto *nina* kuya at ate na mamasyal sa Maria Cristina Falls.

(5) Ang kuwento ay isinulat *para sa* mga mag-aaral, para malaman nila ang tungkol sa mga anyong-tubig.

*Ano ang nagagawa ng mga pariralang tungkol sa, ayon sa, ayon kay, nina, para kay, at para sa?*
*Tama! Ang mga salita/pariralang ito ay nag-uugnay sa pangngalan o panghalip sa ibang salita sa pangungusap.*
*Ang tawag sa mga salita/pariralang ito ay pang-ukol.*

*Ano ang mga salitang pinag-uugnay ng tungkol sa, ayon sa, ayon kay, nina, at para sa?*
*Ang tungkol sa, ayon sa,at para sa ay nag-uugnay sa pangalan ng bagay at di-tiyak na pangalan ng tao.*
*Ang tungkol kay, ayon kay, para kay ay nag-uugnay sa tiyak na pangalan ng tao.*

### b. Pagsasanay

Punan ang patlang ng angkop na pang-ukol. Pumili sa mga pang-ukol sa kahon:

| | | |
|---|---|---|
| ukol sa | ukol kay | para sa |
| para kay | ayon kay | ayon sa |

(1) Ang balita ay __________ mga nahukay na ginto sa bundok.
(2) __________ Korinna, maraming ginto ang nahukay sa bundok.
(3) Ang regalong ito ay __________ Lola Mita.
(4) Ang binalot nilang pagkain ay __________ mahihirap na bata.
(5) Ang pinag-aaralan namin ay __________ buhay ng mga bayani.

**TALAAN**

**LAYUNIN**

**F2GA** Natutukoy ang iba't ibang uri ng pang-abay sa mga pagpapahayag ukol sa panahon, lugar, paraan o bilang/dalas

**ARAW**

**5**

## I PAGLALAHAD

Basahin ang talata:

Dumating ang mga turista sa Lungsod ng Iligan kahapon. Tumuloy sila sa hotel. Magalang silang nagtanong sa tauhan ng hotel kung saan ang kanilang kuwarto. Pagdating sa kanilang kuwarto, maingat nilang inayos ang mga damit. Bukas, maaga kasi silang pupunta sa Talon ng Maria Cristina.

a. Saan pumunta ang mga turista?

b. Kailan sila dumating?

c. Saan sila tumuloy?

d. Paano sila nagtanong sa tauhan ng hotel?

e. Paano nila inayos ang mga gamit nila?

f. Kailan sila pupunta sa Talon ng Maria Cristina?

Basahin ang umpisang tanong at ang sagot:

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Saan? | sa Lungsod ng Iligan |
| 2. | Kailan? | kahapon |
| 3. | Saan? | sa hotel |
| 4. | Paano? | magalang |
| 5. | Paano? | maingat |
| 6. | Kailan? | bukas |

TALAAN

- Ano-ano ang sagot sa tanong na saan?
  **sa Lungsod ng Iligan, sa hotel**
- Ano-ano ang sagot sa tanong na kailan? **kahapon, bukas**
- Ano-ano ang sagot sa tanong na paano? **magalang, maingat**
- Ang mga sagot sa tanong na kailan, saan at paano ay tinatawag na **pang-abay**.

## 2 GINABAYANG PAGSASANAY 1

*May sasabihin akong mga pangungusap. Sabihin kung aling salita o lupon ng mga salita ang pang-abay na sasagot sa aking tanong na Paano, Kailan o Saan:*

| | |
|---|---|
| a. Maingat na inayos ni Luisa ang mga baso sa kabinet. | Paano? |
| b. Noong isang taon, dumalo ako sa kaarawan ng pinsan ko. | Kailan? |
| c. Tuwing Lunes, pumupunta sa opisina si Tiya Maring. | Saan? |
| d. Mahinahong sinagot ng kaklase ko ang tanong ni Gng. Perez. | Paano? |
| e. Mamayang hapon, maglalaro kami ni Kuya Martin sa palaruan. | Kailan? |

### TANDAAN

Ang **pang-abay** ay bahagi ng pananalita na nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri o kapuwa pang-abay.

May iba't ibang uri ng pang-abay: **pamaraan, pamanahon, panlunan**.

Ang **pang-abay na pamaraan** ay tumutukoy kung paano ginawa ang aksiyon. Sinasagot nito ang tanong na **Paano?**

Ang **pang-abay na pamanahon** ay tumutukoy kung kailan naganap ang isinasaad na aksiyon. Sinasagot nito ang tanong na **Kailan?**

Ang **pang-abay na panlunan** ay tumutukoy kung saan ginawa ang isinasaad na aksiyon. Sinasagot nito ang tanong na **Saan?**

## 3 GINABAYANG PAGSASANAY 2

Basahin ang bawat pangungusap. Sabihin kung ang may salungguhit na salita o lupon ng mga salita ay pang-abay na pamaraan, pamanahon o panlunan:

___________ a. Pupunta ang mga mag-aaral sa kantina.

___________ b. Malakas na nagtawanan ang mga bisita.

___________c. Gumawa si Leo ng liham kahapon.

___________d. Mabilis na umakyat ang unggoy sa puno ng saging.

___________e. Mamayang gabi, gagawin ko ang aking takdang-aralin.

## 4 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

Guhitan ang pang-abay na sasagot sa bawat tanong. Isulat kung ito ay pang-abay na pamaraan, panlunan o pamanahon:

Saan? a. Nagkita si Tiya Camila at si Ate Fatima sa palengke.

Paano? b. Dahan-dahang pumasok sa kuwarto si Kuya Nonoy.

Kailan? c. Bumisita kami kay Lola Emang sa Lucena noong isang buwan.

Kailan? d. Kagabi, nagluto si Mama ng pansit at lumpia.

Saan? e. Nasa silid-aralan ang mga mag-aaral sa ikalawang baitang

**Takdang-Aralin:** *Gumawa ng pangungusap na may pang-abay na pamanahon, panlunan, at pamaraan.*

TALAAN

ARALIN


39

GABAY SA PAGTUTURO

# IKALAWANG BAITANG FILIPINO

**TEMA: : PAGGALANG SA KALIKASAN AT SA MGA BAGAY NA MAY BUHAY**

**KUWENTO:** ***MAY ALAGA AKONG BUTANDING***



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, IKALAWANG BAITANG**
**FILIPINO**
**YUNIT 4, ARALIN 39**

**Tema: Paggalang sa Kalikasan at sa Mga Bagay na May Buhay**
**Kuwento:** ***May Alaga Akong Butanding*** *(Kuwento ni Eugene Evasco; Guhit ni Paul Eric Roca)*

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| Araw-araw | PS | Sa loob ng isang linggo, inaasahang ang mga mag-aaral na:<br>• **F2PS-IVf-i-5.4** Nakasasali sa isang usapan tungkol sa paboritong isda o lamang-dagat | • Paglalahad: Ang Paborito Kong Isda |
| | PL | • **F2PL-a-j-2** Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon | • Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa kalikasan at kapaligiran<br>• Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa kalikasan at kapaligiran |
| | PS; KP | • **F2PS; F2KP** Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin | |
| 1 | PT | • **F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita | • Kuwento: *May Alaga Akong Butanding*<br>• Paghawan ng balakid |
| | PN | • **F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto | • Pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagtalakay ng kuwento |
| 2 | PS<br>KM | • **F2PS, F2KM** Nakasasali sa mga pangkatang gawain gaya ng pagsunod-sunod sa mga pangyayari, pagsasadula, pagguhit, at paghahambing ng pangyayari noon at ngayon | • Pangkatang gawain |
| | PN | • **F2PN-IVg-3.2** Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang teksto | • Pagtalakay sa kuwento |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Paghihikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng ulat tungkol sa paborito nilang isda o lamang dagat | • Pagbigay ng ulat tungkol sa paboritong isda o lamang-dagat |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit | • Pagbigkas ng tula at pagkanta |
| • Paghawan ng balakid sa pamamagitan ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal: *iginayak, laot, naglayag, butanding, baybayin* | • Pagbigay ng kahulugan ng mga salita |
| • Pagbigay ng pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagbasa ng kuwento at pagtatanong tungkol sa iba't ibang bahagi nito | • Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong<br>• Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |
| • Paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa pangkatang gawain | • Pagsali sa pangkatang gawain |
| • Pagtalakay sa kuwento at paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa talakayan | • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwento |

**PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;
**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas

| Araw | Domain | Mga Layunin | Paksang Aralin |
|---|---|---|---|
| 3 | **PN** | • **F2PN-IVh-8.5** Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa *story grammar* | • Pagsunod-sunod ng pangyayari sa kuwento batay sa *story grammar* |
| | **KM** | • **F2KM-IVg-1.5** Nakasusulat ng liham na wala nang padron | • Pagsulat ng liham na walang sinusundang padron |
| 4 | **PP**<br>**PT** | • **F2PT; F2PP** Nababasa at naibibigay ang kahulugan ng mga salitang may tatlo, apat o limang pantig | • Pagbasa, pagbigay ng kahulugan at pagbabaybay ng mga salitang may 3-5 pantig |
| | **PU** | • **F2PU-IVi-2** Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo, apat, o limang pantig | |
| 5 | **WG** | • **F2WG** Natutukoy ang iba't ibang uri ng pang-abay sa mga pagpapahayag ukol sa panahon, lugar, o paraan | • Mga uri ng pang-abay |
| | **KM** | • **F2KM-IVh-32** Nakasusulat nang kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga salita sa pangungusap | • Pagsulat ng mga pangungusap sa kabit-kabit na paraan |

**DOMAINS:** **PN** – Pag-unawa sa Napakinggan; **PS** – Wikang Binibigkas;
**WG** – Gramatika; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag;
**PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **PT** – Pag-unlad ng Talasalitaan

| Mga Gawain ng Guro | Mga Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| • Pagpasulat nang sunod-sunod sa mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng *story grammar* | • Pagsulat nang sunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng *story grammar* |
| • Pagpasulat ng liham na wala nang gabay na padron mula sa guro | • Pagsulat ng liham na wala nang gabay na padron mula sa guro |
| • Pagpapabasa, pagtalakay sa kahulugan at pagpabaybay ng mga salitang may 3-5 pantig | • Pagbasa, pagbigay ng kahulugan at pagbabaybay ng mga salitang may 3-5 pantig |
| • Pagtalakay sa iba't ibang uri ng pang-abay at pagbigay ng mga pagsasanay ukol sa iba't ibang uri nito | • Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa iba't ibang uri ng pang-abay |
| • Pagpakopya ng mga pangungusap na isinulat sa kabit-kabit na paraan | • Pagsulat nang maayos ng mga pangungusap na nakasulat sa kabit-kabit na paraan |

**PB** – Pag-unawa sa Binasa; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **KM** – Komposisyon;
**EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **PL** – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan; **TA** – Tatas

ARAW

**ARAW-ARAW**

## 1 SABAYANG PAGBIGKAS NG MGA TULA

## 2 PAGKANTA NG MGA PAMBATANG AWITIN

## 3 PAGBABAHAGI NG MAIKLING KUWENTO TUNGKOL SA PABORITONG ISDA

Iguhit ang paborito ninyong isda. Punan ang mga pangungusap tungkol dito.

**Ang Paborito Kong Isda**

Ang paborito kong isda ay ___________.
Gusto ko ito dahil _____________.
Ito ang hitsura ng paborito kong isda:

ARAW

**1**

**LAYUNIN**

**(1) F2PT-IIa-j-1.6** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita

**(2) F2PN-IIb-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto

## 1 PAGHAWAN NG BALAKID

*iginayak, laot, naglayag, butanding, baybayin*

*Nagbakasyon kami sa lolo at lola ko na nakatira sa probinsiya. Malapit sa dagat ang bahay nila. Noong ikalawang araw namin sa probinsiya,* iginayak *ni Lolo Simo ang malaking bangka. Pupunta raw kami sa* laot. *Isang oras kaming* naglayag *hanggang makarating kami sa malalim na bahagi ng dagat. "Ayan! Tingnan mo ang mga* butanding!*" sabi niya. "Ay, para po*

*palang napakalaking isda ang butanding!" sigaw ko."Baka po kainin tayo ng butanding.""Hindi," sabi ni Lolo. Mababait ang butanding."*

*"Lumalaki na ang alon," sabi ni Lolo. Bumalik na tayo sa* baybayin.*"Lolo," sabi ko, "sana bukas panoorin uli natin ang mga butanding."*

a. *iginayak*
Kapag *iginayak* ang bangka, ito ay __________.

(1) ipinagbili
(2) inihanda
(3) itinago

b. *laot*
Ang *laot* ay __________.

(1) ang mababaw na bahagi ng dagat
(2) ang malalim na bahagi ng dagat
(3) ang maruming bahagi ng dagat

c. *naglayag*
Kapag *naglayag* ang mga tao, sila ay __________.

(1) nagbiyahe sa dagat o ilog
(2) naglaro sa tabi ng dagat
(3) lumangoy sa dagat

d. *baybayin*
Ang *baybayin* ay ang __________.

(1) tabing-dagat
(2) gitnang-dagat
(3) malawak na dagat

## 2 PAGGANYAK

*Saan nagbabakasyon ang inyong pamilya?*

*Ano-ano ang ginagawa ninyo habang kayo ay nagbabakasyon?*

## 3 PANGGANYAK NA TANONG

*Sa babasahin kong kuwento, sasagutin natin ang sumusunod na tanong:*

*Saan nagbakasyon ang mag-anak ni Isabel?*

*Ano-ano ang ginawa nila?*

TALAAN

TALAAN

## 4 PAGBASA NG GURO NG KUWENTO

**PAALALA SA GURO**

Maaaring ibigay ng mga mag-aaral ang pangalan ng mga larawan sa MT. Ibigay ang katumbas nito sa Filipino.

(Ipakita ang babasahing aklat).

*Maaaring ipabasa sa mag-aaral ang pamagat ng kuwento.*

*Maaari ding ipabasa ang pangalan ng may-akda at ang tagaguhit ng mga larawan.*

*Ano-ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat?*

**Mga Tanong Habang Binabasa ng Guro ang Kuwento**

a. Mga tanong habang nagbabasa ng kuwento

b. Ano kaya ang naramdaman ni Isabel habang iniisip ang bakasyon nila?

c. Sino kaya ang dadalawin nila sa laot?

d. Paano inilarawan ni Isabel ang mga butanding?

e. Paano inilarawan ng tiyo niya ang mga butanding?

f. Bakit kailangan nilang bumalik sa baybayin nang lumaki ang alon?

g. Ilarawan ang iginuhit ni Isabel na butanding.

h. Ano-ano ang tanong ni Isabel sa iginuhit niyang butanding?

i. Ano-ano raw ang nagawa ng mga butanding sa bayan ng Donsol?

j. Ano-ano ang dala ni Isabel nang umalis ng Donsol?

**ARAW 2**

**LAYUNIN**

**(1) F2PS, F2KM** Nakasasali sa mga pangkatang gawain gaya ng pagsunod-sunod sa mga pangyayari, pagsasadula, pagguhit, at paghahambing ng pangyayari noon at ngayon

**(2) F2PN-IVg-3.2** Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang teksto

## 1 PANGKATANG GAWAIN

**a. Pangkat 1: Ano ang pagkakasunod-sunod na mga pangyayari?**

Ano-ano ang mga ginawa nina Isabel sa Donsol? Pagsunod-sunorin ang mga pangungusap sa kard ayon sa nangyari sa kuwento.

Ilagay ang bilang 1, 2, 3, 4, o 5 sa maliit na kahon:

| | |
|---|---|
| ☐ Pumunta sina Isabel sa laot. | ☐ Nang lumaki ang mga alon, bumalik na sila sa baybayin. |
| ☐ Iginayak ng tiyo ni Isabel ang bangka. | ☐ Dumating sina Isabel sa Donsol. |
| ☐ Nakita ni Isabel ang mga butanding. | |

**b. Pangkat 2: Ang Butanding**

Ilarawan ang butanding. Maaaring punan ang mga patlang ng angkop na salita:

**Ang Butanding**

Ang butanding ay kasinlaki ng ___________.
Para itong isang malaking ___________ na lumalangoy.
Ang kinakain ng butanding ay ___________.
Hindi ito nangangagat. ___________ ang mga butanding.

**c. Pangkat 3: Bakit Po Hindi Puwede?**

Sabi ni Isabel, gusto niyang mag-uwi ng butanding. Pero hindi raw puwede. Kunwari ang isa sa inyo ay si Isabel. Ang iba ay sina tiya, tiyo, at tatay. Kausap ni Isabel si Tatay, si Tiyo, at si Tiya. Sabi nila, hindi dapat iuwi ang butanding. Isadula ang pag-uusap nila.

Isabel: "Gusto ko pong iuwi ang isang butanding."

Tatay: ____________________

Tiyo: ____________________

Tiya: ____________________

**TALAAN**

**PAALALA SA GURO**

Maaring gamitin ang pagkakataong ito para talakayin ang usapin sa hayop bilang mga alaga o "*pet*". Hindi lahat ng hayop ay maaaring gawing alaga

**PAALALA SA GURO**

Ang butanding ay isang *endangered specie*. Maaaring gamitin ang pgkakataon upang talakayin ang mga batas tungkol dito. Itampok ang mga kayang gawin ng mga bata para alagaan ang mga hayop

TALAAN

### d. Pangkat 4: Ang Iginuhit Naming Butanding

Si Isabel at ang mga pinsan niya ay gumuhit ng butanding sa buhanginan. Nilagyan nila ito ng mga dekorasyon na galing sa buhanginan. Binigyan nila ng pangalan ang iginuhit na butanding. Iguhit ang butanding at lagyan ng dekorasyon. Isulat ang pangalan nito sa ibaba.

| |
|---|
| ______________ |

### e. Pangkat 5: Ano ang Nagawa ng Mga Butanding sa Donsol?

Sabi ng tiya ni Isabel, ginising ng mga butanding ang bayan ng Donsol. Isulat sa unang kahon ang Donsol noon at sa pangalawang kahon ang Donsol nang lumipat ang mga butanding sa kanilang karagatan:

| Ang Donsol Noon | Ang Donsol Ngayon |
|---|---|
| | |

### Talakayan

a. Saan nagbakasyon sina Isabel?

b. Ano-ano ang ginawa nila sa Donsol? **Pangkat 1**, ipakita ninyo ang sunod-sunod na ginawa nina Isabel.

c. Ano ang ginawa nila sa laot?

d. Ano ang sabi ng tiyo ni Isabel tungkol sa mga butanding? **Pangkat 2**, basahin ang inyong ginawa.

e. Ano ang naramdaman ni Isabel nang makita niya ang butanding?

f. Ano ang gustong gawin ni Isabel sa butanding?

g. Bakit hindi niya puwedeng iuwi ang butanding? **Pangkat 3**, ipakita ang pagsasadula ninyo sa pag-uusap nina Isabel, tatay, tiyo at tiya niya.

h. Ano ang nilikha ni Isabel at ng mga pinsan niya sa buhanginan? Ano-ano ang dekorasyon na inilagay nila sa butanding? **Pangkat 4**, ipakita ang ginawa ninyo.

i. Ano ang nangyari sa nilikha nilang butanding?

j. Ano ang naramdaman ni Isabel nang tangayin ito ng alon? Ganoon din ba ang mararamdaman ninyo?

k. Ano ang kabutihang nagawa ng mga butanding sa Donsol? **Pangkat 5**, ipakita ang kalagayan ng Donsol bago at nang dumating ang mga ito sa Donsol.

l. Ano ang pangako ni Isabel sa mga kamag-anak nila nang babalik na siya sa Maynila?

m. Ano-ano ang dala niya galing sa Donsol?

n. Sa palagay ninyo, masaya kaya ang bakasyon nila sa Donsol?

o. Kung ikaw si Isabel, masaya ka kaya?

**TALAAN**

**LAYUNIN**

**(1) F2PN-IVh-8.5** Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa story grammar
**(2) F2KM-IVg-1.5** Nakasusulat ng liham na wala nang padron

**ARAW 3**

## I PAGSUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI SA TULONG NG STORY GRAMMAR

Punan ang story grammar ng angkop na impormasyon galing sa napakinggang kuwento. Alalahanin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari:

| | |
|---|---|
| **Lugar ng Pangyayari**<br>Saan nangyari ang kuwento?<br>**Mga Tauhan**<br>Sino-sino ang tauhan sa kuwento?<br>**Mga Pangyayari**<br>**Simula:**<br>• Saan pumunta ang mag-anak ni Isabel? | ______________ |

TALAAN

| | |
|---|---|
| • Ano ang nakita ni Isabel sa ilalim ng dagat? | ____________ |
| • Bakit bumalik na sila sa baybayin? | ____________ |
| • Ano ang nilikha ni Isabel sa buhanginan? | ____________ |
| • Ano ang pangako ni Isabel sa mga pinsan niya nang umalis siya sa Donsol? | ____________ |

## 2 PAGSULAT NG LIHAM-PASASALAMAT

### a. Paglalahad

*Pagdating ni Isabel sa Maynila, sumulat siya ng liham-pasasalamat sa kaniyang mga pinsan sa Donsol.*

*Ano-ano kaya ang sasabihin niya?*

### b. Ginabayang Pagsasanay

*Kunwari kayo si Isabel. Gumawa kayo ng liham pasasalamat.*

*Ano-ano ang isusulat ninyo sa pamuhatan?*

*Ano ang isusulat ninyo sa bating panimula?*

*Ano-ano ang sasabihin ninyo sa katawan ng liham?*

*Ano ang isusulat ninyo sa bating pangwakas?*

*Ano ang isusulat ninyo sa lagda?*

### c. Pagsasanay

*Isulat ang liham pasasalamat. Alalahanin na kunwari kayo si Isabel, ang sumulat ng liham.*

ARAW
4

**LAYUNIN**

**(1) F2PT; F2PP** Nababasa at naibibigay ang kahulugan ng mga salitang may tatlo, apat o limang pantig
**(2) F2PU-IVi-2** Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo, apat, o limang pantig

## I PAGBASA AT PAGBAYBAY SA MGA SALITA NA MAY 3-5 PANTIG

### a. Paglalahad

(1) May babasahin tayong mga salita na may tatlo, apat o limang pantig. Basahin nang malakas ang mga salita sa unang kahon.

| | | |
|---|---|---|
| butanding | lumangoy | baybayin |
| lumutang | malinaw | akwaryum |
| sinilip | maamo | puwede |
| kuwintas | buhangin | pangalan |

*Ilan ang pantig ng bawat salita? Ipalakpak ang bawat pantig habang binibigkas ang salita. Ano ang ibig sabihin ng bawat salita?*

Punan ang bawat pangungusap ng angkop na salita galing sa kahon:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| buhangin | pangalan | akwaryum | butanding | maamo |

(a) Lumikha si Isabel at mga pinsan niya ng __________ sa buhanginan.

(b) Dambuhala ang __________ ng nilikha nilang butanding.

(c) Hindi kakasya sa __________ ng malaking butanding.

(d) Hindi nangangagat ang butanding. __________ ito.

(2) Basahin nang malakas ang mga salita sa pangalawang kahon.

| | | |
|---|---|---|
| humalakhak | humahampas | sumisirko |
| kumustahan | sinalubong | kasinlaki |
| umaalon | mangingisda | matatalas |
| lumalangoy | napangiti | nagsasayaw |

*Ilan ang pantig ng bawat salita? Ipalakpak ang bawat pantig habang binibigkas ang salita. Ano ang ibig sabihin ng bawat salita?*

**TALAAN**

Punan ang patlang ng bawat pangungusap ng angkop na salita galing sa kahon:

| | | |
|---|---|---|
| kumustahan | mangingisda | lumalangoy |
| humahampas | kasinlaki | |

(a) Ang lolo ni Isabel ay isang __________.

(b) Nang dumating ang mag-anak ni Isabel sa Donsol, hindi matapos ang kanilang __________.

(c) Ang butanding ay __________ng tatlong bus.

(d) __________ sa dalampasigan ang malalaking alon.

(3) Basahin ang mga salita sa pangatlong kahon

| | | |
|---|---|---|
| inaawitan | nagpalakpakan | kinabukasan |
| napakalawak | kagulat-gulat | maiuuwi |
| napakalaki | napakaliit | dalampasigan |
| naintindihan | mag-aalaga | magkakapatid |

*Ilan ang pantig ng bawat salita? Ipalakpak ang bawat pantig habang binibigkas ang salita. Ano ang ibig sabihin ng bawat salita?*

Punan ang patlang ng bawat pangungusap ng angkop na salita galing sa kahon:

| | | |
|---|---|---|
| nagpalakpakan | napakalawak | dalampasigan |
| napakaliit | maiuuwi | |

(a) Nang nakasakay ako sa bangka papunta sa laot nakita kong __________ pala ng dagat.

(b) __________ kami sa tuwa nang lumabas ang malaking butanding.

(c) Gusto ko sanang __________sa Maynila ang isang butanding.

(d) __________ na isda ang kinakain ng mga butanding

**b. Pagbabaybay**

*Tatawag ako ng mga mag-aaral na magbabaybay sa pisara ng ididikta kong salita.*

Bilangin ang mga pantig habang isinusulat ang salita para makatulong sa tamang pagbaybay:

(1) butanding
(2) dalampasigan
(3) kumustahan
(4) napakaliit
(5) magkapatid
(6) buhangin
(7) mag-aalaga
(8) mangingisda
(9) akwaryum
(10) kumustahan

**Takdang-Aralin:** *Pumili ng limang salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap.*

TALAAN

**LAYUNIN**

**(1) F2PT; F2PP** Nababasa at naibibigay ang kahulugan ng mga salitang may tatlo, apat o limang pantig
**(2) F2PU-IVi-2** Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo, apat o limang pantig

ARAW **5**

## I PAGLALAHAD

Basahin ang mga pangungusap. Sagutin ang mga tanong:

1. Nakatira ang mag-anak ni Isabel sa Maynila.
2. Magbabakasyon sila sa Donsol.

Saan nakatira ang mag-anak ni Isabel? ___________

Saan sila magbabakasyon? ___________

3. Magbabakasyon ang mag-anak sa Donsol sa Bagong Taon.
4. "Bukas, may dadalawin tayo sa laot," sabi ni Tiyo.

Kailan magbabakasyon ang mag-anak ni Isabel? ___________

Kailan sila may dadalawin sa laot? ___________

5. Maingat na nagsagwan si Tiyo papunta sa laot.
6. Mabagal na kumilos ang malalaking butanding.

Paano nagsagwan si Tiyo? ___________

Paano kumilos ang malalaking butanding? ___________

Anong uri ng pang-abay ang sagot sa una at pangalawang tanong?

Anong uri ng pang-abay ang sagot sa pangatlo at pang-apat na tanong?

Anong uri ng pang-abay ang sagot sa panlima at pang-anim na tanong?

Anong uri ng pang-abay ang sagot sa ikapito at ikawalong tanong?

TALAAN

## 2 PAGTATALAKAY

Magbalik-aral tayo sa pinag-usapan natin noong isang linggo tungkol sa pang-abay.

- Ang **pang-abay** ay bahagi ng pananalita na nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri o kapuwa pang-abay.
- Sinasagot ng pang-abay ang tanong na **Paano**, **Kailan**, at **Saan**.
- Ang pang-abay na pamaraan ay sumasagot sa tanong na **Paano**.
- Ang pang-abay na pamanahon ang sumasagot sa tanong na **Kailan**.
- Ang pang-abay na panlunan ang sumasagot sa tanong na **Saan**.

## 3 GINABAYANG PAGSASANAY 1

Basahin ang mga pangungusap. Bilugan ang salita o parirala na nagsasaad ng uri ng pang-abay.

| | |
|---|---|
| Pang-abay na panlunan | 1. Kahapon, maaga kaming nagsimba sa simbahan ng Santo Nino. |
| Pang-abay na pamanahon | 2. Bibisita kami kina Lolo Teban at Lola Agueda sa Linggo. |
| Pang-abay na panlunan | 3. Madalas mamasyal sina Mika sa Luneta. |
| Pang-abay na pamanahon | 4. Pupunta sina Lorna at Helen sa La Union sa sunod na buwan. |
| Pang-abay na pamaraan | 5. Dahan-dahang inakyat ng mga manlalaro ang matarik na bundok. |

## 4 GINABAYANG PAGSASANAY 2

Salungguhitan ang nakasaad na pang-abay.

| | |
|---|---|
| Pang-abay na Pamaraan | 1. Maingat na binuklat ni Lyka ang bagong aklat kanina. |
| Pang-abay na Panlunan | 2. Sa isang buwan, pupunta ang mga bisita sa Boracay. |
| Pang-abay na Pamanahon | 3. Kaninang umaga, mabilis na nagbihis si Tina ng kaniyang uniporme. |

| | |
|---|---|
| Pang-abay na Pamaraan | 4. Nag-aral nang matagal si Heber para sa pagsusulit bukas. |
| Pang-abay na Pamanahon | 5. Bukas, manonood kami ng palatuntunan sa plasa. |

TALAAN

## 5 INDIBIDWAL NA PAGSASANAY

a. ____________________ pumasok sa kuwarto si Karen.
Pang-abay na pamaraan

b. __________________ mamamalengke si Nanay sa bayan.
Pang-abay na pamanahon

c. __________________ na sumigaw si Bunso nang
Pang-abay na pamaraan
makakita ng ipis.

d. Kahapon, nagkaroon ng pagpupulong ang mga guro sa __________________.
Pang-abay na panlunan

e. Marahang binuksan ni Titoy ang regalo niya ____________________.
Pang-abay na pamanahon

**Takdang-Aralin**: *Magsulat ng pangungusap gamit ang sumusunod na pang-abay:*

*noong isang buwan* — *marahan sa silid-aralan* — *sa tabing-dagat*
*dahan-dahan* — *kaninang umaga*

## 6 PAGSULAT NANG KABIT-KABIT

Basahin ang mga pangungusap at kopyahin sa inyong kuwaderno.

*a. Nagbakasyon si Isabel sa Donsol.*

*b. Sumakay siya sa bangka papunta sa laot.*

*c. Nakita niya ang malalaking butanding.*

*d. "Puwede po ba akong mag-uwi ng butanding?" tanong ni Isabel sa tiyo niya.*